ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HUNYO 2012

# Liahona




## Ang Kapangyarihan ng Priesthood ay Matibay na Nakatuon sa mga Pamilya, p. 28

**Mga Center for Young Adults: Isang Lugar para Magtipon, Matuto, at Makipagkaibigan, p. 42**

**Sapat Na Ba ang Alam Ko? p. 48**

**Si Melanie ay Isang Tunay na Kaibigan, p. 60**



© 2011 JAMES C. CHRISTENSEN, LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN. LISENSYADO NG THE GREENWICH WORKSHOP, INC.

*Kabanalan,* ni James Christensen

*"Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at . . . ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina" (D at T 121:45–46).*

*Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa kabanalan, "Tapang ng loob ang kailangan sa pananatili ninyong malinis at marangal sa kabila ng kaisipan ng kasalukuyang panahon" ("Nawa Magkaroon Kayo ng Lakas ng loob,"* Liahona, *Mayo 2009, 125).*





# Liahona, Hunyo 2012

## MGA MENSAHE


**4** **Mensahe ng Unang Panguluhan: Tinawag ng Diyos at Sinang-ayunan ng mga Tao**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

**7** **Mensahe sa Visiting Teaching: Visiting Teaching—Isang Sagradong Tungkulin**


**SA PABALAT**
Harap: Paglalarawan ni Craig Dimond. Likod: *Pagpapanumbalik ng Melchizedek Priesthood,* ni Walter Rane © IRI.




## TAMPOK NA MGA ARTIKULO


**13** **Ang Galak ng Paggalang sa Araw ng Sabbath**
Ni Elder Marcos A. Aidukaitis

**20** **Pagkilos Ayon sa mga Panghihikayat**

**28** **Ang Karangalan at Kaayusan ng Priesthood**
Ni Pangulong Boyd K. Packer
*Mga turo at patotoo ng isang Apostol tungkol sa banal na priesthood.*


## MGA BAHAGI


**8** **Maliliit at mga Karaniwang Bagay**

**10** **Ang Ating Paniniwala: Ang Pag-aayuno ay Pinalalakas Tayo sa Espirituwal at Temporal**

**12** **Paglilingkod sa Simbahan: Ang Potensyal ng Paglilingkod na Pinangungunahan ng mga Kabataan**
Ni Norman C. Hill

**16** **Mga Klasikong Ebanghelyo: Kalayaan at Inspirasyon**
Ni Elder Bruce R. McConkie

**24** **Ating mga Tahanan, Ating mga Pamilya: Pagsasanggunian ng Mag-asawa**
Ni Randy Keyes

**38** **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

**74** **Mga Balita sa Simbahan**

**79** **Mga Ideya para sa Family Home Evening**

**80** **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Isang Malakas na Tinig, Isang Mahinang Tinig**
Ni Kristin Boyce

## MGA YOUNG ADULT





**42 Pagkakatipon na Nagkakaisa sa Pananampalataya**
Ni Stephanie J. Burns
*Ang mga center for young adults ay naging mga lugar ng pagtitipon—para makisalamuha, makiisa, at matuto at magbahagi ng ebanghelyo.*




*Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Mahirap itong hanapin.*




## MGA KABATAAN


**34 Ang Inyong mga Tungkulin sa Aaronic Priesthood**
Ni Paul VanDenBerghe
*Ano ang mga responsibilidad ng mga deacon, teacher, at priest?*

**46 Mga Tanong at mga Sagot**
*Kung minsan parang nahihirapan akong isipin ang lahat ng bagay na kailangan kong gawin para ipamuhay ang ebanghelyo. Saan ako magsisimula?*

**48 Sapat Na ang Alam Mo**
Ni Elder Neil L. Andersen
*Kung nadarama ninyo na kakaunti lang ang espirituwal na kaalaman ninyo, baka mas marami kayong alam kaysa inaakala ninyo.*

**50 Paglalaan ng Panahon para Makapagmisyon**
Ni Elyse Alexandria Holmes
*Sa edad na 18, inalok ng kontrata si William Hopoate na maglaro ng rugby bilang propesyonal. Kailangan niyang magdesisyon.*

**53 Mula sa Misyon: Ang Himala ng Espirituwal na Pagpapagaling**
Ni Elizabeth Stitt


**54 Poster: Mapakumbabang Nakaluhod**

**55 Taludtod sa Taludtod: Doktrina at mga Tipan 135:3**

**56 Saan Hahantong ang Aking mga Pasiya?**
Ni Adam C. Olson
*Ang mga pasiya ni Karina noon ay nagpalayo sa kanya. Ngunit ang mga bagong pasiya niya ay nagpabalik sa kanya.*

**58 Mas Mabuting Halimbawa**
Ni Shaneen Cloward


## MGA BATA





**60 Isang Tunay na Kaibigan**
Ni Sarah Chow
*Ang tunay na magkaibigan ay nagtutulungang masunod ang mga kautusan.*

**62 Ang Ating Pahina**

**63 Ang mga Pagpapala ng Kasipagan**
Ni Elder Per G. Malm
*Ang tapat na paggawa ay isang paraan para magawa ang tama.*

**64 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Pinipili Ko ang Tama sa Pamamagitan ng Pamumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo**

**66 Isang Palaruan para kay Carly**
Ni Chad E. Phares
*Matulungin sa iba si Carly, at nagpasiya ang ilan sa mga kaibigan niya na tulungan din siya.*

**68 Ang Aral na Natutuhan sa Little League**
Ni Lindsay Stevens
*Natutuhan ni Lindsay na palakasin ang loob ng kanyang nakababatang kapatid.*

**70 Para sa Maliliit na Bata**

**81 Mga Larawang May Kaugnayan sa Aklat ni Mormon**

**HUNYO 2012 TOMO 15 BLG. 6**
**LIAHONA 10486 893**
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

**Ang Unang Panguluhan:** Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

**Patnugot:** Paul B. Pieper
**Mga Tagapayo:** Keith R. Edwards, Christoffel Golden Jr., Per G. Malm

**Namamahalang Direktor:** David L. Frischknecht
**Direktor sa Patnugutan:** Vincent A. Vaughn
**Direktor sa Graphics:** Allan R. Loyborg

**Namamahalang Patnugot:** R. Val Johnson
**Assistant na Namamahalang mga Patnugot:** Jenifer L. Greenwood, Adam C. Olson
**Associate na mga Patnugot:** Susan Barrett, Ryan Carr
**Staff sa Patnugutan:** Brittany Beattie, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, LaRene Porter Gaunt, Carrie Kasten, Jennifer Maddy, Lia McClanahan, Melissa Merrill, Michael R. Morris, Sally J. Odekirk, Joshua J. Perkey, Chad E. Phares, Jan Pinborough, Paul VanDenBerghe, Marissa A. Widdison, Mellissa Zenteno

**Namamahalang Direktor sa Sining:** J. Scott Knudsen
**Direktor sa Sining:** Scott Van Kampen
**Tagapamahala sa Produksyon:** Jane Ann Peters
**Mga Senior Designer:** C. Kimball Bott, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy
**Staff sa Produksyon:** Collette Nebeker Aune, Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
**Bago Ilimbag:** Jeff L. Martin

**Direktor sa Paglilimbag:** Craig K. Sedgwick
**Direktor sa Pamamahagi:** Evan Larsen

**Pagasasalin:** Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

**Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona,* Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org**

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)


© 2012 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin kung mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

**For Readers in the United States and Canada:** June 2012 Vol. 15 No. 6. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

# Marami Pang Iba Online Liahona.lds.org





## PARA SA MGA KABATAAN

Kung nagustuhan ninyo ang artikulo ni Elder Neil L. Andersen sa pahina 48, mapapakinggan ninyo ang buong mensahe sa **conference.lds.org.** Hanapin ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2008.

## PARA SA MGA BATA

Basahin ang tungkol kay Carly (pahina 66) at tingnan ang kanyang paglalaro sa bagong palaruan sa **liahona.lds.org.**

## SA INYONG WIKA


Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa **languages.lds.org.**

## MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

*Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.*

***Aklat ni Mormon,*** *81*
***Basbas o pagpapala, mga,*** *70, 72*
***Council, mga,*** *24*
***Espiritu Santo,*** *16, 20, 80*
***Gawain, trabaho,*** *63*
***Gawaing misyonero,*** *40, 50, 53*
***Ikapu,*** *64, 73*
***Inspirasyon,*** *16, 20, 38, 39, 41*
***Kabataan, mga,*** *12*
***Kalayaan,*** *16, 56*
***Kasal, pag-aasawa,*** *24*
***Pag-aayuno,*** *10*
***Pag-ibig, pagmamahal,*** *66, 68*
***Pagkakaibigan,*** *60, 66*
***Pagkakaisa,*** *42*
***Paglilingkod,*** *12, 66*
***Pagsang-ayon,*** *4*
***Pagsisisi,*** *56*
***Pagsunod,*** *13, 56, 58, 60*
***Pamilya,*** *68*
***Panalangin,*** *54*
***Pananampalataya,*** *48, 70*
***Patotoo,*** *48*
***Pinuno ng Simbahan, mga,*** *4, 28, 58*
***Prayoridad, mga,*** *46, 50, 56*
***Priesthood,*** *28, 34, 70*
***Sabbath,*** *13*
***Smith, Joseph,*** *54, 55*
***Visiting teaching,*** *7*
***Word of Wisdom,*** *60*

**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan



# Tinawag ng Diyos

## AT SINANG-AYUNAN NG MGA TAO

Bilang mga miyembro ng Simbahan, madalas tayong anyayahang sang-ayunan ang mga tao sa mga tungkuling maglingkod. Ilang taon na ang nakararaan ipinakita sa akin ng isang 18-taong-gulang na estudyante ang kahulugan ng pagsang-ayon sa mga lingkod ng Panginoon. Pinagpala pa rin ako ng kanyang mapakumbabang halimbawa.

Kasisimula pa lang niya ng unang taon sa kolehiyo. Wala pang isang taon siyang nabibinyagan nang umalis siya sa kanila para mag-aral sa isang malaking unibersidad. Doon niya ako naging bishop.

Nang magbukas na ang paaralan, ininterbyu ko siya sandali sa bishop's office. Hindi ko na gaanong matandaan ang unang pag-uusap na iyon maliban nang banggitin niya na nahihirapan siya sa isang bagong lugar, pero hinding-hindi ko malilimutan ang pangalawa naming pag-uusap.

Hiniling niyang makausap ako sa aking opisina. Nagulat ako nang sabihin niyang, "Maaari po ba tayong manalangin, at ako na po ang mag-alay?" Sasabihin ko sana na nakapagdasal na ako at inasahan ko na nakapagdasal na rin siya. Sa halip ay pumayag ako.

Sinimulan niya ang kanyang panalangin sa isang patotoo na alam niya na ang bishop ay tinawag ng Diyos. Hiniling niya sa Diyos na sabihin sa akin ang dapat niyang gawin tungkol sa isang bagay na may malaking epekto sa espirituwal. Sinabi ng binatang ito sa Diyos na sigurado siyang alam na ng bishop ang mga kailangan niya at mabibigyan siya ng payong kailangan niyang marinig.

Habang nagsasalita siya, naisip ko ang partikular na mga panganib na haharapin niya. Simple ngunit napakalinaw ng payong ibinigay: laging manalangin, sundin ang mga utos, at huwag matakot.

Itinuro ng binatang iyon, na isang taon pa lang sa Simbahan, sa pamamagitan ng halimbawa kung ano ang kayang gawin ng Diyos sa isang pinuno kapag sinuportahan siya ng pananampalataya at mga panalangin ng mga taong pinamumunuan niya. Ipinamalas sa akin ng binatang iyon ang kapangyarihan ng batas ng pangkalahatang pagsang-ayon sa Simbahan (tingnan sa D at T 26:2). Kahit tinatawag ng Panginoon ang Kanyang mga lingkod sa pamamagitan ng paghahayag, magagampanan lamang nila ang kanilang tungkulin matapos silang sang-ayunan ng mga taong kanilang paglilingkuran.

Sa ating boto ng pagsang-ayon, tapat tayong nangangako. Nangangako tayong ipanalangin ang mga lingkod ng Panginoon at na gagabayan at palalakasin Niya sila (tingnan sa D at T 93:51). Nangangako tayo na hahangarin at aasahan nating madama ang inspirasyon mula sa Diyos sa kanilang payo at tuwing gagampanan nila ang kanilang tungkulin (tingnan sa D at T 1:38).

Ang pangakong iyan ay kailangang panibaguhin nang madalas sa ating puso. Sisikapin ng inyong guro sa Sunday School na turuan kayo sa pamamagitan ng Espiritu, ngunit tulad ninyo, maaaring magkamali ang inyong guro sa harap ng klase.Gayunman, maaari ninyong ipasiyang pakinggan at hintayin ang mga sandaling madarama ninyo ang pagdaloy ng inspirasyon. Darating ang panahon na mapapansin ninyong nababawasan ang mga pagkakamali at dumadalas ang katibayan na pinalalakas ng Diyos ang gurong iyon.

Sa pagtaas natin ng kamay para sang-ayunan ang isang tao, nangangako tayong tumulong sa anumang layon ng Panginoon na isakatuparan ng taong iyon. Noong maliliit pa ang aming mga anak, pinagturo ang asawa ko sa maliliit na bata sa aming ward. Hindi lang ako nagtaas ng kamay para sang-ayunan siya, kundi ipinagdasal ko rin siya at humingi ako ng pahintulot na tulungan siya. Pinagpapala pa rin ang pamilya at buhay ko dahil sa mga natutuhan ko tungkol sa pagpapahalaga sa ginagawa ng kababaihan at



sa pagmamahal ng Panginoon sa mga bata.

Nakausap ko kamakailan ang binatang iyon na sinang-ayunan ang kanyang bishop ilang taon na ang nakararaan. Nalaman ko na sinuportahan siya ng Panginoon at ng mga tao sa kanyang tungkulin bilang misyonero, bilang stake president, at bilang ama. Sabi niya pagkatapos naming mag-usap, "Ipinagdarasal ko pa rin kayo araw-araw."

Maaari tayong magpasiyang ipagdasal araw-araw ang isang taong tinawag ng Diyos na maglingkod sa atin. Maaari nating pasalamatan ang isang taong nagpala sa atin dahil sa kanyang paglilingkod. Maaari tayong magpasiyang tumulong kapag humingi ng tulong ang taong sinang-ayunan natin.[1]

Ang mga taong sumusuporta sa mga tagapaglingkod ng Panginoon sa Kanyang kaharian ay palalakasin ng Kanyang walang kapantay na kapangyarihan. Kailangan nating lahat ng pagpapalang iyan. ■

**TALA**

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 256–57.

## PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Matapos ibahagi ang mensahe, isiping basahin ang sumusunod na sipi: "Gagawin kayong instrumento ng Panginoon sa Kanyang mga kamay kung kayo ay mapagkumbaba, matapat, at masigasig. . . . Makatatanggap kayo ng karagdagang lakas kapag kayo ay sinasang-ayunan ng kongregasyon at itinalaga" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* [2000], 24). Ipalibot ang pamilya sa isang mabigat na bagay at pasubukan sa isa sa kanila na buhatin ito. Isa-isang anyayahan ang iba pang miyembro ng pamilya na tumulong sa pagbuhat. Talakayin kung ano ang nangyayari kapag tumulong ang lahat. Isiping bigyang-diin ang payo ni Pangulong Eyring tungkol sa mga praktikal na paraan na masusuportahan natin ang iba sa kanilang mga tungkulin.

## MGA KABATAAN

# Salamat sa Aking Guro sa Sunday School

Hindi ibinigay ang pangalan

Hindi laging mapitagan ang klase namin sa Sunday School. Gustung-gusto kong makinig sa mga aralin linggu-linggo, pero kung minsan ay parang hindi iyon gusto ng ibang mga kaklase ko. Madalas silang magkuwentuhan o maglaro sa mga electronic device habang nagsisikap magturo ang aming guro. Ang malungkot, kung minsan ay problema rin ako.

May isang Linggo na mas magulo pa kami kaysa rati, at pagkatapos ng klase, napaiyak ang guro namin dahil wala ni isang nakinig sa itinuro niya. Habang palabas kami ng klase, naawa ako sa kanya.

Nang sumunod na Linggo ipinaliwanag ng guro namin na nagdasal siya nang husto sa buong linggong iyon, na humihingi ng gabay, at naisip niya na kailangan niyang ipalabas sa amin ang isang pelikula ng Simbahan. Ipinalabas niya ang pelikula, na tungkol sa buhay ni Jesucristo at mga himalang ginawa Niya.

Habang pinag-iisipan ko ang pelikulang iyon kinagabihan, may nadama akong kakaiba. Bigla kong nalaman na nadarama ko ang Espiritu, nang higit pa kaysa rati. Agad kong ipinasiya na gusto kong gumawa ng mga pagbabago sa buhay ko para higit kong matularan ang Tagapagligtas, at nalaman ko na ang naranasan ko sa Sunday School sa araw na iyon ay lubos na nagpalakas sa aking patotoo. Lubos akong nagpapasalamat sa aking guro sa Sunday School at sa lahat ng ginagawa niya para sa klase namin linggu-linggo. ■



## MGA BATA



# Ang Kahulugan ng Pagsang-ayon ay Pagtulong

Sinabi ni Pangulong Eyring na kapag nagtaas tayo ng mga kamay para sang-ayunan ang mga tao, nangangako tayo na tutulungan natin silang gampanan ang kanilang tungkulin.

Alin sa mga bata sa itaas ang sumasang-ayon sa kanilang lider o guro?

Narito ang ilan sa mga taong sinasang-ayunan natin: propeta, bishopric o branch presidency, ward o branch mission leader, guro sa Primary, mga lider sa Primary.

Isulat o pag-usapan ninyo ng inyong mga magulang ang magagawa ninyo para masang-ayunan ang mga taong ito.



KALIWA: PAGLALARAWAN NI SCOTT SNOW; ITAAS: MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT GREER; MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, HYUN-GYU LEE, AT FRANK HELMRICH

*Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihang dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga miyembro at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society.*

**Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan**

# Visiting Teaching—Isang Banal na Tungkulin

Bilang mga visiting teacher, may mahalagang misyon tayong isasakatuparan. "Hindi kaya ng bishop na naorden bilang pastol ng ward, na bantayan ang lahat ng tupa ng Panginoon nang sabay-sabay. Umaasa siya sa tulong ng inspiradong mga visiting teacher."[1] Ang maghangad at tumanggap ng paghahayag kung sino ang dapat atasang mangalaga sa bawat miyembrong babae ay mahalaga.

Nagsisimulang dumaloy ang inspirasyon habang tinatalakay ng mga miyembro ng Relief Society presidency ang mga pangangailangan ng bawat tao at pamilya. At, sa pahintulot ng bishop, iniaatas ito ng Relief Society presidency sa paraan na maipauunawa sa kababaihan na ang visiting teaching ay isang mahalagang espirituwal na responsibilidad.[2]

Ang mga visiting teacher ay tapat na nakikilala at minamahal ang bawat miyembrong babae, tinutulungang mapalakas ang pananampalataya nito, at naglilingkod kapag kailangan. Naghahangad sila ng personal na inspirasyon upang malaman kung paano tutugunan ang mga pangangailangang espirituwal at temporal ng bawat miyembrong babaeng binibisita nila.[3]

"Ang visiting teaching ay nagiging gawain ng Panginoon kapag nagtuon tayo sa mga tao sa halip na sa dami ng ating nabisita. Ang totoo, hindi natatapos kailanman ang visiting teaching. Higit itong isang paraan ng pamumuhay kaysa isang gawain."[4]



### *Mula sa mga Banal na Kasulatan*

Mateo 22:36–40; Juan 13:34–35; Alma 37:6–7

**MGA TALA**

1. Julie B. Beck, "Relief Society: Isang Sagradong Gawain," *Liahona,* Nob. 2009, 114.
2. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 9.5; 9.5.2.
3. Tingnan sa *Handbook 2,* 9.5.1.
4. Julie B. Beck, *Liahona,* Nob. 2009, 114.
5. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 126–27.
6. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian,* 54.

### *Ano ang Magagawa Ko?*

**1.** Paano ko mapapahusay ang kakayahan kong gampanan ang aking mahalagang responsibilidad bilang visiting teacher?

**2.** Bilang visiting teacher, paano ko matutulungan ang ibang mga miyembrong babae na magampanan ang kanilang responsibilidad bilang mga visiting teacher?

### *Mula sa Ating Kasaysayan*

Itinuro ni Sister Eliza R. Snow, ang ikalawang Relief Society general president: "Itinuturing kong mataas at banal na tungkulin ang katungkulan ng isang guro." Pinayuhan niya ang mga visiting teacher na "mapuspos ng Espiritu ng Diyos, ng karunungan, ng kababaang-loob, ng pag-ibig" bago sila bumisita sa mga tahanan upang malaman at matugunan nila ang espirituwal gayundin ang temporal na mga pangangailangan. Sabi niya, "[Mangusap] kayo ng mga salita ng kapayapaan at kapanatagan, at kung makikita ninyong nanghihina sa pananampalataya ang isang babae, yakapin ninyo siya tulad ng pagyakap ninyo sa isang bata at pasiglahin [siya]."[5]

Kapag kumilos tayo nang may pananampalataya tulad ng mga kababaihan ng Relief Society noong araw, sasaatin ang Espiritu Santo at magkakaroon tayo ng inspirasyong malaman kung paano tutulungan ang bawat miyembrong babaeng binibisita natin. "Maghangad [tayo] ng karunungan sa halip na kapangyarihan," sabi ni Sister Snow, "at [sasaatin] ang lahat ng kapangyarihan na magagamit [natin] nang buong karunungan."[6]

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.

# **Maliliit** at **mga Karaniwang** Bagay

*"Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay ay naisasakatuparan ang mga dakilang bagay" (Alma 37:6).*

## Mahahalagang Pangyayari sa Mormon Tabernacle Choir



### MGA NAKATUTUWANG BAGAY TUNGKOL SA CHOIR

- Ang mga damit na isinusuot ng kababaihan sa choir ay dinisenyo at tinahi ng isang wardrobe committee.
- Tinatayang may 20 mag-asawa sa choir at sa Orchestra at Temple Square.
- Ang choir ay nagtamo na ng dalawang platinum at limang gold album.
- Ang choir ay nakapagtanghal na sa mga inagurasyon ng limang pangulo ng Estados Unidos.

Milyun-milyong tao sa buong mundo ang pamilyar na sa musika ng Mormon Tabernacle Choir, sa mga pagtatanghal man ng choir sa pangkalahatang kumperensya o sa mga programang katulad ng 83 taon nang lingguhang pagtatanghal na *Musika at ang Binigkas na Salita*. Gayunman, hindi sila gaanong pamilyar sa mga ginagawa ng grupong ito sa araw-araw.

Ang Mormon Tabernacle Choir ay binubuo ng 360 boluntaryong mang-aawit na ang edad ay mula 25 hanggang 60. Sa paglipas ng mga taon, nakapaglakbay na ang choir sa 28 bansa at nakapagtanghal na sa 37 estado at sa Washington, D.C. Kadalasan ay nag-eeroplano ang grupo patungo sa lugar na pagtatanghalan nila. Mula roon sumasakay sila sa 11 tour bus, na sinusundan ng 4 na bus ng mga bagahe at 4 na semitrailer na maydala ng mga kagamitan. Pagkatapos ay naglalakbay sila sa iba't ibang lungsod, na kung minsan ay 6 hanggang 10 oras ang layo.




Habang naglalakbay, bawat miyembro ng choir ay nakasuot ng asul na name tag na naka-print ang logo ng choir at ang kanyang pangalan. Lahat ng miyembro ng choir at orkestra ay naitalaga bilang "mga music missionary"; kinakatawan nila ang Simbahan saanman sila magtungo.

Kapag hindi naglalakbay ang mga miyembro ng choir, ang karaniwan nilang linggo ay binubuo ng isang araw man lang na praktis, kasama ang mga produksyon ng *Musika at ang Binigkas na Salita,* na isang programang isinasahimpapawid sa ibang mga bansa sa telebisyon at radyo tuwing Linggo ng umaga.

Ang mga miyembro ng Simbahan na tinanggap sa choir ay itinuturing itong isang tungkulin. Nang sumali sila sa choir, sinabihan silang maglaan ng oras na katumbas ng paglilingkod ng elders quorum president o Relief Society president sa isang ward. Kapag tinanggap sila sa choir, maaaring manatili ang mga miyembro nang hanggang 20 taon o hanggang maging 60 taong gulang na sila.

KALIWA, ITAAS: LARAWANG KUHA NG BUSATH PHOTOGRAPHY; IBA PANG MGA LARAWAN © IRI, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; LARAWAN NG CHOIR SA LABAS NG SYDNEY AUSTRALIA OPERA HOUSE © *DESERET MORNING NEWS;* KANAN: DETALYE MULA SA *DAAN PATUNGONG BETLEHEM,* NI JOSEPH BRICKEY © 2000; *SARIA, ASAWA NI LEHI,* NI NATHAN PINNOCK; *ANG DIWA NG PAG-ASA (ANA),* NI ELSPETH YOUNG, HINDI MAAARING KOPYAHIN; DETALYE MULA SA *NAKA-LUHOD SINA ADAN AT EVA SA ISANG ALTAR,* NI DEL PARSON © 1988 IRI; DETALYE MULA SA *O, PINAGPALANG JESUS,* NI WALTER RANE; DETALYE MULA SA *PAGIGING NASA MUNDO NGUNIT HINDI MAKAMUNDO,* NI PAUL MANN; *REYNA ESTHER,* NI MINERVA TEICHERT © WILLIAM AT BETTY STOKES; *NARINIG NI MARIA ANG KANYANG SALITA,* NI WALTER RANE © 2001; *EMMA HALE SMITH,* NI LEE GREENE RICHARDS © 1941 IRI; DETALYE MULA SA *RUTH AT NAOMI,* NI JUDITH MEHR © 1992


## PAGPILI NG MUSIKA PARA SA MGA PULONG NG SIMBAHAN


- Maaga pa bago magpulong, tiyakin na inaprubahan ng presiding authority ang musikang napili.
- Ilang araw bago sumapit ang pulong, kontakin ang piyanista para malaman niya kung aling mga himno ang pag-aaralan para sa pulong.
- Para sa mga sacrament meeting, isipin ang diwang hatid ng bawat himno. Ang mga pambungad na himno sa sacrament meeting ay nagpapahayag ng papuri at pasasalamat sa Diyos at sa Panunumbalik ng ebanghelyo. Mababanaag sa mga himno ng sacrament ang sakramento o sakripisyo ng Tagapagligtas. Ang mga pangwakas na himno ay makapagbibigay-inspirasyon sa kongregasyon na muling maging tapat sa mga tipan na kanilang pinanibago at makapagpapatotoo sa mga alituntunin ng ebanghelyo na natutuhan ng mga miyembro.
- Para sa mga pulong ng Relief Society o priesthood, tanungin ang magtuturo. Maaaring may mungkahi siyang himno na may kaugnayan sa aralin. Kung walang mungkahi ang magtuturo, maaaring magmungkahi ng himno ang mga lider na aakma sa paksa ng aralin.


*Tingnan sa* Mga Himno, *248-50;* Handbook 2: Administering the Church *(2010), 14.4; 14.6.*

# Kilala Ba Ninyo ang Kababaihan sa mga Banal na Kasulatan?


Tingnan kung inyong maitutugma ang mga paglalarawan sa kababaihan mula sa mga banal na kasulatan sa kanilang mga pangalan. Gamitin ang mga reperensya sa banal na kasulatan kung kailangan ninyo ng tulong.



**A. Maria,** ina ng Panginoon



**B. Saria**



**C. Ana**


**D. Eva**


**E. Abis**


**F. Sara**


**G. Esther**


**H. Maria,** kapatid ni Marta


**I. Emma Smith**


**J. Ruth**

1. Inaliw ako ng aking asawa nang magdalamhati ako dahil sa aking mga anak na lalaki, na nasa isang mapanganib na paglalakbay (tingnan sa 1 Nephi 5:1, 6).
2. Ako ay isang tagapagsilbi sa bahay ni Haring Lamoni at maraming taon na akong nakapagbalik-loob sa Panginoon bago nagbalik-loob ang hari (tingnan sa Alma 19:16).
3. Nang pumanaw ang aking asawa, "yumakap" ako sa aking biyenang babae at sinabi sa kanya na aariin kong lahi ang kanyang lahi at aking Diyos ang kanyang Diyos (tingnan sa Ruth 1:14, 16).
4. Binanggit ang pangalan ko kapwa sa Bagong Tipan at sa Aklat ni Mormon. Inilarawan ako bilang "napakaganda at napakaputi" at "isang mahalaga at piniling nilikha" (tingnan sa 1 Nephi 11:13; Alma 7:10).
5. "[Pinili] ko ang magaling na bahagi" sa pamamagitan ng pakikinig sa mga salita ni Jesucristo nang bisitahin Niya ang aking pamilya sa Betania (tingnan sa Lucas 10:42).
6. Nag-ayuno ang aking mga tao para sa akin nang itaya ko ang sarili kong buhay sa pagsusumamo sa hari na huwag silang paslangin (tingnan sa Esther 4:16).
7. Ang ibig sabihin ng pangalan ko ay "ina ng lahat ng mga nabubuhay" (tingnan sa Genesis 3:20).
8. Tinawag akong "hinirang na babae" sa Doktrina at mga Tipan, at gumawa ako ng "isang pagtitipon ng mga banal na himno" (tingnan sa D at T 25:3, 11).
9. Balo na ako nang mga 84 na taon nang batiin ko ang sanggol na si Jesus sa templo (tingnan sa Lucas 2:36–38).
10. Nang baguhin ng Panginoon ang pangalan ng aking asawa, binago Niya ang pangalan ko na ang ibig sabihin ay "prinsesa" (tingnan sa Genesis 17:15).

Mga sagot: 1. B; 2. E; 3. J; 4. A; 5. H; 6. G; 7. D; 8. I; 9. C; 10. F

# ANG Pag-aayuno

## AY PINALALAKAS TAYO SA ESPIRITUWAL AT TEMPORAL

Ang pag-aayuno ay bahagi na ng ebanghelyo ni Jesucristo noon pa mang panahon ng Lumang Tipan (tingnan, halimbawa, sa Daniel 9:3; Joel 2:12). Pinalalakas ng pag-aayuno ang espirituwalidad ng mga tao at pinatitindi ang bisa ng kanilang mga panalangin (tingnan sa Isaias 58:6–11). Ang mga miyembro ngayon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nag-aayuno at ibinibigay sa Simbahan ang perang gagastusin sana nila sa pagkain para matulungan ang maralita at nangangailangan.

"Nagtalaga ang Simbahan ng isang Linggo sa bawat buwan, karaniwan ay unang Linggo, bilang araw ng ayuno. Kabilang sa wastong pagdaraos ng Linggo ng ayuno ang hindi pagkain at pag-inom nang dalawang magkasunod na kainan [sa loob ng 24 na oras], pagdalo sa fast and testimony meeting, at pagbibigay ng handog-ayuno para mapangalagaan ang mga nangangailangan.

"Dapat ay hindi kukulangin sa halaga ng dalawang kainan na dapat ninyong kainin ang halaga ng inyong handog-ayuno. Hangga't maaari, maging bukas-palad at magbigay ng higit pa sa halagang ito.

"Dagdag pa sa pagdaraos ng mga araw ng ayuno na itinakda ng mga lider ng Simbahan, maaari kayong mag-ayuno anumang araw, ayon sa inyong pangangailangan at sa pangangailangan ng iba. Gayunman, hindi kayo dapat mag-ayuno nang madalas o mas mahabang oras kaysa karaniwan."[1] Yaong mga may problema sa kalusugan na mapapalubha ng pag-aayuno ay dapat maging matalino at iakma ang kanilang pag-aayuno.

Nag-aayuno ang mga miyembro ng Simbahan para sa iba't ibang layunin. Halimbawa, maaari tayong mag-ayuno at manalangin para sa isang kapamilyang maysakit. Maaari tayong mag-ayuno para magpasalamat sa Diyos, maging mas mapakumbaba, madaig ang isang kahinaan o kasalanan, tumanggap ng inspirasyon para sa ating mga responsibilidad sa Simbahan, at iba pa. Ang pag-aayuno ay magpapadama sa atin ng habag sa mga yaong laging nagugutom. Nakakatulong din ang pag-aayuno para malabanan ng ating espiritu ang ating katawan. ■

**TALA**

1. *Tapat sa Pananampalataya* (2006), 104.

Para sa iba pa tungkol sa paksang ito, tingnan sa Mateo 6:16–18; Alma 5:46; 6:6.

MGA PAGLALARAWAN NINA TALAT MEHMOOD, JOHN LUKE, AT WELDEN C. ANDERSEN; DETALYE MULA SA DAHIL SA BAGAY NA ITO, NI ELSPETH YOUNG



*Ang ibig sabihin ng pag-aayuno ay kusang hindi pagkain at pag-inom para mas mapalapit sa Panginoon at hingin ang Kanyang mga pagpapala.*




*Hinihikayat tayo na magbigay nang bukas-palad sa ating mga handog-ayuno: ginagamit ng Simbahan ang pera para tulungan ang maralita at nangangailangan.*



*Kabilang sa Linggo ng ayuno ang pagpapatotoo sa sacrament meeting.*







*Mas epektibo ang pag-aayuno kapag sinamahan ng panalangin.*



*Noon pa man ay nag-aayuno na ang mga tunay na nananampalataya. Ang mga sinaunang Judio, halimbawa, ay nag-ayuno para kay Esther upang mahiling niya sa hari na protektahan ang kanyang mga tao (tingnan sa Esther 4:16).*

"[Ang pag-aayuno] ay simple at ganap, ayon sa katwiran, at hindi lamang nagpapakita ng kalutasan sa katanungan ng paglalaan para sa mga maralita, [kundi] ito ay magbubunga nang maganda sa mga yaong sinusunod ang batas. Ipinasasailalim nito ang katawan sa espiritu, at dahil dito naitatatag ang pakikipag-ugnayan sa Espiritu Santo, at nagbibigay ng lakas sa espiritu at kapangyarihan na kailangang-kailangan ng mga tao ng bansa. Dahil ang pag-aayuno ay sinasamahan ng panalangin, ang batas na ito ay maglalapit sa mga tao sa Diyos."

**Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 239.**



# ANG POTENSYAL NG PAGLILINGKOD NA PINANGUNGUNAHAN NG MGA KABATAAN

**Ni Norman C. Hill**

Paboritong sabihin ng mga taga-Nigeria na nabubuhay sila sa ilalim ng "matinding sikat ng araw ng Africa." Ang mga temperatura malapit sa equator ay di-gaanong nag-iiba anuman ang panahon. Kaya nang magkaroon kami ng proyektong pangserbisyo sa Africa noong Agosto, nagsimula kami nang alas-7:00 n.u. para marami kaming magawa hangga't malamig pa ang panahon.

Dala-dala ang mga pala, kalaykay, at itak, naghawan kami ng mga talahib at naghakot ng basura sa bakanteng lote malapit sa gusali ng aming Yaba Ward sa Lagos Nigeria Stake. Matapos magtrabaho nang tatlong oras, nahawan namin ang halos tatlong akre (1.2 ektarya) ng apat na akre (1.6 ektarya) ng lupa.

"Ano kaya kung tapusin na muna natin ang maliit na bahaging ito at sa ibang araw na lang natin tapusin ang paghahawan?" tanong ng bishop.

Nang maulinigan ang bishop, nalungkot si Emmanuel, ang teachers quorum president.

"Kapag iniwan po nating hindi tapos ang bahaging ito, hindi mararamdaman ng mga kabataan na marami silang nagawa ngayon," wika niya. "Tapusin na po sana natin."

Dahil mga anim na talampakan (1.8 m) ang taas ng talahib sa halos buong lugar, hindi namin matanaw ang kabila nito at mahirap malaman kung gaano pa kalawak ang lilinisin.

"Brother Hill, tingnan natin kung gaano katagal nating mahahawan ang isang makipot na daan, siguro mga dalawang piye lang ang lapad," sabi ni Emmanuel. "Kung magagawa natin ito nang mabilis, makikita ng iba na posibleng matapos tayo nang mas maaga kaysa akala nila."

Ang mga binatilyo, na naghati sa dalawang grupo, ay nagtatrabaho sa magkabilang dulo ng lote sa buong maghapon. Walang isa man sa kanila ang naghawan sa sala-salabat na talahib patawid sa kabilang panig. Nang sumakit ang likod ko, lumuhod ako para magpahinga nang kaunti habang patuloy kong hinahawan ang mga talahib gamit ang itak. Nag-aalalang pinuntahan ako ng ilang binatilyo para tingnan kung makakatulong sila at tumulong nang makita na magkasalubong kaming naghahawan ni Emmanuel. Ilang minuto lang at nagkasalubong na kami, at nagkatuwaan ang lahat. Nang makita nila na nahawan na ang daan, pares-pares nang nagtrabaho ang iba na gayon din ang ginagawa.

Wala pang isang oras ay tapos na kami. Dahil sa kasiyahan, binati namin ang isa't isa—lalo na si Emmanuel, na literal na nagbigay ng daan na sinundan ng iba.

Naisip namin ng bishop na, sa aming edad at karunungan, alam namin kung ano ang magagawa ng mga kabataang ito. Tanging nainitan at pagod na mga kabataan ang nakita namin, pero nakakita si Emmanuel ng pagkakataong palakasin ang dignidad at kumpiyansa ng kanyang mga kaibigan. Alam niya na mas makasisiya sa kanila ang mapagod nang kaunti kaysa ipagpaliban ang pagtatapos ng gawain. Ipinaalala niya sa amin ang lakas ng mga kabataan ng Simbahan at kung paano tayo makikinabang na lahat kapag tumulong sila at nanguna.

Natanto ko na hindi natin kailangang hintayin pang tumanda ang ating mga kabataan—may magagawa silang kaibhan *ngayon* kung hahayaan natin sila. ■



**PAGBIBIGAY SA MGA KABATAAN NG PAGKAKATAONG MAGLINGKOD**

"Ilan sa mga deacons at teachers quorum presidency ang binubuo ng pagtawag lamang sa isang mag-aalay ng panalangin o magpapasa ng sakramento? Mga kapatid, natatangi ang mga espiritung ito, at may magagawa silang makabuluhan kung bibigyan ng pagkakataon!"

**Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Unto the Rising Generation," *Ensign*, Abr. 1985, 11.**

PAGLALARAWAN NI BRIAN CALL



Ni Elder
**Marcos A. Aidukaitis**
Ng Pitumpu

# Ang Kagalakan

## SA PAGGALANG SA ARAW NG SABBATH

Ang paglaki bilang Latter-day Saint sa isang kapaligirang hindi LDS ay isa sa masasayang karanasan ko noong kabataan ko. Ang hinding-hindi ko malilimutan ay ang pagtitipon namin ng pamilya at mga kaibigan para sa mga kaarawan, pista-opisyal, football game, at ang paminsan-minsang *churrasco* (barbecue) naming magpapamilya. Isa pang paborito kong alaala ang samasamang pagsisimba ng aming pamilya sa araw ng Linggo.

Ang pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath at pagsamba sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo ay mahalaga at natural lamang sa aming pamilya. Noong kabataan ko sa Simbahan, lagi kong inaasam ang paglalaro ng football tuwing Martes ng gabi, pero inaasam ko ring dumalo sa sacrament meeting, Sunday School, at priesthood tuwing Linggo. Napakasarap ng pakiramdam na makasama ang aming mga kapatid sa ebanghelyo kaya hindi kami nagmamadaling umuwi pagkatapos.


Nang mag-asawa na ako at magkaroon ng sariling pamilya ay doon ko nakita ang kahalagahan ng magandang halimbawang ipinakita ng aking mga magulang habang lumalaki ako. Bilang ama ng pamilya, higit kong naunawaan kung gaano kahalagang "magtungo sa panalanginan at ihandog ang [aming] sakramento sa banal na araw [ng Panginoon]" (D at T 59:9). Lalo kong naunawaan ang mga pagpapalang ipinangako Niya sa mga sumusunod sa utos na ito.

Malinaw pa sa alaala ko kung gaano kami kasaya ng mga kaibigan ko noon kapag nasasabi namin sa isa't isa na wala kaming pinalagpas na pulong sa Simbahan sa buong taon. Maaaring hindi namin lubos na alam ang nangyayari sa amin dahil sa matapat naming pagdalo, pero pinanatili naming walang bahid-dungis sa mundo ang aming sarili. Bukod pa rito, natuwa kami, masaya ang aming mukha, at talagang lubos ang aming kagalakan (tingnan sa D at T 59:9, 13–15).

### Isang Tradisyon sa Araw ng Sabbath

Sa loob ng maraming taon naging tradisyon namin ng asawa ko at mga anak na magbakasyon sa may dagat malapit sa aming tahanan sa katimugang Brazil tuwing tag-init. Kung minsan ay lumilipat kami ng tirahan dahil sa trabaho ko, pero gaano man kami kalayo sa dagat na iyon, lagi naming kinasasabikan at ikinagagalak ang pagpunta doon taun-taon. Gayundin, naglalakbay nang malayo ang mga kamag-anak at kaibigan namin para magkasama-sama kami nang minsan sa isang taon. Lahat ay dumarating nang maaga at nagtatagal roon hangga't maaari.

Sa dalampasigan sa dagat na iyon nagkaroon ng maraming magagandang oportunidad ang aming pamilya na espirituwal na lumago at ituro ang ebanghelyo. Karamihan sa aming mga kamag-anak ay hindi miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at iba ang kanilang relihiyon. Para sa kanila ang araw ng Panginoon ay isang karaniwang araw lamang para maglaro at magsaya. Dahil mas marami



*Pinatototohanan ko na ang kagalakan at mga pagpapala ay nagmumula sa pagsamba sa Diyos sa Kanyang banal na araw—pati na ang mga pagpapalang hindi natin makita ngayon.*

DETALYE MULA SA *ANG HULING HAPUNAN*, NI SIMON DEWEY; BACKGROUND © GETTY IMAGES; LAHAT NG IBA PANG LARAWAN AY NANGGALING SA PAMILYA AIDUKAITIS











*Madali sanang pangatwiranan ang paglabag sa Sabbath sa taunang pagbabakasyon namin sa may dagat, pero hindi kami lumiban kailanman sa pagsisimba tuwing Linggo.*



sa mga kapamilya namin ang dumarating doon sa araw ng Sabado at Linggo kaysa ibang araw, hindi lang inasahan ang pagdating at pagsali namin sa mga aktibidad sa araw ng Linggo kundi iginiit pa nila ito—pati na ng aming mga anak.

Maliiit pa ang aming mga anak at natututo pa lamang na ipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo. Para sa kanila malaking tukso ang pagsali sa mga aktibidad kasama ang kanilang mga pinsan at kaibigan sa araw ng Linggo. Ang pag-uukol ng oras sa pamilya ay mahalagang bahagi ng ebanghelyo, at ang paglabag sa araw ng Sabbath ay madaling mapangatwiranan. Tutal, ang pinakamalapit na Simbahan noon ay mahigit 60 milya (96 km) ang layo sa dagat. Ang mga kaibigan at kapitbahay sa pinagsisimbahan namin ay malayo sa amin, at wala ni isa sa kanila ang makakaalam kung mananatili kami sa may dagat sa halip na magpunta sa chapel at dumalo sa mga pulong namin sa araw ng Linggo. Buong taon kaming nagsisimba, at kaming magkakamag-anak ay ilang linggo lang maaaring magkasama-sama sa isang taon.

Magkagayunman, hindi kami lumiban kailanman sa pagsisimba tuwing Linggo—kahit minsan! Naalala namin ang mga turo ng Panginoon:

"At upang lalo pa ninyong mapag-ingatan ang inyong sariling walang bahid-dungis mula sa sanlibutan, kayo ay magtungo sa panalanginan at ihandog ang inyong sakramento sa aking banal na araw;

"Sapagkat katotohanang ito ay araw na itinakda sa inyo upang magpahinga mula sa inyong mga gawain, at iukol ang inyong mga panalangin sa Kataas-taasan; . . .


"Tandaan na dito, sa araw ng Panginoon, inyong iaalay ang inyong mga handog at ang inyong mga sakramento sa Kataas-taasan. . . .

"At sa araw na ito wala kayong iba pang bagay na gagawin, kundi ihanda ang inyong pagkain nang may katapatan ng puso upang ang inyong pag-aayuno ay maging ganap, o, sa madaling salita, upang ang inyong kagalakan ay malubos" (D at T 59:9–13).

Ipinasiya naming sundin ang utos na ito, at itinuro namin sa aming mga anak na dapat din nila itong sundin. Hindi nagtagal ay naunawaan nila na mas mahalagang sambahin





ang Diyos sa Kanyang banal na araw kaysa bigyang-kasiyahan ang pamilya at mga kaibigan o ang sarili nilang mga hangarin.

**Pinagpala sa Pagsunod**

Kapag nasa may dagat kami sa araw ng Linggo, maaga kaming gumigising, nagbibihis para magsimba sa araw ng Linggo, at magbiyahe papunta sa pinakamalapit na chapel. Habang nasa biyahe at sa buong maghapon, nadarama namin ang kapayapaan at kagalakang ipinangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa Kanyang mga utos. Nalaman namin na ang kapayapaan at kagalakang ito ay hindi nagmumula sa mundo.

Pagkaraan ng ilang taon ng regular na paggawa nito, may magandang nangyari. Hindi na nagtanong ang mga anak namin tungkol sa kahalagahan ng pagsamba sa Diyos sa Kanyang banal na araw, at nagsimulang magtanong ang mga pinsan nila kung maaari silang sumama amin sa pagsisimba! Hindi namin alam na ang kapayapaan at kagalakang nadama namin ay nadama rin ng aming mga pamangkin pagbalik namin mula sa aming mga pulong. Kalaunan ay isang malaking pagpapala ang dumating. Nang magbinata at magdalaga ang mga batang iyon, dalawa sa kanila mula sa isang pamilya ang nagsabi sa kanilang mga magulang na, "Gusto po naming maging mga Latter-day Saint." Hindi nagtagal ang buong pamilya ay nabinyagan. Kamakailan, isa sa mga batang ito, na returned missionary na ngayon, ang ikinasal sa templo.

Nagpupunta pa rin kami sa dagat na iyon taun-taon, pero alam ng lahat na sa araw ng Linggo ay hindi pupunta doon ang aming pamilya para maglaro. Sa halip, magsisimba kami at sasamba sa Diyos kasama ang mga miyembrong kamag-anak namin—isang grupong palaki nang palaki taun-taon!

Kapag ginugunita namin ang mga taon na iyon at iniisip ang ginawa naming desisyon, nagpapasalamat kami sa Diyos sa pagtulong sa amin na magkaroon ng lakas ng loob na gawin ang tama at ituro sa aming mga anak na gayon din ang gawin. Wala kaming alinlangan na ang desisyong iyon ang nagpatatag sa aming mga anak gayundin sa aming mga kamag-anak. Ibinigay nito sa amin ang kapayapaang ipinangako ng Panginoon, mahalaga ang papel nito sa pagpapabinyag ng mga miyembro ng pamilya, at biniyayaan kami ng kasiyahang hindi matatagpuan sa iba pang mga aktibidad sa araw ng Linggo na hindi pumupuspos sa kaluluwa.

Pinatototohanan ko na ang kagalakan at mga pagpapala ay nagmumula sa pagsamba sa Diyos sa Kanyang banal na araw—pati na ang mga pagpapalang hindi natin makita ngayon. At pinatototohanan ko na "maginhawa ang bayan na ang Dios ay ang Panginoon" (Mga Awit 144:15). ■

*Nagpupunta pa rin kami sa dagat taun-taon, pero alam ng lahat na sa araw ng Linggo ay hindi makapupunta doon ang aming pamilya para maglaro. Sa halip, magsisimba kami at sasamba sa Diyos kasama ang mga miyembro ng pamilyang sumasama sa amin.*

# Kalayaan *at* Inspirasyon



*Si Bruce R. McConkie ay isinilang noong Hulyo 29, 1915, sa Michigan, USA. Siya ay sinang-ayunan sa First Council of the Seventy nong 1946 at inorden bilang Apostol noong 1972. Pumanaw siya noong Abril 19, 1985. Ang mensaheng ito ay ibinigay sa Brigham Young University noong Pebrero 27, 1973.*

**Ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85)**
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

*Inaasahan tayong gawin ang lahat ng makakaya natin at humingi ng sagot sa Panginoon pagkatapos, na magpapatibay kung tama ang ating pasiya.*

Noong kapiling natin ang ating Diyos Ama sa Langit, mayroon tayong kalayaan. Ito ang nagbigay sa atin ng pagkakataon, ng pribilehiyo, na pumili kung ano ang ating gagawin—na magpasiya nang malaya at walang hadlang. . . . Inaasahan tayong gamitin ang mga kaloob at talento at kakayahan, ang talino at pagpapasiya at kalayaang ipinagkaloob sa atin.

Ngunit sa kabilang banda, inutusan tayong hanapin ang Panginoon, hangarin ang Kanyang Espiritu, upang mapasaating buhay ang diwa ng paghahayag at inspirasyon. Sumapi tayo sa Simbahan at isang may awtoridad na tagapangasiwa ang nagpatong ng kanyang mga kamay sa ating ulunan at nagsabing, "Tanggapin mo ang Espiritu Santo." Ibinibigay nito sa atin ang kaloob na Espiritu Santo, ang karapatan na laging makasama ang miyembrong iyon ng Panguluhang Diyos, ayon sa ating katapatan.

Kaya nahaharap tayo sa dalawang mungkahi. Ang isa ay nagsasabi na dapat tayong magabayan ng diwa ng inspirasyon, ng diwa ng paghahayag. Ang isa naman ay nagsasabi na narito tayo at inutusang gamitin ang ating kalayaan, na ipasiya nating mag-isa kung ano ang dapat gawin; at dapat nating ibalanse nang maayos ang dalawang ito. . . .

Gusto ko, kung maaari, na ilahad ang tatlong pag-aaralang sitwasyong ito, na mahuhugutan natin, marahil, ng ilang makatotohanan at makabuluhang pasiya kung ano ang dapat nating kahinatnan sa buhay. Ibabatay ko ang mga paglalarawang ito sa mga inihayag sa atin ng Panginoon.

### "Hindi Mo Naunawaan"

Pag-aaralang sitwasyon bilang 1: May isang lalaking nagngangalang Oliver Cowdery. . . . Isinulat niya ang mga salitang idinikta ng Propeta habang sumasakanya ang Espiritu sa proseso ng pagsasalin (ang Aklat ni Mormon ay kasalukuyang isinasalin noon). Hindi pa sapat ang espirituwalidad ni Brother Cowdery sa panahong iyon, at hinangad at ginusto niyang gawin ang isang bagay na higit pa sa kanyang espirituwal na kakayahan noon. Ginusto rin niyang magsalin. Kaya [hiniling] niya ito sa Propeta, itinanong ng Propeta ang bagay na ito sa Panginoon, at tumanggap sila ng isang paghahayag. Sabi ng Panginoon, "Oliver Cowdery, katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa iyo, yayamang ang Panginoon ay buhay, na iyong Diyos at iyong Manunubos, tiyak na matatanggap mo ang kaalaman ng anumang bagay na iyong hihilingin nang may pananampalataya, nang may tapat na puso, naniniwala na matatanggap mo." At ang isang bagay na matatanggap niya ay tinukoy bilang "ang kaalaman hinggil sa mga nakaukit sa lumang talaan, na mga sinauna, na naglalaman ng mga yaong bahagi ng aking banal na kasulatan na binanggit sa pamamagitan ng paghahayag ng aking Espiritu."



MGA PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER; LARAWAN NG MGA PUNO © PLAINPICTURE/HASENGOLD





Matapos talakayin ang partikular na problema, inihayag ng Panginoon ang isang alituntuning angkop dito at sa lahat ng iba pang sitwasyong katulad niyon: "Oo, masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso. "Ngayon, masdan, ito ang diwa ng paghahayag" (D at T 8:2–3). . . .

. . . At siya ay humiling. At tulad ng alam ninyo, nabigo siya; tuluyan siyang hindi nakapagsalin. . . . Muling iniluhog ang bagay na ito sa Panginoon, na kung kaninong pangako ay tinatangka nilang sundin noon pa man; at dumating ang sagot, ang dahilan, kung bakit hindi siya maaaring magsalin: "Hindi mo naunawaan; inakala mo na aking ibibigay ito sa iyo, gayong wala kang inisip maliban sa ito ay itanong sa akin" (D at T 9:7).

Ngayon, mukhang iyon lang ang ipinagawa sa kanya, ang humiling nang may pananampalataya; ngunit naroon sa paghiling nang may pananampalataya ang pangangailangan na gawin muna natin ang lahat ng makakaya natin para matupad ang ating minimithi. Ginagamit natin ang kalayaang ipinagkaloob sa atin. Ginagamit natin ang lahat ng kapangyarihan at kakayahan at abilidad na taglay natin upang maisakatuparan ang anumang posibleng maganap. Ngayon, angkop ito sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, pagpili ng mapapangasawa, pagpili ng trabaho, o alinman sa 10,000 mahahalagang bagay na dumarating sa ating buhay. . . .

### "Bakit Mo Ako Tinatanong?"

Ngayon, ang pag-aaralang sitwasyon bilang 2: . . . [Ang mga Jaredita] ay nakarating sa dagat na kanilang tatawirin, at sinabi ng Panginoon sa [kapatid ni Jared], "Gumawa kayo ng mga gabara." . . .

*Habang sumasapat ang ating espirituwalidad, natututo tayong ibalanse ang paggamit ng kalayaaan nating ipasiya kung ano ang dapat nating gawin at ang magabayan ng diwa ng inspirasyon.*

[Ang mga gabara] ay gagamitin sa kakaiba at mahirap na paglalakbay, at may iba pang kailangan [ang kapatid ni Jared] maliban sa nasa kanila na: kailangan niya ng hangin. At ito ang problemang hindi niya kayang lutasin. Kaya sinabi niya ito sa Panginoon, at dahil hindi niya ito kayang lutasing mag-isa, nilutas ito ng Panginoon para sa kanya at sinabi, "Gawin mo iyan at magkakaroon kayo ng hangin."

Ngunit ang kapatid ni Jared—na may kumpiyansa na dahil kausap niya ang Panginoon, dahil nagtatanong siya at sinasagot—ay muling nagtanong: . . . "Ano po ang gagawin namin upang magkaroon ng liwanag sa mga sasakyang-dagat?"

At kinausap pa siya nang kaunti ng Panginoon tungkol doon, at saka Niya ito sinabi: "Ano ang nais mong gawin ko upang magkaroon ng liwanag sa inyong mga sasakyang-dagat?" (Eter 2:23). Sa madaling salita, ". . . Binigyan na kita ng kalayaan; mayroon kang kakayahan at abilidad. Kumilos ka at lutasin mo ang problema."

Naunawaan ng kapatid ni Jared ang mensahe. Umakyat siya sa bundok Selem, at ayon sa talaan siya ay "tumunaw mula sa isang malaking bato ng labing-anim na maliliit na bato; at ang mga ito ay mapuputi at malilinaw, maging tulad ng nanganganinag na salamin" (Eter 3:1). . . .

At ginawa ng Panginoon ang hiling ng kapatid ni Jared, at sa pagkakataong ito nakita niya ang daliri ng Panginoon; at, habang patuloy siyang nananampalataya, tumanggap siya ng paghahayag na higit pa sa nakamtan ng sinumang propeta hanggang sa sandaling iyon. Inihayag pa ng Panginoon sa kanya ang Kanyang katangian at personalidad na hindi pa naganap kahit kailan, at nangyari itong lahat dahil ginawa niya ang lahat ng magagawa niya at humingi siya ng payo sa Panginoon.

Maibabalanse nang maayos ang kalayaan at inspirasyon. Inaasahan tayong gawin ang lahat ng makakaya natin at humingi ng sagot sa Panginoon pagkatapos, na magpapatibay kung tama ang ating pasiya; at kung minsan, ang masaya, bukod pa rito, tumatanggap tayo ng mga karagdagang katotohanan at kaalamang hindi natin sukat-akalain.

### "Sila ay Magsasanggunian sa Kanilang Sarili at sa Akin"

Ngayon, ang pag-aaralang sitwasyon bilang 3: Noong nagsisimula pa lang ang Simbahan, inutusan ng Panginoon ang mga Banal na magtipon sa isang lugar sa Missouri. . . . Ngayon pansinin ninyo ang nangyari. Ang Panginoon ang nagsasalita:

*"Gaya ng sinabi ko hinggil sa aking tagapaglingkod na si Edward Partridge, ang lupaing ito ang lupain na kanyang tirahan, at ng yaong kanyang itinalaga upang kanyang maging tagapayo; at gayon din ang lupain na tirahan niya na aking itinalaga upang pangalagaan ang aking kamalig;*

*"Dahil dito, dalhin nila ang kanilang mga mag-anak sa lupaing ito, [at heto ang mahalaga] habang sila ay magsasanggunian sa kanilang sarili at sa akin"* [D at T 58:24–25; idinagdag ang pagbibigay-diin. . . .

Nakita ninyo, sinabi ng Panginoon na "magtipon" sa Sion. Gayunman, ang mga detalye at mga pagsasaayos kung *paano* at *kailan* at ang mga *kalagayan,* ay dapat pagpasiyahan ng mga tinawag na magtipon, ngunit dapat silang sumangguni sa Panginoon. . . .

Ngayon, matapos itong sabihin ng Panginoon sa Presiding Bishopric ng Simbahan, ibinigay Niya ang alituntuning angkop sa sitwasyong iyon, at angkop ito sa lahat ng sitwasyon. At isa ito sa maluluwalhating katotohanang inihayag sa atin. Sabi niya:

*"Sapagkat masdan, hindi nararapat na ako ay mag-utos sa lahat ng bagay; sapagkat siya na pinipilit sa lahat ng bagay, ang katulad niya ay isang tamad at hindi matalinong tagapaglingkod, dahil dito siya ay hindi makatatanggap ng gantimpala.*


*"Katotohanang sinasabi ko, ang mga tao ay nararapat na maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay, at gumawa ng maraming bagay sa kanilang sariling kalooban, at isakatuparan ang maraming kabutihan"* [D at T 58:26, 27; idinagdag ang pagbibigay-diin] . . .

Ngayon, iyan ang tatlong pag-aaralang sitwasyon; dumako tayo sa inihayag na pasiya. . . .

. . . Kung alam ninyong gamitin ang kalayaang bigay sa inyo ng Diyos, at sinisikap ninyong gumawa ng sarili ninyong mga desisyon, at mabuti at tama ang inyong pasiya, at sumangguni kayo sa Panginoon at nakamit ninyo ang Kanyang pagsang-ayon sa inyong ipinasiya, nakatanggap kayo ng paghahayag; at ang isa pa, gagantimpalaan din kayo ng buhay na walang hanggan, at dadakilain sa huling araw. . . .

Pagkalooban nawa tayo ng Diyos ng karunungan sa mga bagay na ito. Pagkalooban nawa tayo ng Diyos ng tapang at kakayahang tumayo sa sarili nating mga paa at gamitin ang taglay nating kalayaan at abilidad at kakayahan; pagkatapos magpakumbaba tayo nang sapat at umayon sa Espiritu na iakma ang ating kalooban sa Kanyang kalooban, upang makamit natin ang Kanyang nagpapatibay at nagpapatunay na pagsang-ayon, upang mapasaating buhay, sa gayong paraan, ang diwa ng paghahayag. At kung gagawin natin iyan, walang alinlangang ito ang ibubunga: kapayapaan sa buhay na ito; luwalhati at karangalan at dignidad sa kabilang buhay. ■

*Pinagpare-pareho ang pagbabaybay, pagbabantas, at pagpapalaki ng mga titik.*



LARAWAN NG MGA PUNO NG KUHA NI CRAIG DIMOND

# PAGTALIMA SA mga Pahiwatig







*Pribilehiyo ng bawat Banal sa mga Huling Araw na tumanggap ng inspirasyon araw-araw sa pamamagitan ng Espiritu. Sa pagiging marapat at handang sumunod sa mga espirituwal na pahiwatig, makakamtan natin ang patnubay na nais ng Ama sa Langit na ibigay sa atin. Sa ibaba, tatlong miyembro ang nagbahagi kung paano sila nakinig at tumugon sa mga pahiwatig ng Espiritu at dahil doon ay tumanggap ng saganang pagpapala.*

## Kinailangan Kong Bumalik

Isang gabi, noong stake priesthood leader ako sa Loulé, Portugal, inihatid ko pauwi ang ilang kabataan pagkatapos ng isang stake activity. Malalim na ang gabi, at nang pauwi na ako matapos ihatid ang mga bata, lumiko ako sa isang madilim na daan sa isang lalawigan na kakaunti ang nagdaraang sasakyan. Dumaan ako sa isang maliit na tulay at nakita ko ang aandap-andap na liwanag sa gawing kanan ko pababa sa ilog na para bang may sunog.

Dahil mahalumigmig ang gabi, inisip ko na kung may sunog nga, maaapula ito kaagad ng hamog, kaya nagtuon akong muli sa aking dinaraanan.

Gayunman, ilang metro pa lang ang natatakbo ko nang marinig ko ang isang tinig na nagsabing, "Hinto!" Nagulat ako dahil mag-isa lang ako sa sasakyan, pero hindi ko pinansin iyon at patuloy akong nagmaneho. Pagkatapos ay narinig ko ang isang malakas na tinig na nagsabing, "Huminto ka at bumalik!" Dalidali kong ipinihit ang manibela at bumalik. Matapos gawin iyon, tinanong ko ang Ama sa Langit, "Panginoon, bakit po?" Pagdating ko sa tulay, lumabas ako ng sasakyan, at dumating kaagad ang sagot ng Panginoon, dahil may narinig akong sumisigaw sa ibaba, "Tulungan ninyo kami!"

Halos walang kaliwa-liwanag, at wala akong makita maliban sa maliit at kulay-kahel na ilaw na aandap-andap sa ibaba. Matarik ang daan pababa ng tulay, at dahil madilim, hindi ko alam kung paano tutulong. Mabilis akong tumawag sa emergency, at maya-maya pa ay dumating ang mga tagasagip.

Ang aandap-andap na liwanag na iyon ay mula sa isang kotseng may sakay na limang tao na nahulog sa bangin. Dalawa ang namatay, at mas malala pa sana ang nangyari kung hindi ko pinansin ang tinig ng Espiritu Santo.

Pinatototohanan ko na nangungusap sa atin ang Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu, sa mahina man o malakas na tinig. Nagpapasalamat ako na pinakinggan ko ito sa gabing iyon. Alam ko na ang Panginoon ay buhay, na mahal Niya tayo, at

MGA PAGLALARAWAN NI DAN BURR



na nakikipag-ugnayan sa atin ang Espiritu Santo. Kailangan lang nating pakinggang mabuti ang Kanyang tinig. ■

Nestor Querales, Portugal

## Nagpasiya Akong Makinig

Ilang taon na ang nakalilipas lagi akong binabagabag ng damdamin na kailangan kong magbuo ng isang family cookbook, kabilang na ang mga resipi ng mga kamag-anak ko. Binalewala ko ang ideyang iyon. Madalas kong sabihin sa sarili ko, "Wala akong panahong gumawa ng walang-katuturang cookbook! Abala ako sa anim kong anak! Ang paggawa ng cookbook ay para lang sa mga inang gumagawa ng tinapay at cinnamon roll nang walang hirap. Wala akong panahon para diyan!"

Ilang taon akong binagabag niyon hanggang sa ipasiya ko isang araw na seryosohin ito. Pero inisip ko kung sino sa pamilya ko ang gugustuhin man lang makibahagi rito. Ako lang ang miyembro ng Simbahan sa pamilya ko, pumanaw na ang mga magulang ko, wala akong kapatid, at nakatira sa malayo ang karamihan sa mga kamag-anak ko. Gayunman, ipinasiya ko na ring pakinggan ang paramdam sa akin.

Kinontak ko ang pamilya ko, ipinaliwanag na nagtitipon ako ng family cookbook at inanyayahan ko silang magpadala ng mga resipi. Hanggang sa sumunod na taon, marami akong natanggap na resipi. Nagpadala pa ang ilang kamag-anak ko ng mga kuwento at retrato ng pamilya. Dahil dito nahikayat akong interbyuhin ang pinakamatatanda kong nabubuhay na kamag-anak at tipunin ang aming family history, na ipinasiya kong isama rin sa aklat.

Sa pagbubuo ng aklat, nalaman ko na ni hindi ko kilala ang marami sa mga kamag-anak ko na nagpadala ng mga resipi. Dahil



**GAGABAYAN KAYO NG ESPIRITU**

"Ang kaloob na Espiritu Santo, kung tutulutan ninyo, ay gagabay at poprotekta sa inyo, at iwawasto rin ang inyong mga ginagawa. Ito ay isang espirituwal na tinig na dumarating sa isipan bilang kaisipan o damdamin sa inyong puso. . . . Hindi inaasahang hindi kayo magkakamali sa buhay, ngunit hindi kayo makagagawa ng malaking pagkakamali nang hindi muna nababalaan ng mga paramdam ng Espiritu. Ang pangakong ito ay para sa lahat ng miyembro ng Simbahan."

**Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Payo sa Kabataan," *Liahona,* Nob. 2011, 17.**

dito ay ipinasiya kong magsama ng family tree. Hiningan ko ng impormasyon ang bawat isa, isinulat ang family tree, at inilagay ito sa manuskrito.

Nang tingnan ko sa huling pagkakataon ang nabuong aklat, binuklat ko ang pahina ng family tree at lubos kong nadama ang Espiritu. Tumulo ang mga luha ko sa aking pisngi nang mapagtanto ko kung bakit dapat kong buuin ang "walang-katuturang" cookbook na ito. Wala itong gaanong kinalaman sa mga resipi. Nakapagtipon ako ng mga pangalan at petsa ng mga henerasyon ng aking mga ninuno. Lahat sila ay magagawan na ngayon ng mga ordenansa sa templo. Bukod pa riyan, nakapag-ingat ako ng magagandang kuwento para sa darating na mga henerasyon.

Ngayon regular na kaming nagkakabalitaan ng ilan sa mga pinsan ko at masaya ang samahan naming magkakamag-anak. Kapag tinitingnan ko ang aking cookbook, madalas kong maisip ang talata sa banal na kasulatan na, "Dahil dito huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila" (D at T 64:33). Namamangha pa rin ako kapag naiisip ko ang lahat ng masaya at magandang bagay na nangyari dahil sinunod ko ang isang pahiwatig at binuo ang isang simpleng cookbook. ■

Nancy Williamson Gibbs, Colorado, USA

# Napakiramdaman Ko Lang na Tama Iyon

Ang Espiritu ay nakikipag-ugnayan sa maraming paraan. Nakadama na ako ng kapayapaan, kapanatagan, at maaliwalas na isipan. Ang ilan sa matitinding impresyong dumarating sa akin ay ang madama kong totoo o tama ang isang bagay. Mahirap ilarawan ang damdaming iyon, pero madarama mo iyon kapag alam mo lang na totoo ang isang bagay o na kailangan kang kumilos.

Ang isa sa pinakamatitinding karanasan ko sa damdaming ito ay noong naghahanap ako ng bahay na mabibili. Binata pa ako noon at ilang taon ko nang pinag-iisipang bumili ng bahay. Sinabi ko sa ahente ang hinahanap ko, at masigasig siyang naghanap ng mga bahay na akma sa gusto ko. Nagpapakita siya sa akin ng mga bahay, pero tinatanggihan ko ang mga iyon dahil hindi ko madama na iyon ang tamang bilhin. Itinanong na niya sa akin kung ano ang ayaw ko sa mga iyon para makapagpakita siya sa akin ng mga bahay na mas akma sa mga pangangailangan ko. Kaya lang, hindi ko maipaliwanag nang husto kung ano ang kulang.

Sa wakas, isang hapon ay nilibot namin ang isang bahay na hindi kasingganda ng





ilan sa mga nakita na namin. Mas mahal ito nang kaunti kaysa sa iba. Akma ito sa sinabi kong gusto ko pero hindi kasingganda ng ilang nakita na namin. Gayunpaman, matapos libutin ito, sinabi ko sa ahente na gusto ko na itong bilhin. Parang nagulat siya sa bilis kong magdesisyon. Kung iisipin nga naman ang pag-aatubili ko noong mga nakaraang buwan, tama lang na magulat siya. Pero ang damdaming ito na nga ang dapat kong tirhan ay halos mag-umapaw. Hindi ko na kailangan pang pag-isipan ito nang matagal.

Nag-alok ako ng presyong kaya ko, at tinanggap ito ng nagbebenta, kahit hindi ito ang pinakamataas na alok na natanggap nila. Sinabi ko sa pamilya ko na alam kong dapat akong tumira sa bahay na iyon, bagaman hindi ko alam kung bakit.

Agad kong nalaman kung bakit kailangan akong tumira doon. Nakilala ko ang isang babae sa singles ward isang buwan lang pagkalipat ko roon. Makalipas lang ang isang taon, lumuhod kami sa altar sa templo, kung saan kami ibinuklod bilang mag-asawa.

Totoong kumikilos ang Panginoon sa mahiwagang paraan. Hindi ko naisip na inaakay Niya akong makasal nang walang hanggan nang tulungan Niya akong pumili ng bahay. Ang tanging alam ko ay ginagabayan akong gawin ito noon, at ngayon ay nakikita ko na na ang patnubay na iyon ay nagmula sa Kanyang Espiritu. ■

Jeffery Stockett, Utah, USA

## WALONG LAYUNIN NG PAGHAHAYAG

Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol na nakikipag-ugnayan ang Espiritu dahil sa walong layunin:

*Magpatotoo:* Maaaring patotohanan ng Espiritu na si Jesus ang Cristo at ang ebanghelyo ay totoo.

*Magpropesiya:* Sa sakop na responsibilidad ng isang tao, maaaring magkaroon ng inspirasyon ang isang tao na mahulaan ang mangyayari sa hinaharap. Ang propeta, mga patriarch, at tayo man ay maaaring tumanggap ng paghahayag tungkol sa hinaharap.

*Magbigay ng kapanatagan:* Mapapanatag tayo ng Espiritu tulad nang ginawa Niya kay Joseph Smith sa Liberty Jail: "Kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang" (D at T 121:7–8). Dumarating din ang kapanatagan mula sa mga basbas ng priesthood, mga pangitain tungkol sa mga mahal sa buhay na pumanaw, at sa kapatawaran ng mga kasalanan.

*Magpasigla:* Mapapasigla tayo ng Espiritu mula sa matinding kalungkutan, kakulangan, o kahinaan ng espirituwalidad. Napapasaatin Siya kapag nagbasa tayo ng mga banal na kasulatan o nakinig ng magandang musika, sining, o literatura.

*Magbigay ng impormasyon:* Maaaring ibigay sa inyo ang mga sasabihin sa isang partikular na pagkakataon. Sinabi ng Panginoon kina Joseph Smith at Sidney Rigdon, "Sapagkat ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (D at T 100:6). Sa ilang sagradong pagkakataon, harapang nagbigay ng impormasyon ang mga nilalang sa langit. Sa ibang mga pagkakataon, inihahatid ang kailangang impormasyon sa pamamagitan ng mahihinang bulong ng Espiritu.

*Magbawal:* Ang uring ito ng paghahayag ay hahadlangan tayo sa mga bagay na hindi natin dapat gawin. Madalas itong dumating nang di-inaasahan, nang hindi tayo humihingi ng patnubay sa isang partikular na bagay.

*Magpatibay:* Maaari kayong tumanggap ng patibay ng Espiritu matapos magmungkahi ng isang partikular na planong gawin at magdasal para malaman kung tama ang pasiyang ito.

*Magbunsod:* Ang ganitong uri ng paghahayag ay hindi hinahangad kundi dumarating upang ipagawa sa isang tao ang gawaing hindi hiniling. Ang uring ito ng pakikipag-ugnayan ng Espiritu, samakatwid, ay bihira ngunit mahalaga.

**Mula sa "Revelation," sa *Brigham Young University 1981–82 Fireside and Devotional Speeches* (1982), 20–26.**

# PAGSASANGGUNIAN NG Mag-asawa

Ni Randy Keyes

Bilang marriage and family therapist sa Victoria, Canada, kinausap ko ang mag-asawang Bob at Mary (binago ang mga pangalan), na madalas magtalo kapag magkasama silang nagdedesisyon. Minsan nang mag-usap kami sinabi sa akin ni Bob, "Sinisikap kong mangulo at gawin ang lahat, pero kapag sinasabi ko kung ano ang dapat naming gawin, *ayaw niyang suportahan ang priesthood*!"

Batay sa sinabi niya masasabi ko na hindi niya lubos na naunawaan ang ibig sabihin ng mangulo. Kapag nagpakasal ang magkasintahan, nagiging magkatuwang sila na may pantay na karapatan at nagsisikap silang magdesisyon nang may pagkakaisa.

Ibinahagi ko sa mag-asawang ito ang ilang alituntunin tungkol sa pagsasanggunian ng mag-asawa na natutuhan ko sa ginagawa ng mga priesthood council. Bagaman medyo naiiba ang mga council sa tahanan sa mga council sa Simbahan, maraming magkakaparehong alituntunin ang angkop. Kapag nagsikap tayong gamitin ang mga alituntuning ito sa ating tahanan, matutulungan tayo nitong patibayin ang ating pagsasama bilang mga mag-asawa sa paraang nakasisiya sa Panginoon.





## ALITUNTUNIN 1: NAGKAKAISA SA PAGGAWA NG DESISYON

### *Sa mga Priesthood Council*

Ang mga presidency, council, at bishopric ay pawang nagtatrabaho ayon sa mga alituntunin ng pagkakaisa at pagkakasundo. Ipinaliwanag ni Elder M. Russell Ballard na ang Korum ng Labindalawang Apostol ay nagkakaisa muna ng desisyon bago nila kumilos tungkol sa anumang isyu: "Pinag-uusapan namin ang iba't ibang isyu, mula sa pangangasiwa sa Simbahan hanggang sa mga kaganapan sa mundo, at ginagawa namin ito nang prangkahan at tapatan. Kung minsan tinatalakay ang mga isyu nang ilang linggo, buwan, at paminsan-minsan ay ilang taon pa nga bago kami magdesisyon."[1] Napakahalagang magkaisa sila kaya hindi sila nagdedesisyon hangga't hindi sila nagkakaisa.

Itinuro ng Panginoon ang alituntuning iyon ng pagkakaisa sa mga council kay Joseph Smith: "At bawat pagpapasiyang gagawin ng alinman sa mga korum na ito ay kinakailangang sa pamamagitan ng nagkakaisang tinig ng naturan; na, bawat kasapi sa bawat korum ay kinakailangang sumang-ayon sa mga pasiya nito, upang magawa ang kanilang pagpapasiya sa gayon ding kapangyarihan o bisa sa isa't isa" (D at T 107:27).

Binigyang-diin ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol ang alituntuning ito nang ituro niya, "Hindi tayo makatatanggap ng inspirasyon kung hindi tayo nagkakaisa."[2] Kapag nagkakaisa tayo sa ating layunin at panalangin, inaanyayahan natin ang Espiritu Santo na gabayan tayo at bigyan ng inspirasyon.

### *Sa Tahanan*

Ang pagkakaisa ay angkop sa mga priesthood council, at angkop din sa mag-asawa. Itinuro ng mga Kapatid na ang family council ang pangunahing council ng Simbahan.[3] Pansinin na hindi nila itinuro na ang lalaki ang pinaka-pangunahing council o ang babae ang pinaka-pangunahing council. Silang dalawa ang bumubuo sa council na ito.

Karaniwan na sa mag-asawa ang mahirapan na magkaisa ng desisyon, lalo na kapag mahalaga ang pinagpapasiyahan. Bukod pa riyan, kapag mas iniisip ng bawat isa na siya ang tama kaysa hingin ang opinyon ng isa't isa, "[humihinto] ang pakikipag-usap sa Ama sa Langit, [at] hihinto rin ang pag-uusap ng mag-asawa. At hindi mamamagitan ang Ama sa Langit. Karaniwang hindi Siya nakikialam kapag hindi Siya inaanyayahan."[4] Ang mahalaga ay anyayahan—sa halip na isantabi—ang ating Ama sa Langit sa ating mga pag-uusap. Kung mapakumbaba tayong magtutulungan at makikinig sa isa't isa, mapapasaatin ang mahalagang patnubay ng Panginoon.

Mahalagang gumawa ng desisyon na may patnubay ng Espiritu—lalo na kung ang desisyon ay tila hindi siyang pinakamainam. Ipinaliwanag ni Pangulong George Q. Cannon (1827–1901), Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na sinang-ayunan ng Panginoon ang payo ng nagkakaisang mga pinuno at na pagagandahin Niya ang di-gaanong perpekto nilang plano at "daragdagan ito ng Kanyang karunungan at kapangyarihan at gagawin itong epektibo."[5] Ang pangakong ito ay para sa lahat ng council, kabilang na ang mga mag-asawa.

Gayunman, ang paggawa ng desisyon ay hindi laging kailangang gawin sa pormal na proseso. Itinuro ni Elder Ballard na "kapag nag-uusap ang mag-asawa, nagpupulong na sila bilang pamilya."[6]

Bukod pa riyan, tulad ng hindi tayo inuutusan ng Panginoon sa lahat ng bagay, hindi kailangang magdaos ng council ang mag-asawa para sa bawat desisyon. Dapat magtiwala ang mag-asawa sa isa't isa sa paggawa

**Tulad ng pagsisikap ng mga priesthood council na magkaisa sa kanilang mga desisyon, mahalaga ring magkaisa ang mag-asawa.**

MGA PAGLALARAWAN NI ROBERT CASEY, MALIBAN KUNG IBA ANG NAKASAAD; KANAN: PAGLALARAWAN NI CRAIG DIMOND

ng mga desisyon araw-araw na walang gaanong epekto sa kawalang-hanggan. Sa patnubay ng Panginoon, ng mga banal na kasulatan, at mga salita ng mga propeta, magkasama nilang inaalam ang mga desisyong iyon na kailangan nilang pag-usapan.

## ALITUNTUNIN 2: GANAP NA PAKIKIBAHAGI

### *Sa mga Priesthood Council*

Sa pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno noong Nobyembre 2010, ibinahagi ni Julie B. Beck, Relief Society general president, ang sumusunod na talata sa banal na kasulatan: "Magtalaga sa inyo ng isang guro, at huwag maging mga tagapagsalita ang lahat kaagad; sa halip magsalita nang isa-isa at makinig ang lahat sa kanyang sinasabi, upang kapag ang lahat ay nakapagsalita na ang lahat ay mapasigla ng lahat, at upang ang bawat tao ay magkaroon ng pantay na pribilehiyo" (D at T 88:122). Sinundan ni Elder Walter F. González ng Panguluhan ng Pitumpu ang kanyang mga komento sa pagsasabi na naghihikayat ng inspirasyon ang pakikibahagi.[7] Kapag may pantay na pagkakataon ang lahat na makibahagi, tumitibay ang pinagsama-samang ideya ng bawat isa.

### *Sa Tahanan*

Ang alituntunin ng pakikibahagi ay itinuturo sa atin na mahalagang magtulungan ang mag-asawa sa paggawa ng desisyon. Hindi sapat na isa lang sa kanila ang gagawa ng lahat ng desisyon at sasangayon lang ang isa. Mas nagtatagumpay ang mag-asawa kapag pareho silang hihingi ng inspirasyon at pagkatapos ay makikinig sa mga ideya at damdamin ng isa't isa.

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95): "Ang lalaking nagtataglay ng priesthood ay tinatanggap ang kanyang asawa bilang katuwang sa pamununo sa tahanan at pamilya na may lubos na kaalaman at pakikibahagi sa lahat ng desisyong kaugnay nito. . . . Layon ng Panginoon na ang babae ay maging katuwang ng lalaki (ang ibig sabihin ng *katuwang* ay kapantay)—ibig sabihin, isang asawang may pantay na karapatan at mahalaga sa lubos na pagsasamahan."[8] Nilikha tayo para magtulungan. Kapag inanyayahan at tinanggap natin ang pakikibahagi ng ating asawa, matatamasa natin ang isa sa malalaking biyaya ng buhay may-asawa.

*Ipinaalala sa atin ni Elder Ballard na "hindi dapat kalimutan kailanman ng mga maytaglay ng priesthood na wala silang karapatang gamitin ang awtoridad ng priesthood para takutin ang iba."*

## ALITUNTUNIN 3: PANGUNGULO NANG MATWID

### *Sa mga Priesthood Council*

Ang pag-unawa sa tamang kahulugan ng *pangungulo* ay mahalaga sa pagdaraos ng epektibong priesthood council. Ang mga nangungulo ay "[nagbabantay] sa simbahan" (Alma 6:1) at responsibilidad nilang tiyakin na ang pagkakaisa, pantay na pakikibahagi, at iba pang alituntunin ng pagpapayo ay sinusunod. Ipinaalala sa atin ni Elder Ballard na "hindi dapat kalimutan kailanman ng mga maytaglay ng priesthood na wala silang karapatang gamitin ang awtoridad ng priesthood para takutin ang iba. . . . Ang priesthood ay para maglingkod, hindi mang-alipin; mahabag, hindi mamilit; magmalasakit, hindi magkontrol. Yaong kabaligtaran ang iniisip ay kumikilos nang hindi ayon sa awtoridad ng priesthood."[9]

### *Sa Tahanan*

Ang tungkulin ng lalaki bilang patriarch na nangungulo sa tahanan ay hindi upang maghari sa iba kundi tiyakin na bumubuti ang samahan nilang mag-asawa at ng kanilang pamilya. Ipinaliwanag ni Pangulong David O. McKay (1873–1970) na balang araw ay magkakaroon ng personal na interbyu ang bawat lalaki sa Tagapagligtas: "Una, paguulatin ka Niya tungkol sa pakikitungo mo sa iyong asawa. Ginawa mo ba ang lahat para paligayahin siya at tiyakin na natutugunan ang kanyang mga pangangailangan bilang indibiduwal?"[10]

Pananagutan ng lalaki na maging maunlad at maligaya ang pagsasama nilang mag-asawa, ngunit ang pananagutang ito ay hindi nagbibigay sa kanya ng karapatang pagharian ang kanyang asawa. Kapwa sila may tungkulin sa kanilang pagsasama. Sa matwid na pag-uusap ng mag-asawa magkapareho ang mga kabanalan nila na kapag ginamit ay tutulungan silang magtuon sa isa't isa.

Maaari nating pag-aralan ang ilan sa mga kabanalang ito sa Doktrina at mga Tipan 121:41: "Walang kapangyarihan o impluwensiya na maaari o nararapat na panatilihin sa pamamagitan ng kabanalan ng pagkasaserdote, tanging



sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig."

Hindi natin dapat gamitin ang priesthood para maghari at mag-impluwensya. Samakatwid, hindi tayo maaaring gumamit ng masamang paraan para kontrolin ang ating asawa. Ang tunay na kapangyarihan ay dumarating lamang kapag nagtulungan tayo sa kabutihan at naging karapat-dapat sa mga pagpapala ng Panginoon.

## PAGPAPATATAG NG KASAL NA WALANG HANGGAN

Ang mga mag-asawang may problema o hindi magkasundo sa paghawak ng oras, pera, mga anak, mga biyenan, o iba pang bagay ay dapat pag-isipan na suriing muli ang mga batayang alituntuning napili nilang sundin sa kanilang pagsasama. Mapapabuti ba nila ang kanilang pagsasama sa pagkakaroon ng huwaran na nag-uusap sila nang walang pakunwaring pag-ibig?

Ang mga alituntunin ng pagkakaisa, pakikibahagi, at matwid na pangungulo ay nagtutulot sa atin na makasundo ang ating asawa at maanyayahan ang Espiritu sa ating buhay. Ang pagmamahal at kabaitan ay magpapatigil ng maraming pagtatalo, hahantong sa mas masayang pagsasama, at bubuo ng ugnayang magtatagal nang walang hanggan. ■

**Sa matwid na pagsasanggunian ng mag-asawa, kapwa nila sinisikap—sa pamamagitan ng paggalang, kabaitan, at lubos na pakikibahagi—na patatagin ang pagsasama at magkaisa.**


**MGA TALA**

1. M. Russell Ballard, *Counseling with Our Councils: Learning to Minister Together in the Church and in the Family* (1997), 18–19.
2. David A. Bednar, sa "Panel Discussion," *2010 Worldwide Leadership Training Meeting,* lds.org/broadcasts/archive/worldwide-leadership-training/2010/11.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 251.
4. M. Russell Ballard, "Mga Pagpupulong ng Pamilya: Isang Pakikipag-usap kina Elder at Sister Ballard," *Liahona,* Hunyo 2003, 17.
5. *Gospel Truth: Discourses and Writings of George Q. Cannon,* tinipon ni Jerreld L. Newquist (1957), 163.
6. M. Russell Ballard, "Mga Pagpupulong ng Pamilya," *Liahona,* Hunyo 2003, 14.
7. Tingnan sa "Panel Discussion," *2010 Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno.*
8. Howard W. Hunter, "Being a Righteous Husband and Father," *Ensign,* Nob. 1994, 50–51.
9. M. Russell Ballard, "Strength in Counsel," *Ensign,* Nob. 1993, 78.
10. David O. McKay, sinipi ni Robert D. Hales, "Understandings of the Heart" (mensahe sa debosyonal sa Brigham Young University, Mar. 15, 1988, 8), speeches.byu.edu.



# ANG KARANGALAN AT KAAYUSAN NG Priesthood

**Ni Pangulong Boyd K. Packer**
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol



*"Ang awtoridad at kapangyarihan ng priesthood ay nagsisilbing pundasyon ng lahat ng ginagawa natin sa Simbahan," sabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.*[1] *Sa loob ng mahigit 40-taon niyang paglilingkod bilang miyembro ng Labindalawa, niliwanag ni Pangulong Packer ang pahayag na iyon, na nagbibigay-diin sa priesthood—sa kahalagahan nito, sa tamang paggamit, at sa mga susi nito. Ang sumusunod na mga sipi ay naglalarawan ng ilan sa kanyang mahahalagang turo tungkol sa priesthood, kabilang na ang kanyang patotoo bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo.*

## Ang mga Susi ng Priesthood

"Noong 1976 isang area general conference ang idinaos sa Copenhagen, Denmark. Pagkatapos ng pangwakas na sesyon, hinangad ni Pangulong Spencer W. Kimball [1895–1985] na puntahan ang Simbahan sa Vor Frue kung saan makikita ang mga estatuwa ng *Christus* at ng Labindalawang Apostol na nililok ni Thorvaldsen. . . .

"Sa harapang bahagi ng simbahan, sa likod ng altar, ay nakatayo ang pamilyar na estatuwa ng *Christus* na ang Kanyang mga bisig ay medyo nakaunat, nakikita ang mga bakas ng pako sa mga kamay, at kitang-kita ang sugat sa Kanyang tagiliran. Sa magkabilang tabi nito nakatayo ang estatuwa ng mga Apostol, si Pedro na nasa unahan sa kanang bahagi at nakahanay ang iba pang mga Apostol.

"Karamihan sa aming grupo ay nasa bandang hulihan ng kapilya kasama ang tagapangalaga ng simbahan. Nakatayo ako sa bandang unahan kasama sina Pangulong Kimball, Elder Rex D. Pinegar at Johan Helge Benthin, pangulo ng Copenhagen stake, sa harapan ng estatuwa ni Pedro.

"Sa kamay ni Pedro, na yari sa marmol, naroon ang isang set ng malalaking susi. Itinuro ni Pangulong Kimball ang mga susi at ipinaliwanag ang simbolo nito. Pagkatapos, may ginawa siya na hinding-hindi ko malilimutan, siya ay bumaling kay Pangulong Benthin at itinuro ito nang buong katatagan at sinabi, 'Gusto kong sabihin mo sa lahat ng tao sa Denmark na hawak ko ang mga susi! Hawak natin ang *tunay* na mga susi, at ginagamit natin ito sa araw-araw.'

"Hinding-hindi ko malilimutan ang pahayag na iyan, ang patotoong iyan mula sa propeta. Malakas ang epekto sa espirituwal; at kitang-kita ang pisikal na epekto nito.

"Pumunta kami sa bandang hulihan ng kapilya kung saan nakatayo ang ibang kasama

PANUNUMBALIK NG MELCHIZEDEK PRIESTHOOD, NI WALTER RANE © IRI



*Ang priesthood ay walang lakas na dapat nitong taglayin at hindi ito magkakaroon ng lakas maliban kung ang kapangyarihan ng priesthood ay matatag na nakatuon sa mga pamilya.*

sa grupo. Habang nakaturo sa mga estatuwa, sinabi ni Pangulong Kimball sa mabait na tagapangalaga, 'Patay na ang mga Apostol na ito.' Habang nakaturo sa akin, sinabi niya, 'Narito ang *buhay* na mga Apostol. Si Elder Packer ay isang Apostol. Sina Elder Thomas S. Monson at Elder L. Tom Perry ay mga Apostol, at ako ay isang Apostol. Kami ang mga nabubuhay na Apostol.

"'Nababasa ninyo ang tungkol sa mga Pitumpu sa Bagong Tipan, at narito ang dalawa sa mga nabubuhay na Pitumpu, sina Elder Rex D. Pinegar at Elder Robert D. Hales.'

"Ang tagapangalaga, na hanggang sa mga sandaling iyon ay nakatingin lamang, ay biglang napaluha.

"NapakaespesyaI ng karanasan kong iyon."[2]

## Ang Priesthood ay Hindi Nahahati

"Ang priesthood ay mas makapangyarihan kaysa anuman sa mga katungkulan nito. Sa unang pagtanggap ng isang tao ng Aaronic o Melchizedek Priesthood, iginagawad ito sa kanya sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Matapos igawad sa kanya ang priesthood, siya ay oordenan sa isang katungkulan sa priesthood. Sa priesthood nagmula ang awtoridad ng lahat ng katungkulan.

"Ang priesthood ay hindi nahahati. Taglay ng isang elder ang priesthood na taglay ng isang Apostol (tingnan sa D at T 20:38). Kapag tumanggap ng priesthood ang isang lalaki, tinatanggap niya ito nang buo. Gayunman, may mga katungkulang nakapaloob sa priesthood—mga kani-kanyang awtoridad at responsibilidad. Maaaring gamitin ng isang lalaki ang kanyang priesthood ayon sa mga karapatan ng katungkulan kung saan siya inorden o itinalaga. . . .

"Sinumang maytaglay ng Melchizedek Priesthood o mas mataas na priesthood ay nagtataglay rin ng lahat ng awtoridad ng Aaronic o mas mababang priesthood."[3]

## Ang Panimulang Priesthood

"Ang tawagin itong nakakababang priesthood ay hindi nakakabawas sa kahalagahan ng Aaronic Priesthood. Sinabi ng Panginoon na kailangan ito sa Melchizedek Priesthood. (Tingnan sa D at T 84:29.) Sinumang maytaglay ng nakatataas na priesthood ay dapat ikarangal nang lubos ang pagsasagawa ng mga ordenansa ng Aaronic Priesthood, dahil malaki ang espirituwal na kahalagahan ng mga ito.

"Naranasan ko, bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, na magpasa ng sakramento. Tinitiyak ko sa inyo na hindi maipaliwanag ang nadama kong karangalan at kapakumbabaang gawin ang maaaring isipin ng iba na karaniwang gawain lamang. . . .

"Noong unang panahon inasam ng mga tao ang pagbabayad-sala ni Jesucristo sa pamamagitan ng pag-aalay ng sakripisyo. Ginugunita natin ang pangyayaring iyon sa ordenansa ng sakramento.

"Ang sakripisyong iyon noon, at ang sakramento pagkaraan niyon, ay nakatuon kay Cristo, sa pagtigis ng Kanyang dugo, at pagbabayad-salang ginawa Niya para sa ating mga kasalanan. Ang awtoridad na isagawa ang mga ordenansang ito noon at ngayon ay nasa Aaronic Priesthood.

"Tunay na ito ay isang sagradong responsibilidad at ibinibilang kayo sa isang kapatiran kasama ng mga lingkod ng Panginoon noong

PAGLALARAWAN NI CODY BELL

araw. Hindi nakapagtataka na napapakumbaba tayo kapag nakibahagi tayo sa mga ordenansang itinalaga sa Aaronic Priesthood. . . .

"Ang ilan sa inyo na nakaupo ngayon diyan bilang mga deacon, teacher, at priest ay uupo rito balang araw bilang mga Apostol at propeta at mangungulo sa Simbahan. *Dapat kayong maging handa.*

"Tama ngang tawagin ang Aaronic Priesthood na panimulang priesthood."[4]

### Paanyaya sa mga Magiging Elder

"Ang katungkulan ng elder ay isang tungkuling may dignidad at karangalan, espirituwal na awtoridad at kapangyarihan. Ang salitang 'magiging' ay nagpapahiwatig ng pag-asa at magandang pananaw at posibilidad. Nagsasalita ako sa kanila ngayon, batid na marahil ay aangkop ang mensaheng ito sa marami pang iba. . . .

"Kung magbabalik kayo sa kapaligiran kung saan sinasambit ang mga espirituwal na katotohanan, maaalala ninyo ang mga bagay na inakala ninyong nawala. Lilitaw ang mga bagay na natago nang maraming taon dahil hindi nagamit at hindi nagalaw. Madaragdagan ang kakayahan ninyong unawain ang mga ito. . . .

"Kung babalik kayo sa piling ng mga Banal, hindi magtatagal at mauunawaan ninyong muli ang mga salitang nagbibigay-inspirasyon. At bago pa man ninyo malaman, parang hindi naman kayo nalayo kahit kailan. Ah, napakahalagang malaman ninyo na kung babalik kayo, maipadarama sa inyo na parang hindi kayo nalayo. . . .

"Hindi magtatagal at madarama ninyo na ganap at karapat-dapat kayo sa Kanyang Simbahan at sa Kanyang kaharian. At malalaman ninyo kung gaano kayo lubhang kailangan dito at gaano kabisa ang inyong karanasan sa pagtubos sa iba."[5]

### Mga Tungkulin sa Priesthood

"Ang tawag ay higit pa sa isang imbitasyon o kahilingan. Ito'y tawag mula sa Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang piling tagapaglingkod. Maraming taon na nang makaranas na magparating ng tawag si Pangulong Spencer W. Kimball, na noo'y pangulo ng isang stake sa Arizona. Bakante noon ang pagka-pangulo sa organisasyon ng Young Men sa stake. Iniwan ni Pangulong Kimball ang kanyang mesa sa bangko, binagtas ang kalye makalampas ng ilang pintuan papasok sa isang bahay-kalakal, at sinabing, 'Jack, gusto mo bang maging pangulo ng Young Men sa stake?'

"Sabi ni Jack, 'Naku, Spencer, baka hindi ako ang tinutukoy mo.'

"Sabi niya, 'Ikaw. Bata ka pa, at mahusay kang makisama sa mga kabataan. Magiging mabuti kang pangulo.'

"At katulad ng inisip ni Pangulong Kimball, di kanais-nais ang naging pag-uusap dahil tinanggihan ni Jack ang tawag. Nagbalik siya sa bangko, naupo sa kanyang mesa, na nagngingitngit sa kanyang kabiguan. Pagkatapos ay natanto niya ang dapat niyang gawin. Iniwan niya ang kanyang mesa, binagtas ang kalye—patungo sa pintuan ding iyon, sa tao ring iyon—tinawag ito sa pangalan, at sinabing, 'Noong nakaraang Linggo nagpulong ang stake presidency para pag-usapan ang bakante sa pagka-pangulo ng Young Men. Ipinagdasal namin iyon, at pinag-usapan. Sa huli, habang nakaluhod, nagtanong kami tungkol doon at nakatanggap ng inspirasyon mula sa Panginoon na ikaw ang dapat tawagin. Bilang tagapaglingkod ng Panginoon, narito ako para ihatid ang tawag sa iyo.'

"Sabi ni Jack, 'Sige, Spencer, kung 'yan ang sabi mo.'

"At sabi niya, 'Yan ang sabi ko.'"[6]

"Dapat malaman ng bawat elder na ang tawag ay higit pa sa isang paanyaya o kahilingan, higit pa nga sa isang takdang-gawain. Napakadalas nating marinig ang mga salitang, 'Hinilingan akong maglingkod bilang tagapayo sa elders quorum presidency.' Mas tamang sabihing, "Tinawag akong maglingkod bilang tagapayo.'

"Hindi natin tinatawag ang ating sarili sa mga katungkulan sa Simbahan. Sa halip ay tumutugon tayo sa tawag ng mga nangungulo sa atin. Responsibilidad ng mga nangungulo na mapanalanging tanungin ang Panginoon kung

*Ang priesthood ay hindi nahahati. Taglay ng isang elder ang priesthood na taglay ng isang Apostol. Kapag tumanggap ng priesthood ang isang lalaki, tinatanggap niya ito nang buo. Gayunman, may mga katungkulang nakapaloob sa priesthood—mga kani-kanyang awtoridad at responsibilidad.*

*Ang kapangyarihan sa priesthood ay nagmumula sa tapat at masunuring pamumuhay sa pagtupad ng mga tipan. Nag-iibayo ito sa pamamagitan ng matwid na paggamit ng priesthood.*

ano ang Kanyang kalooban hinggil sa isang katungkulan sa Simbahan. Sa gayon ay umiiral ang alituntunin ng paghahayag. Ang tawag ay ipababatid pagkatapos ng namumunong lider na kumakatawan sa Panginoon."[7]

### Ang Kahalagahan ng Ordinasyon

"Ang priesthood ay iginagawad sa pamamagitan ng ordinasyon, hindi lamang sa pamamagitan ng pakikipagtipan o pagtanggap ng basbas. Ganyan na sa simula pa lang. Anuman ang ipalagay o ipahiwatig o ipahayag nila sa anumang sinabi o isinulat, noon o ngayon, partikular na pag-oorden sa isang katungkulan sa priesthood ang paraan, at tanging paraan, ng paggagawad nito noon pa man at hanggang ngayon.

"At napakalinaw na isinaad sa mga banal na kasulatan na ang tanging balidong paggawad ng priesthood ay mula sa 'isang may karapatan at alam sa simbahan na siya ay may karapatan at maayos na inordenan ng mga pinuno ng simbahan' [D at T na:11]. . . .

"Huwag kaligtaan ang simple at malinaw na alituntuning iyan: Ang priesthood ay laging iginagawad sa pamamagitan ng ordinasyon ng isang maytaglay ng wastong awtoridad, at alam sa Simbahan na taglay niya ito. At kahit naigawad na ang priesthood, ang isang tao ay walang awtoridad na higit pa sa taglay ng partikular na katungkulan kung saan siya inorden. Ang mga limitasyong iyon ay angkop din sa isang katungkulang itinalaga sa isang tao. Ang mga ordinasyon at pagtatalaga na ibinigay nang walang awtoridad ay walang kabuluhan, ni kapangyarihan ni karapatan ng priesthood."[8]

### Ang Kapangyarihan ng Priesthood

"Napakaganda ng nagawa natin sa pamamahagi ng *awtoridad* ng priesthood. Naitatag natin ang awtoridad ng priesthood sa halos lahat ng dako. Mayroon tayong mga korum ng mga elder at high priest sa buong mundo. Ngunit sa palagay ko nauna ang pamamahagi ng *awtoridad* ng priesthood kaysa *kapangyarihan* ng priesthood. Ang priesthood ay walang lakas na dapat taglayin at hindi magkakaroon ng lakas maliban kung matatag na nakatuon ang *kapangyarihan* ng priesthood sa mga pamilya na tulad ng nararapat. . . .

"Nasa atin ang awtoridad ng priesthood. Matapos ang lahat ng pinag-ugnay-ugnay at inorganisa natin, responsibilidad natin ngayong pakilusin ang *kapangyarihan* ng priesthood sa Simbahan. Ang *awtoridad* sa priesthood ay nakukuha sa pamamagitan ng ordinasyon; ang *kapangyarihan* sa priesthood ay nagmumula sa tapat at masunuring pamumuhay sa pagtupad ng mga tipan. Nag-iibayo ito sa pamamagitan ng matwid na paggamit ng priesthood.

"Ngayon, mga ama, ipaaalala ko sa inyo ang kabanalan ng inyong tungkulin. Taglay ninyo ang kapangyarihan ng priesthood mula mismo sa Panginoon para protektahan ang inyong tahanan. May mga panahon na lahat ng tumatayong kalasag sa pagitan ng inyong pamilya at ng kasamaan ng kaaway ay siyang magiging kapangyarihang iyon. Tatanggap kayo ng tagubilin mula sa Panginoon sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo."[9]

"Ang *kapangyarihan* na matatanggap ninyo ay depende sa ginagawa ninyo sa sagrado at di-nakikitang kaloob na ito.

"Ang inyong awtoridad ay nagmumula sa inyong ordinasyon; ang inyong kapangyarihan ay nagmumula sa inyong pagsunod at pagkamarapat. . . .

"Ang kapangyarihan ng priesthood ay nagmumula sa paggawa ng inyong tungkulin sa mga karaniwang bagay: pagdalo sa mga pulong, pagtanggap ng mga gawain, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagsunod sa Word of Wisdom."[10]

### Mga Tunay na Lingkod ng Panginoon

"Wala tayong nababalitaang mga susi ng priesthood na ginagamit sa ibang mga simbahang Kristiyano. Tila kakatwang sabihin ng ilan na tayo ay hindi Kristiyano samantalang tayo lamang ang may awtoridad at nasa atin ang organisasyon na Kanyang itinatag.

"Ang kasalukuyang Labindalawa ay napakaordinaryong mga tao. Hindi sila pambihirang

indibiduwal, tulad ng orihinal na Labindalawa, ngunit sa kabuuan ang Labindalawa ay isang grupo na may kapangyarihan.

"Iba't iba ang aming trabaho. Kami ay mga siyentipiko, abugado, at guro.

"Si Elder [Russel M.] Nelson ay isang siruhano sa puso. . . .

"Ilan sa Korum na ito ay [naglingkod] sa militar—isang marinero, mga sundalong marino, mga piloto.

"Iba-iba ang naging katungkulan nila sa Simbahan: mga home teacher, guro, misyonero, quorum president, bishop, stake president, mission president, at higit sa lahat, mga asawa at ama.

"Lahat sila ay mag-aaral at guro ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang dahilan ng pagkakaisa namin ay ang aming pagmamahal sa Tagapagligtas at sa mga anak ng Kanyang Ama at ang aming patotoo na Siya ang namumuno sa Simbahang ito.

"Halos lahat ng Labindalawa ay nanggaling sa abang pinagmulan, tulad noong narito Siya. Ang buhay na Labindalawa ay nagkakaisa sa ministeryo ng ebanghelyo ni Jesucristo. Nang sila ay tinawag, iniwan ng bawat isa ang kanyang mga lambat, tulad ng binanggit ko, at sumunod sa Panginoon."[11]

"Pinatutunayan ko sa inyo na ang 14 na kalalakihang ito na inorden kasama ko ay tunay na mga Apostol. Sa pagsasabi nito, wala na akong ibang sasabihin maliban sa itinuro ng Panginoon, maliban sa maaaring ihayag sa sinumang naghangad nang may matapat na puso at tunay na layunin ng patotoo ng Espiritu.

"Ang mga kalalakihang ito ay mga lingkod ng Panginoon; makinig sa kanilang payo."[12]

## Patotoo ng Isang Apostol

"Kulang ako ng maraming katangian. Kulang ang kakayahan ko sa paglilingkod. May iisang bagay lamang, isang kuwalipikasyon na magpapaliwanag nito. Tulad ni Pedro at [ng] lahat ng mga noon pa man ay naordenan, nasa akin ang patotoong *iyon*.

"Alam ko na ang Diyos ang ating Ama. Ipinakilala Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo kay Joseph Smith. Ipinahahayag ko sa inyo na alam ko na si Jesus ang Cristo. Alam ko na Siya ay buhay. Siya ay isinilang sa kalagitnaan ng panahon. Itinuro Niya ang Kanyang ebanghelyo at nagdanas ng pagsubok. Siya ay pinahirapan at ipinako at nabuhay [na] muli sa ikatlong araw. Siya, tulad ng Kanyang Ama, ay may katawang may laman at buto. Isinakatuparan Niya ang Kanyang Pagbabayad-sala. Siya ay aking pinatototohanan. [Saksi Niya ako]."[13] ■



*Mga ama, ipaalala ko sa inyo ang kabanalan ng inyong tungkulin. Taglay ninyo ang kapangyarihan ng priesthood mula mismo sa Panginoon para protektahan ang inyong tahanan.*

**MGA TALA**

1. "Paano Igawad ang Priesthood: Ang Doktrina, ang Alituntunin, at ang Pagsasagawa," *Pandaigdigang Miting sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Hunyo 21, 2003, 1.
2. "Ang Labindalawa," *Liahona,* Mayo 2008, 85.
3. "What Every Elder Should Know—and Every Sister as Well: A Primer on Principles of Priesthood Government," *Tambuli,* Nob. 1994, 17; tingnan din sa *Ensign,* Peb. 1993, 8.
4. "The Aaronic Priesthood," *Ensign,* Nob. 1981, 30–31.
5. "An Appeal to Prospective Elders," *Ensign,* Mayo 1975, 104, 105, 106.
6. "Paano Igawad ang Priesthood," *Pandaigdigang Miting sa Pagsasanay sa Pamumuno,* Hunyo 21, 2003, 1–2.
7. "What Every Elder Should Know," *Tambuli,* Nob. 1994, 21–22.
8. "The Temple, the Priesthood," *Ensign,* Mayo 1993, 20.
9. "Ang Kapangyarihan ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2010, 7, 9.
10. "The Aaronic Priesthood," *Ensign,* Nob. 1981, 32, 33.
11. "Ang Labindalawa," *Liahona,* Mayo 2008, 85–86.
12. "The Twelve Apostles," *Ensign,* Nob. 1996, 8.
13. "Ang Labindalawa," *Liahona,* Mayo 2008, 87.

PAGLALARAWAN © IRI

# *Ang Inyong mga Tungkulin sa* AARONIC PRIESTHOOD

*Naorden na kayo sa Aaronic Priesthood. Ano ang dapat ninyong gawin ngayon?*

**Ni Paul VanDenBerghe**
Mga Magasin ng Simbahan

Maaaring isa kang bagong deacon, na bagong orden noong nakaraang Linggo, o isang teacher na tumutulong sa paghahanda ng sakramento bawat linggo. O kaya ay isa kang mahusay na priest, matalino sa mga proyektong pangserbisyo at sa paggabay sa nakababatang mga teacher at deacon sa kanilang mga bagong responsibilidad. Ngunit sa lahat ng maytaglay ng priesthood ay iisa ang tagubilin ng Panginoon: "Ang bawat tao . . . ay matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig" (D at T 107:99).

Pero saan kayo maaaring pumunta para matutuhan ang tungkuling ito? Ang unang dapat tingnan ay ang mga banal na kasulatan. Gugustuhin ninyong pag-aralan, lalo na, ang mga bahagi sa Doktrina at mga Tipan kung saan inisa-isa ang mga tungkulin ng Aaronic Priesthood: bahagi 20:46–60, 72–79; at bahagi 84:111.

Ang isa pang magandang sanggunian ay ang buklet na *Pagtupad sa Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood*. Hinati sa buklet na ito ang inyong mga responsibilidad sa priesthood sa tatlong bahagi: (1) "Pangasiwaan ang mga Ordenansa ng Priesthood," (2) "Paglingkuran ang Iba," at (3) "Anyayahan ang Lahat na Lumapit kay Cristo." Sa bahaging "Mga Tungkulin sa Priesthood" para sa bawat katungkulan—deacon, teacher, at priest—makakakita kayo ng mga karagdagang banal na kasulatan na pag-aaralan at mga mungkahi sa paggawa ng sarili ninyong plano upang mas maunawaan ninyo ang inyong mga tungkulin sa priesthood.

Tingnan natin sandali ang ilan sa mga pangunahing tungkulin ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood.

## Mga Deacon

Ang deacon ay nagpapakita ng mabuting halimbawa sa mga kapwa miyembro ng korum at iba pang mga miyembro ng Simbahan. Matwid ang kanyang pamumuhay at nananatili siyang karapat-dapat na gumamit ng priesthood.

Nagpapasa siya ng sakramento. Ito ang isa sa mga pinakasagradong tungkulin ng isang deacon. Sa paggawa ng deacon ng tungkuling ito, siya ay isang kinatawan ng Panginoon. Dapat siyang maging karapat-dapat na magbigay ng mga simbolo ng sakramento sa mga miyembro ng Simbahan. Dapat siyang manamit at kumilos sa paraang magpapakita ng kasagraduhan ng sakramento. Kung maaari, dapat siyang magsuot ng puting polo.

Ang isang deacon ay tumatayong

**Ang maorden sa Aaronic Priesthood ay nagbibigay ng partikular na mga karapatan, responsibilidad, at tungkulin. Para malaman ang mga ito, basahin muna ang mga banal na kasulatan. Ang isa pang magandang sangguniin ay ang buklet na *Pagtupad sa Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood.***



MGA PAGLALARAWAN NI CODY BELL



mangangaral, "[itinalaga] na [pangalagaan] ang simbahan" (D at T 84:111). Sila rin ay "magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (D at T 20:59). Kabilang sa responsibilidad na ito ang pakikipagkaibigan sa mga miyembro ng korum at sa iba pang mga kabataang lalaki, pagpapabatid sa mga miyembro ng mga pulong sa Simbahan, pagsasalita sa mga pulong, pagbabahagi ng ebanghelyo, at pagpapatotoo.

Siya ay tumutulong sa bishop sa "pangangasiwa ng . . . bagay na temporal" (D at T 107:68). Maaaring kabilang sa responsibilidad na ito ang pagkolekta ng handog-ayuno, pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, pangangalaga sa meetinghouse at bakuran nito, at pagiging mensahero ng bishop sa mga pulong ng Simbahan.

Nakikibahagi siya sa pag-aaral sa korum sa pamamagitan ng pagiging aktibong mag-aaral ng ebanghelyo. Kabilang sa iba pang mga tungkulin ang tulungan ang mga miyembro na matugunan ang kanilang temporal na mga pangangailangan, maghanda para sa misyon at maglingkod sa misyon, suportahan at tulungan ang pangulo ng korum, gawing aktibo ang mga kabataang lalaking kaedad nila, at mag-aral ng ebanghelyo.





### MAGKAROON NG HUSTONG KAISIPAN AT MAGING KAGALANG-GALANG

"Nananawagan kami sa inyong magigiting na kabataan na pakasikaping 'isilang na muli.' Ipagdasal na matanggap ninyo ang malaking pagbabagong ito sa inyong buhay. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Higit sa lahat hangaring makilala ang Diyos at maging katulad ng Kanyang Banal na Anak. Masiyahan sa inyong kabataan ngunit 'iwan ang mga bagay ng pagkabata':

"Iwasan ang usapang walang-kabuluhan at hangal.

"Layuan ang lahat ng kasamaan.

"Iwasang makipagtalo.

"Magsisi kapag kailangan.

"Tutulungan kayo nitong magkaroon ng hustong kaisipan at maging kagalang-galang. Ang mga katangian ng katapangan, ng pagiging mapagkakatiwalaan, kababaang-loob, mapanampalataya, at kabutihan ay mapapasainyo. Hahangaan kayo ng mga kaibigan, pupurihin kayo ng mga magulang, aasa sa inyo ang mga kapatid sa priesthood, at titingalain kayo ng mga young women at magiging mas mabuting tao sila dahil sa inyo. Bibigyan kayo ng Diyos ng karangalan at ang inyong paglilingkod sa priesthood ay pagkakalooban ng *kapangyarihan mula sa kaitaasan*."

**Bishop Keith B. McMullin, Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric, "Ang Kapangyarihan ng Aaronic Priesthood,"** ***Liahona,*** **Nob. 2011, 48–49.**

## Mga Teacher

Nasa teacher ang lahat ng responsibilidad ng isang deacon. Responsibilidad niya rin ang mga sumusunod:

Naghahanda siya ng sakramento. Responsibilidad ng mga teacher na laging ihanda ang sakramento para sa sacrament meeting. Ang paghahanda ng sakramento ay magandang halimbawa ng paglilingkod na walang hinihintay na papuri sa paggawa nito. Kadalasan hindi alam ng mga miyembro na ang mga teacher ang naghahanda ng sakramento, ngunit ginagawa pa rin ang paglilingkod, at nalulugod ang Panginoon dahil ito ay tunay na paglilingkod.

"Ang tungkulin ng mga guro [teacher] ay pangalagaan ang simbahan tuwina, at makapiling at palakasin sila" (D at T 20:53). Ang isang paraan para magawa niya ito ay maglingkod bilang home teacher.

Kailangan niyang "tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama" (D at T 20:54). Kabilang sa responsibilidad na ito ang pagiging tagapamayapa sa pamamagitan ng pagtulong sa mga miyembro na pakitunguhang mabuti ang isa't isa. Dapat niyang hikayatin ang mga nasa paligid niya na laging tingnan ang mabuti sa iba.

Kailangan niyang "tiyakin na ang simbahan ay madalas na samasamang nagtitipon, at tiyakin din na lahat ng kasapi ay gumagawa ng kanilang mga tungkulin" (D at T 20:55). Bahagi ng responsibilidad na ito ang anyayahan ang iba na magsimba.

## Mga Priest

Nasa priest ang lahat ng responsibilidad ng deacon at teacher. Responsibilidad niya rin ang mga sumusunod:

Siya ang nangangasiwa sa [hapag ng sakramento]. Ang karangalang mangasiwa sa sakramento ay ibinibigay sa mga priest, na siyang nag-aalay ng panalangin sa sakramento. Ang isang priest ay dapat maging pamilyar sa mga panalangin sa sakramento, manamit nang angkop, at maghugas ng mga kamay bago isagawa ang ordenansang ito. Higit sa lahat, ang mga priest ay dapat maging karapat-dapat na isagawa ang sagradong ordenansang ito bilang mga kinatawan ng Tagapagligtas.

Isa pang tungkulin ng mga priest ang magbinyag kapag binigyan ng awtoridad ng bishop o branch president (tingnan sa D at T 20:46). Ang pagbibinyag na may wastong awtoridad ay isa sa pinakamahahalaga at sagradong ordenansa sa Simbahan, dahil sa ordenansang ito tayo nagiging mga miyembro ng Simbahan,

pinatatawad sa ating mga kasalanan, at tumatahak sa landas tungo sa kahariang selestiyal.

"Ang tungkulin ng saserdote [priest] ay mangaral, magturo, magpaliwanag, [at] manghikayat" (D at T 20:46). Ibig sabihin nito ang priest ay tinawag upang ituro sa iba ang mga alituntunin ng ebanghelyo. At para maituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo, dapat niya munang matutuhan ang mga ito. Malaking tulong ang responsibilidad na ito kapag naghanda siyang maglingkod sa full-time mission.

Siya ay dapat "dumalaw sa bahay ng bawat kasapi, at hikayatin silang manalangin nang malakas at nang lihim at isagawa ang lahat ng tungkulin na pang mag-anak" (D at T 20:47). Nagagawa ito ng priest kapag ginampanan niya ang kanyang responsibilidad bilang home teacher at binisita ang mga pamilyang nakatalaga sa kanya.

Siya ay may awtoridad na igawad ang Aaronic Priesthood at ordenan ang ibang priest, teacher, at deacon kung pahihintulutan ng bishop o branch president (tingnan sa D at T 20:48). Ang kapangyarihang igawad ang Aaronic Priesthood ay sagrado.

### Mga Kabataang Babae at ang Priesthood

Kahit iginagawad lamang ang awtoridad ng priesthood sa karapat-dapat na mga lalaking miyembro ng Simbahan, ang mga pagpapala ng priesthood ay para sa lahat—at ang mga pagpapalang ito ay para din sa mga lalaki at babae, mga bata, mayayaman at mahihirap. Lahat ng anak ng Diyos ay may pribilehiyong tumanggap ng gayunding nakapagliligtas na mga ordenansa ng priesthood.

Bilang mga piling anak na babae ng Diyos, lahat ng kabataang babaeng nabinyagan ay nakatanggap din ng kaloob na Espiritu Santo. Sila ay may karapatang maghangad at mapapagpala ng mga espirituwal na kaloob tulad ng "kaloob na mga wika, propesiya, paghahayag, mga pangitain, pagpapagaling, pagbibigay-kahulugan sa mga wika, at iba pa" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:7). Kapag ang mga kabataang babae ay namuhay nang matwid at nagsikap maglingkod sa iba sa pamamagitan ng pagtanggap at pagpapaunlad ng mga kaloob na ito ng Espiritu, ang kanilang halimbawa ng kabutihan ay magiging malakas na impluwensya sa mga kabataang lalaking sa paligid nila.

Paano makakatulong ang mga kabataang babae na maging karapat-dapat na maytaglay ng priesthood ang mga kabataang lalaki? Isang binatilyo ang sumagot: "Palagay ko ang dalawang pinakamalaking magagawa nila ay ang manamit nang maayos at maging mabait sa lahat. Nakakatulong sa akin ang maayos nilang pananamit na maging maganda ang naiisip ko, at matitingnan ko pa sila habang nag-uusap kami!"

### Tutulungan Kayo ng Ama sa Langit

Kapag naunawaan at nagampanan ninyong mga deacon, teacher, at priest ang inyong mga tungkulin sa priesthood, daranas kayo ng galak na nagmumula sa pangangasiwa sa mga ordenansa ng priesthood, paglilingkod sa iba, at pag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo. Sa kanilang mensahe sa mga maytaglay ng Aaronic Priesthood, isinulat ng Unang Panguluhan: "Malaki ang tiwala ng Ama sa Langit sa iyo at may mahalagang misyon na ipagagawa sa iyo. Tutulungan ka Niya kapag nananalangin ka sa Kanya, nakikinig sa mga panghihikayat ng Espiritu, sumusunod sa mga kautusan, at tumutupad sa mga tipang iyong ginawa" (*Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos* [2010], 5). ■



**Kahit iginagawad lamang ang awtoridad ng priesthood sa karapat-dapat na mga lalaking miyembro ng Simbahan, ang mga pagpapala ng priesthood ay para sa lahat, lalaki man o babae.**

### KARAGDAGANG KAALAMAN TUNGKOL SA MGA TUNGKULIN SA PRIESTHOOD

Bisitahin ang **DutytoGod.lds.org** para sa impormasyon, mga video, at mga kuwento tungkol sa mga tungkulin ng priesthood at Tungkulin sa Diyos.


# PUMUNTA KA SA MISSION HOME!

Kinabukasan pagkauwi ko sa bahay namin sa Ghana mula sa aking misyon sa Ivory Coast, nagising ako nang alas-6:00 n.u. Bandang hapon pa ako kakausapin ng stake president para i-release, kaya nagpasiya akong matulog muna. Nang patulog na ako, biglang may pumasok sa isipan ko: "Magpunta ka sa Cape Coast mission home." Alam ko ang Ghana Cape Coast Mission home, pero wala akong ideya kung bakit kailangan kong pumunta roon nang umagang iyon.

Matapos isipin ang mga ito, hindi na ako mapalagay sa impresyong nadama ko, kaya nagpunta ako sa mission home. Papunta roon namroblema ako kung ano ang sasabihin ko sa mission president. Alam kong itatanong niya kung bakit ako bumisita, kaya sinubukan kong maghanda ng angkop na sagot.

Pagdating ko, hindi ko pa rin alam ang isasagot. Pinapasok ako ng mission president, si Melvin B. Sabey, sa kanyang opisina, na iniisip na nagpunta ako roon para magpa-release sa kanya. Pagkaraan ng ilang tanong, sinabi sa akin ni President Sabey na magpunta ako sa stake president para ma-release.

"Alam ko po iyan, President," sagot ko.



*Tinanong ako ng mission president ng mismong tanong na pilit kong hinahanapan ng sagot: "Bakit ka narito ngayong umaga?"*

Huminto siya sandali at tinanong ako ng mismong tanong na pilit kong hinahanapan ng sagot: "Bakit ka narito ngayong umaga, Elder Mobio?"

"President Sabey, wala po akong maisasagot sa tanong na iyan," sabi ko. "Basta naramdaman ko na lang po kaninang umaga na kailangan kong magpunta rito."

Huminto siya sandali at mahinang sinabi sa akin, "Elder Mobio, ang pagdating mo rito ang tulong na ipinagdasal ko kahapon." Ipinaliwanag niya na kadarating lang ng mga assistant niya na may kasamang mga bagong misyonero. May kasama silang isang Ivorian, ang unang misyonerong nagsasalita ng French na natanggap niya, at hindi niya alam kung paano kakausapin ito. Pagkatapos ay sinabi niya, "Natitiyak ko na dininig ng Ama sa Langit ang pag-aalala ko kagabi."

Sa wakas ay nalaman ko ang dahilan ng naramdaman ko nang umagang iyon. Agad naming pinuntahan ang mga bagong misyonero, at naginterpret ako para sa Ivorian elder sa unang araw niya sa misyon.

Pagkaraan ng pitong buwan nagbalik ako sa Ivory Coast para magpanibago ng pasaporte at ibahagi ang magandang karanasang iyon sa mission president ko. Sabi niya sa akin, "Tayo ay mga kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon. Alam niya kung paano at kailan tayo gagamitin sa Kanyang gawain."

Alam ko na kung pagtutuunan nating mabuti ang maluwalhating gawaing ito ng Ama sa Langit, hindi tayo kailangang mag-alala. Kailangan lang nating makinig sa mga paramdam ng marahan at banayad na tinig at hayaang gabayan tayo ng Panginoon. ■

Felicien Dogbo Mobio, Ghana

MGA PAGLALARAWAN NI G. BJORN THORKELSON

# NAKINIG AKO SA IKALAWANG PAGKAKATAON

Malapit na akong makatulog noong gabi bago ako nagbiyahe nang pumasok sa isipan kong bumili ng rim at gulong para sa 15-taon na naming minivan, na nakuha namin na walang reserba. Kinabukasan naging abala ako at nalimutan ko na ang naisip ko. Isinakay namin sa van ang tatlong anak namin at gamit at nagpunta na kami sa bahay ng tatay ko na apat na oras lakbayin.

Sa daan, sumabog ang gulong ng van. Ipinahila namin ang van sa pinakamalapit na bayan para palitan ang gulong. Tatlong ulit ang taas ng presyo ng rim at gulong kumpara sa lugar namin, at 90 minuto ang naubos namin sa paghihintay. Napahalagahan ko ang mga paramdam ng Espiritu at nagpasiya akong sundin ang mga ito sa susunod.

Apat na taon at dalawa pang anak ang naragdag mula noon, muli kaming nagplanong bisitahin ang tatay ko, na ngayon ay 13 oras lakbayin. Noon ay iba na ang van namin, na 14 na taon nang nagamit. Mga isang linggo bago kami umalis, nadama ko na kailangan kong palitan ang reserbang gulong ng van. Dahil naalala ko ang una kong karanasan, sinunod ko ang paramdam. Dalawang araw pa mula noon naisip kong bumili ng ilang ratchet tie-down [matibay na panali] para gamitin sa kambiyo na tinalian namin dati ng lubid. Kailangan ko ng dalawa pero apat ang binili ko. Inilagay ko ang dalawang sobra sa aming emergency kit.


Nang pauwi na kami mula sa pagbisita kay Itay, huminto kami para bumili ng pagkain. Habang kinukuha ko ang ilang bagay mula sa isang lalagyan sa bubong ng van, hinawakan ng tatlong-taong-gulang kong anak ang sliding door. Bumagsak ito sa lupa! Salamat na lang at hindi siya tinamaan nito. Halos 500 milya (805 km) pa ang lalakbayin namin pauwi isang Biyernes ng gabi, kaya pilit kong ikinabit ang pinto para makabiyahe na kami, pero wala ito sa lugar at naririnig namin ang ingay sa daan habang nagbibiyahe kami. Tumabi akong muli at ginamit ko ang isa sa mga ekstrang panali para italing mabuti ang pinto.

Ilang oras pa at nagsimulang umuga nang malakas ang van. Kumalampag nang malakas ang umuugang pinto, pero hindi ito natanggal sa pagkakatali. Huminto ako at nakita ko na nawalan pala ng belt ang isa sa mga gulong. Dali-dali ko itong pinalitan ng bagong gulong na binili ko ilang linggo bago iyon, at nakabiyahe na kaming muli.

Nagpapasalamat ako sa mga paramdam ng Espiritu Santo, na tinulungan kaming maging ligtas sa aming mga biyahe. Alam kong pangangalagaan tayo ng Ama sa Langit kung makikinig tayo sa "marahan at banayad na tinig" (I Mga Hari 19:12; tingnan din sa 1 Nephi 17:45; D at T 85:6), susundin ang Kanyang mga paramdam, at hihingi ng tulong kapag kailangan natin ito. ■

Matthew D. Flitton, Mga Magasin ng Simbahan

***Nagsimulang umuga nang malakas ang van. Tumabi ako at nakita ko na nawalan pala ng belt ang isa sa mga gulong.***



# NAGTATANIM AKO NG MGA BINHI

Sa isang business ethics class para master's program ko sa Schiller International University sa Heidelberg, Germany, pinagawa ng 20-minutong oral presentation ang bawat estudyante sa pagtatapos ng semestre. Itinanong ng propesor kung maaari akong magsalita tungkol sa ethics batay sa pananaw ng isang Banal sa mga Huling Araw.


Nabinyagan ako sa edad na 18 at tinawag na magmisyon sa Brazil pagkaraan ng isang taon. Mula noon patuloy ko nang ibinahagi ang ebanghelyo sa maraming tao.

Alam ko na isang hamon ang talakayin ang mga isyung pangrelihiyon sa isang unibersidad, pero tinanggap ko ang hamon. Nagpasiya akong maghanda ng isang paglalahad mula sa impormasyong makukuha sa Mormon.org.

Ang mga estudyante sa unibersidad na pinapasukan ko ay mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Halu-halo rin ang mga estudyante sa ethics class ko, na may 18 estudyante mula sa iba't ibang bansa.

Sinimulan ng dalawang estudyante mula sa India ang ethics presentation at sinundan ng isang estudyante mula sa Myanmar. Ako ang huling naglahad. Nagsalita ako tungkol sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," Mga Saligan ng Pananampalataya, at iba pang mga paksa ng ebanghelyo. Noon lang nakarinig ang marami sa mga estudyante tungkol sa Simbahan.

Nagtapos ako sa aking patotoo tungkol sa ebanghelyo at sa kahalagahan ng paggawa ng tama sa kabila



***Pagkatapos ng paglalahad ko inulan ako ng iba't ibang klaseng tanong. Ang 20-minuto kong paglalahad ay naging isang oras.***

ng masamang impluwensya sa ating paligid. Sa huli, binigyan ko silang lahat ng Aklat ni Mormon sa sarili nilang wika. Pagkatapos ng paglalahad ko inulan ako ng iba't ibang klaseng tanong. Ang 20-minuto kong paglalahad ay naging isang oras.

Nang sumunod na araw ng pasukan, isang kaibigang taga-India ang nagsabi sa akin na humanga siya sa paglalahad ko at nabasa na niya ang ilang bahagi ng Aklat ni Mormon. Ang kanyang kaibigan, na mula rin sa India, ay humingi rin ng kopya. Kalaunan isang kaibigang taga-Myanmar ang nagsabi sa akin na masaya siyang marinig ang tungkol sa Simbahan, lalo na ang mga turo tungkol sa pamilya at sa batas ng kalinisang-puri dahil naniniwala siya sa mga alituntuning iyon. Nangako siyang basahin ang Aklat ni Mormon.

Pinasalamatan ako ng mga kaibigan ko mula sa Ghana sa pagkukuwento sa kanila tungkol sa Panunumbalik, at nangako na sisikapin nilang makita ang templo sa Accra. Sinabi sa akin ng kaibigan ko mula Liberia na inspirasyon sa kanya ang mensahe ko at nagbigay ito sa kanya ng pag-asa para sa hinaharap.

Nalulugod ako na pinagtibay ng Espiritu ng Panginoon ang aking mensahe. Maaaring hindi natin laging makita ang epekto ng ating mga sinasabi, pero alam ko na ang paglalahad na ginawa ko sa klase ay magkakaroon ng bunga sa hinaharap. Umaasa ako na balang araw ay tatanggapin ng ilan sa mga tao sa klaseng iyon ang ebanghelyo at maging kasangkapan sila sa mga kamay ng Panginoon sa pagpapalaganap ng mensahe ng Panunumbalik sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao (tingnan sa D at T 133:37). ■

Abel Chaves, Germany

# PAANO MO NALAMAN NA KAILANGAN KANG MAGPUNTA RITO?

Noong ako ay 33 taong gulang, namatay sa tumor sa utak ang asawa ko. Naiwan ako na palakihing mag-isa ang tatlong anak namin. Mahirap ang panahong iyon sa buhay ko, ngunit ang payo ng Panginoon na "lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti" (D at T 122:7) ay nagbigay sa akin ng tapang na magpatuloy.

Kalaunan ay nag-asawa akong muli at lumipat sa isang bagong ward, kung saan tinawag ako bilang Relief Society president. Isang araw habang naglilinis ako ng bahay, malinaw na pumasok sa isip ko na bisitahin ang isang di-gaanong aktibong sister na namatayan ng asawa kamakailan. Hindi ko pinansin ang impresyong iyon, dahil marami pa akong ibang dapat gawin sa araw na iyon. Nakakahiya mang sabihin, dalawang beses ko pang natanggap ang impresyong iyon bago ako nagpasiyang kumilos.

Pagdating ko sa bahay ng sister nang gabing iyon, madilim ito. Pinindot ko ang doorbell at naghintay ako. Kumatok ako nang malakas at naghintay pa nang kaunti.

Nang papaalis na ako, bumukas ang ilaw sa balkonahe, at dahan-dahang bumukas ang pinto. Nag-aatubiling isinungaw ng sister ang kanyang ulo. Hindi ko malilimutan kahit kailan ang itinanong niya: "Paano mo nalaman na kailangan kang magpunta rito?" Sinabi niya na maghapon siyang umiiyak at nadama niya na hindi niya kayang mabuhay na wala ang kanyang asawa.

Dalawang oras kaming nag-usap nang gabing iyon. Hindi ko na gaanong matandaan ang napag-usapan namin, pero naaalala kong sinabi ko sa kanya na, "Alam ko ang pinagdaraanan mo." Tiniyak ko sa kanya na



***Nang papaalis na ako, bumukas ang ilaw sa balkonahe, at dahan-dahang bumukas ang pinto. Isinungaw ng sister ang kanyang ulo.***

maiibsan din ang lungkot sa paglipas ng panahon at pinangangalagaan siya ng Panginoon. Habang nag-uusap kami, napansin ko na napalitan ng kapanatagan ang dalamhati sa kanyang mukha.


Pagkatapos naming mag-usap, niyakap ko siya nang mahigpit. Nagpasalamat ako na nabigyan ako ng inspirasyong bisitahin siya. Alam ko na itinulot ng ating mapagmahal na Ama sa Langit na tulungan ko Siyang matulungan ang magiliw na sister na ito sa oras ng kanyang pangangailangan. ■


Sherrie H. Gillett, Utah, USA

# Pagkakatipon NA Nagkakaisa SA PANANAMPALATAYA

*Ang mga center for young adults ay nagbibigay ng mga pagkakataon na matutuhan ang ebanghelyo, makihalubilo, magawa ang gawaing misyonero at magpaaktibo.*

**Ni Stephanie J. Burns**







***Itaas, mula ibabaw: Barbara Matovu, Sam Basnet, Elisabeth Olsen.***

Barbara Matovu mula sa Uganda. Sam Basnet mula sa Nepal. At Elisabeth Olsen mula sa Norway. Tatlong magkakaibang tao, tatlong magkakaibang bansa. Gayunpaman sina Barbara, Sam, at Elisabeth ay pawang nagtipon sa iisang lugar, sa center for young adults sa Oslo, Norway, sa ilalim ng isang katotohanan: ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Ang tatlong ito ay sumapi sa Simbahan sa Oslo, nang maturuan ng mga misyonero sa center for young adults. Ang mga pasilidad na tulad ng nasa Oslo ay naglalaan ng lugar para makisalamuha sa mga aktibidad, matuto sa mga klase ng institute, gumamit ng computer at Internet, mag-aral para sa paaralan, at magluto rin.

Lumipat si Barbara sa Norway mula sa Uganda noong 1998, noong siya ay siyam na taong gulang. Makalipas ang sampung taon, habang naninirahan sa Oslo, inanyayahan siya ng dalawang misyonero na pag-aralan ang ipinanumbalik na ebanghelyo, at sinabing maaari silang magkita sa center for young adults. Nag-alinlangan si Barbara.

"Naisip ko sa sarili, 'Isa na namang youth center,'" pag-amin niya. "Marami na akong napuntahang ganoong lugar noon, at talagang hindi ako naging komportable kailanman sa isa man sa mga iyon."

Pero napatunayan na kakaiba ang center na ito. "Namangha ako nang una akong pumasok sa pintuan nito," paggunita ni Barbara. "Sandali akong natigilan, at sinubukan kong alamin ang damdamin ko. Nakadama akong sigla at pagmamahal. Natiyak ko na nasa tamang lugar ako, kasama ang tamang mga tao, para sa tamang dahilan."

### Pagkakatipon sa mga Center for Young Adults

Ang inisyatibong magtayo ng mga center for young adults ay nagsimula noong 2003. Pinalawak ng mga center ang layunin ng institute sa pamamagitan ng pag-aalok hindi lamang ng mga klaseng pang-relihiyon; ang mga young single adult ay may pagkakataon ding maglingkod sa center activities council, tulungan ang mga full-time missionary sa pagtuturo at pagpapaaktibo sa mga kaedad nila, at makasalamuha ang isang senior couple na nangangasiwa sa buong gawain. Ang mga lider ng priesthood sa lugar, sa ilalim ng pamamahala ng mga Area Seventy, ang nagpapasiya kung kailangan ng mga center sa kani-kanilang lugar.


Ang unang 4 na center ay nasa Copenhagen, Denmark, at sa Berlin, Hamburg, at Leipzig, Germany. Ang unang 4 na iyon ay dumami at naging 141 noong 2011, sa iba't ibang lugar tulad ng Sweden at Cyprus. Marami pang itinatayo sa iba pang mga bahagi ng mundo, kabilang na ang Estados Unidos at Africa.

KANAN AT KABILANG PAHINA: MGA LARAWANG-KUHA NINA SIMON JONES (COVENTRY, ENGLAND); JERRY GARNS (SAN DIEGO, CALIFORNIA, USA); HENRIK ALS (COPENHAGEN, DENMARK); GLENDA STONEHOCKER (SOWETO, SOUTH AFRICA)





*Ang mga young adult ay may mga pagkakataong maglingkod sa center activities council, tulungan ang mga full-time missionary sa pagtuturo at pagpapaaktibo sa mga kaedad nila, at makasalamuha ang isang senior couple.*







Sina Gerald at Nancy Sorensen ay naglingkod sa center for young adults sa Trondheim, Norway. Nakilala nila roon ang mga young adult mula sa iba't ibang bansa, kabilang na ang Afghanistan, China, Ghana, Iran, Iraq, Mozambique, Netherlands, Nigeria, Russia, Turkey, at Ukraine.

"Maraming wika, kaugalian, at edukasyon at relihiyon," pagpuna ni Brother Sorensen, "pero nais ng lahat ng young adult na ito na makaalam pa tungkol sa kanilang Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Nang makilala namin sila at malaman ang kanilang mga pangarap at pagsubok, naging madali nang ituring na anak ng Diyos ang bawat isa sa kanila. Madaling makita na sinagot ng Diyos ang kanilang mga dalangin at pinatnubayan ang kanilang mga hakbangin, na nagpapakita ng Kanyang dakilang pagmamahal sa kanila."

Nadarama ni President Armand Johansen ng Norway Oslo Mission na may dahilan kaya inaakay ang mga young adult sa center, kabilang na ang pagsasanay sa kanila para sa mga responsibilidad sa hinaharap. "Ang Simbahan sa Norway ay lalo pang kabibilangan ng mga miyembrong magkakaiba ang pinagmulan," wika niya. "Tinutulungan ng mga center ang mga young adult na malaman kung paano harapin iyon, na maunawaan kung gaano kahalaga ang Simbahan bilang institusyong pinagkakaisa ang lahat ng kultura at tao," sabi ni President Johansen. "Itinuturing ko ang mga center bilang mga lugar na nagbibigkis, kung saan nababawasan ang mga hadlang sa pakikisalamuha at pagkakapantay-pantay."


### Nagkakaisa kay Cristo

Naaalala pa ni Barbara Matovu ang unang pagkakataon na isinama siya ng mga misyonero sa center para sa isang aktibidad para makilala ang iba pang mga young single adult. Akala niya ay alam na niya kung ano ang makikita niya roon.

"Sa buong buhay ko, lagi akong may kinabibilangang grupo," paliwanag ni Barbara. "At laging may tatak ang mga grupong ito—grupong pang-isport o pang-internasyonal o iba pang grupo. Kaya nang magdatingan ang mga tao sa center, talagang kakaiba dahil parang walang may ugaling 'Kabilang ako sa







*Ang unang 4 na center for young adults ay naging 141, at marami pang plano para sa iba pang mga bahagi ng mundo.*

popular na grupo, kaya hindi kita maaaring kausapin.'

"Noong una, naisip ko, 'Umaarte lang ba sila? Kunwari lang ba ito?' Pero kalaunan natanto ko na hindi talaga mahalaga kung sino tayo o saan tayo nanggaling o anong wika ang sinasalita natin. Ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit ay para sa lahat. Karaniwan ay medyo matagal bago ako makahanap ng sasalihang grupo, pero sa pagkakataong ito nadama ko na hindi ko kailangang mapabilang sa isang grupo. Basta ako si Barbara, at maaari akong maging si Barbara para sa lahat."

Sinabi ni Elisabeth Olsen na napakumbaba siyang maunawaan ang kanyang katayuan sa kanyang banal na pamilya. "Kapag may nakilala kang mga tao mula sa ibang kultura o lipunan, napakadali silang tatakan. Natutuhan ko na higit pang imulat ang aking mga mata at tingnan ang mga tao sa paningin ni Cristo," wika niya. "Sa center, iba't iba ang kultura naming lahat, pero may isang bagay na karaniwan sa aming lahat: gusto naming makapiling na muli si Jesucristo at ang Diyos."

### Pagiging Isa pero Hindi Magkakatulad

Maaaring pangilagan ng ilan ang ideyang magkaisa dahil iniisip nila na mangyayari lamang ito kung babalewalain ang pagkakaiba-iba ng bawat isa. "Maraming taong takot sa relihiyon dahil iniisip nila na gagawin tayo nitong pare-pareho, dahil magkakapareho ang mga kautusang sinusunod natin," paliwanag ni Elisabeth. "Pero hindi ganoon iyon. Nilikha tayo ng Diyos na magkakaiba. Maaaring magkakapareho tayo ng paniniwala, pero magkakaiba tayo ng mga katangian at kaloob, at iyan ang dahilan kaya tayo magkakaiba. Nais ng Diyos na magkaiba-iba tayong lahat dahil magkakaiba ang misyon nating lahat."

Ipinaabot din ni Sam Basnet ang pag-aalala ng kanyang mga kaibigan na naniniwala na mahigpit ang mga tuntuning pang-relihiyon. "Sinabi sa akin ng isang kaibigan, 'Kung magsisimba ka, kailangan mong sundin ang mga tuntunin ng iba,'" pag-uulat niya. Pero sinusunod ni Sam ang mga pamantayan ng Simbahan dahil mapanalangin siyang naghangad ng personal na paghahayag para mapagtibay ang kanyang mga ginagawa.

At sa pamamagitan ng pag-kausap ng Diyos sa bawat isa sa Kanyang mga anak ay napagkakaisa Niya sila, paliwanag ni Sam. "Sinabi ng Diyos na bawat bansa at bawat dila ay sasambahin Siya" (tingnan sa Mosias 27:31), wika niya. "Sa pagkilala sa iba't ibang tao, natututuhan kong pahalagahan ang iba't ibang kultura. Sa pagdanas ng gayong pagkakaiba-iba, nadama ko rin na, oo, may dakilang plano ang Diyos na pagkaisahin tayo sa kapayapaan."



### LAKAS NA NAGMUMULA SA KAALAMAN NA LAHAT TAYO AY ANAK NG DIYOS

"Naroon ang lakas maging sa ating pagkakaiba-iba. Ngunit may higit na lakas sa iniutos ng Diyos sa bawat isa sa atin na pasiglahin at tulungan ang lahat ng Kanyang anak, anuman ang kanilang pinagmulang lipi o kultura o iba pang pagkakaiba-iba."

**Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 664.**

### Pagdating sa Huling Lugar na Pagtitipunan

Bagama't pinasasalamatan ng mga young adult na ito ang bisa ng pagkakatipon sa isang center for young adults, nauunawaan ng magiging mga lider na ito ng Simbahan na simula pa lamang ito. Tulad ng itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang isa sa pinakamahahalagang lugar na pagtitipunan ay ang templo.[1]

Nakapaghanda na si Sam na pumasok sa bahay ng Panginoon sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mabubuting kaibigan sa center. "Sa pagkilala sa mga taong nagmula sa napakaraming iba't ibang lugar, nakatulong ito para maging positibo ang damdamin ko tungkol sa mundo," wika niya. "Gusto kong

LARAWAN NI PANGULONG HINCKLEY © BUSATH PHOTOGRAPHY

maging mabuting halimbawa sa mga kaibigan ko, at naging mas marapat ako sa Diyos at sa pagpasok sa Kanyang templo dahil dito."

Isang buwan matapos mabinyagan, unang naisip ni Barbara na dumalo sa templo habang nasa isang family home evening lesson siya sa center. Pagkatapos ng lesson, nagsimula na siyang magtatanong.

"Ang pagkakaroon ng mga kaibigan na nauunawaan ang kahulugan ng templo sa kanila ay nakatulong para maunawaan ko ang maaaring maging kahulugan ng templo para sa akin. Nang magpaliwanag sila sa akin tungkol sa templo, nadama ko ang Banal na Espiritu," paggunita ni Barbara. "Natanto ko na lahat ng lugar na naisip kong pagkasalan—isang magandang simbahan o dalampasigan—ay hindi maikukumpara sa templo. Mula sa sandaling iyon, hindi na basta isang gusali lamang ang templo. Isang bagay ito na gusto kong asamin at isang lugar na papasukin namin ng mapapangasawa ko balang-araw."

Isinama rin ni Elisabeth ang templo sa kanyang pinakamahahalagang mithiin. "Tuwing nakakapunta ako sa templo, nakangiti lang ako na para bang nanalo ako ng isang milyong dolyar," wika niya. "Alam ko na gusto ng Diyos na makapunta ang lahat doon at matanggap ang lahat ng pagpapala at kaloob na inilaan Niya para sa atin. Ang pagpasok at pagiging karapat-dapat sa templo ay tunay na tagumpay. Makakapasok ako sa templo at magiging pinakamalapit sa Diyos—ang pinakamalapit sa tahanan—sa abot ng makakaya ko sa mundong ito."

Ang kahariang selestiyal, mangyari pa, ang huling lugar na pagtitipunan, kung saan ayaw ni Barbara na magkaroon ng mga bakanteng silya. "Sinabi ni Cristo na sa pamamagitan lamang Niya tayo makakalapit sa Ama sa langit, pero sinabi rin Niya na ang isa sa pinakamalalaking bagay na magagawa natin sa buhay ay ang paglingkuran ang isa't isa [tingnan sa Juan 21:15–17]. At ang paglilingkod sa isa't isa ay pagtulong sa isang tao na makabalik sa Ama sa Langit, dahil hindi mo nais na bumalik nang mag-isa." ■

**TALA**

1. Tingnan sa David A. Bednar, "Marangal na Humawak ng Pangalan at Katayuan," *Liahona,* Mayo 2009, 97.

## PAGKAKATIPON MULA SA IBA'T IBANG PANIG NG MUNDO

Ang mga center for young adults ng Simbahan ay inorganisa sa ilalim ng pamamahala ng awtoridad ng priesthood, na kadalasan ay mula sa Area Seventy. Nitong 2011, ang mga center ay matatagpuan sa 3 bansa sa Africa, 28 bansa sa Europa, 7 estado sa Estados Unidos, at sa Dominican Republic. Para sa karagdagang impormasyon, kausapin ang inyong bishop o branch president.



Mga bansang may center for young adults.

**Africa**
Democratic Republic of the Congo
South Africa
Zimbabwe

**Central America**
Dominican Republic

**Europa**
Albania
Austria
Belgium
Cape Verde
Cyprus
Czech Republic
Denmark
England
Finland
France
Germany
Greece
Hungary
Iceland
Ireland
Italy
Moldova
Netherlands
Norway
Poland
Portugal
Romania
Scotland
Slovenia
Spain
Sweden
Switzerland
Wales

**Estados Unidos**
Arizona
California
Georgia
Indiana
Louisiana
New Mexico
Wisconsin

# Mga Tanong at mga Sagot

## "Kung minsan nahihirapan ako kapag iniisip ko ang lahat ng bagay na kailangan kong gawin upang maipamuhay ang ebanghelyo. Saan ako magsisimula?"


Mahirap ang buhay kapag pinipilit mong gawin nang sabay-sabay ang napakaraming bagay. Halimbawa, kung pinilit mong magpunta sa seminary, paaralan, trabaho, templo, at Mutual sa isang araw, mahihirapan ka. Pero kung uunahin mo ang mga aktibidad na pang-ebanghelyo at magpaplano ka ng oras para dito, uunlad ka. Ang mga aktibidad na pang-ebanghelyo tulad ng seminary, pagdarasal, at Tungkulin sa Diyos o Pansariling Pag-unlad ay ilan sa pinakamahahalagang bagay na magagawa mo bilang tinedyer. Oo, nangangailangan ito ng ekstrang oras, pero pagpapalain ka sa bawat sakripisyong ginagawa mo para maging masunurin.

Upang malaman kung paano maglaan ng oras para sa mga aktibidad na ito, maghangad ng inspirasyon sa pamamagitan ng pagdarasal at pag-iisip kung paano mo gagamitin ang iyong oras. Ang Linggo ay magandang araw para planuhin ang mga aktibidad sa simbahan at iba pang mahahalagang aktibidad para sa buong linggo. Makakatulong din na talakayin ang tanong na ito sa iyong mga magulang at lider ng Simbahan.

Kapag inisip mo ang lahat ng kailangan mong gawin, alalahanin na ang mga klase, programa, at aktibidad sa Simbahan ay binigyang-inspirasyon—tutulungan ka ng mga ito na mapalakas ang iyong patotoo, masunod ang mga utos, at maghanda sa pagmimisyon at makasal sa templo.

Kapag nagsikap kang maging tapat sa ebanghelyo, ang Panginoon ay "maghahanda ng paraan" (1 Nephi 3:7) para tulungan kang sundin ang Kanyang mga utos, kahit nahihirapan ka. Ang pagsunod sa mga utos ay mag-aanyaya ng Espiritu sa iyong buhay. At ang pagdama sa Espiritu ay magpapaalam sa iyo na umuunlad ang iyong espirituwalidad.

### Gawin ang Maliliit at Simpleng mga Bagay



Sa ngayon ay hindi pa inaasahan ng Panginoon na maging perpekto tayo sa lahat ng bagay, pero nais Niyang gawin natin ang lahat ng makakaya natin. Kung mangahulugan iyon ng pagsisimula sa mahahalagang bagay tulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdarasal araw-araw, malulugod Siya sa ating mga pagsisikap. Kapag handa tayong ipamuhay ang ebanghelyo at gawin ang maliliit at simpleng mga bagay na hinihingi sa atin, lahat ng tila mahirap na bagay na iniuutos Niya sa atin ay hindi na magiging napakahirap pa.

*Hunter D., edad 17, Tennessee, USA*

### Ipamuhay ang Ebanghelyo Kasama ang Iyong Pamilya



Napakahalagang ipamuhay ang ebanghelyo kasama ang ating pamilya. Masisimulan nating ipamuhay ito kasama sila sa pamamagitan ng pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan bilang pamilya, family home evening, at paggawa ng family history. Malaking tulong ang mga pangunahing alituntuning ito para lubos na maunawaan ang magagawa ng ebanghelyo ni Jesucristo sa ating buhay.

*Cherry O., edad 19, Davao, Pilipinas*

### Gawin ang Makakaya Mo



Nalaman ko na kapag pinilit mong gawin ang lahat ng bagay, maaari kang mahirapan. Kung sisikapin mo lang gawin ang lahat ng makakaya mo bawat araw, hindi ka mahihirapan. Kung makikinig ka sa Espiritu Santo at mananatiling malapit sa Panginoon sa pamamagitan ng pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, maaayos ang mga bagay-bagay at di-maglalaon ay kahihinatnan mo ang taong nais ng Panginoon na kahinatnan mo. Sinikap kong maging halos perpekto at nag-alala ako na baka hindi sapat ang ginagawa ko, pero hindi iyon ang nais ng Panginoon. Ang makadama ng kakulangan at hindi maganda sa iyong sarili ay hindi mula sa Panginoon. Kaya




*Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.*

ibigay mo lang sa Kanya ang lahat ng makakaya mo, at mapapayapa at magagalak ka sa buhay.
*Zandi C., edad 16, Wyoming, USA*

### Humingi ng Tulong sa Panginoon


Magbasa ng mga banal na kasulatan at manalangin araw-araw. Laging hangaring maging sensitibo sa Espiritu Santo. Tutulungan ka ng Ama sa Langit na ipamuhay ang ebanghelyo. Laging humingi ng Kanyang tulong. Hingin ang Kanyang patnubay para magawa mo ang inaasahan Niyang gawin mo. Sa bawat tamang pasiyang ginawa mo, madarama mo ang presensya ng Espiritu. Dahil diyan gugustuhin mong gumawa ng iba pang tamang mga pasiya.
*Thaís S., edad 15, Rio Grande do Sul, Brazil*

### Magtiwala sa Panginoon



Narito ang ebanghelyo para tulungan tayo, hindi para mag-alala tayo. Kung may tiwala tayo sa Panginoon, maaari tayong magtiwala sa Kanyang ebanghelyo. Kapag may tiwala ka, hindi magiging napakahirap ipamuhay ang ebanghelyo dahil nauunawaan mo kung bakit mo ito ipinamumuhay.
*Charlotte R., edad 14, Utah, USA*


### Magtuon sa Kasalukuyang Gawain



Huwag isipin ang lahat ng bagay na kailangan mong gawin sa buong buhay mo; isipin kung ano ang kailangang gawin ngayon. Gawin mo ang lahat ng makakaya mo, at tutulungan ka ng Ama sa Langit na magawa ito. Halimbawa, habang naghahanda akong magturo ng isang seminary lesson tungkol kay Pangulong Thomas S. Monson, inisip ko kung paano ko mapapanatiling nakikinig, natututo, at interesado ang pitong bata (na pawang mas matatanda sa akin). Nagpasiya ako na sikaping makabahagi ang lahat hangga't kaya ko. Mabuti naman ang kinalabasan! Kaya't gawin lang ang lahat ng makakaya mo sa ginagawa mo.
*Bethany F., edad 15, Kentucky, USA*

### Unti-unting Pag-unlad

Sinabi ng Panginoon na bibigyan Niya tayo ng doktrina nang "taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" (2 Nephi 28:30). Huwag nating asahang maunawaan ang ebanghelyo nang minsanan, kundi kapag nagsimula tayo sa mahahalagang alituntunin—pag-ibig sa kapwa, pananampalataya, at pag-asa—at pinag-aralan natin ang mga banal na kasulatan, ipinamuhay natin ito araw-araw, at lagi tayong magdarasal, unti-unti tayong uunlad at makikita natin na napapalapit tayo kay Cristo.
*Riley C., edad 16, Utah, USA*



### MAGSIMULA SA MAHAHALAGANG ALITUNTUNIN

"Ang magagaling na iskultor at pintor ay gumugugol ng di-mabilang na oras sa pagperpekto ng kanilang mga talino. Hindi nila ginagamit ang pait o pinsel at paleta, na umaasang mapeperpekto iyon kaagad. Nauunawaan nilang magkakamali sila habang sila'y natututo, gayunman, nagsimula sila sa mahalaga, na inuuna ang pinakamahahalagang bagay.

"Gayundin tayo.

"Nagiging dalubhasa tayo ng ating buhay sa gayunding paraan—sa pagtutuon muna sa mahahalagang bagay. Marami tayong magagandang ideya sa mahahalagang desisyon na kailangan nating gawin—na magpapabuti ng ating buhay at magdudulot sa atin ng matinding ligaya at kapayapaan. Dito tayo dapat magsimula. Dito tayo dapat magsikap nang husto."

**Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Tatlong Pipiliin," *Liahona,* Nob. 2003, 80.**

### SUSUNOD NA TANONG

"May problema ang kapatid ko sa pornograpiya. Nakausap na niya ang bishop namin tungkol dito, kaya gusto ko siyang suportahan, pero naapektuhan nito ang tiwala ko sa kanya. Paano ko haharapin ito?"

Ipadala ang inyong sagot bago sumapit ang Hulyo 15, 2012, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo sa:

*Liahona,* Questions & Answers 7/12
50 E. North Temple St., Rm. 2420
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong mga magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.



**Ni Elder**
**Neil L. Andersen**
Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

# Sapat na ang Alam Mo

*Nangyayari ang ating pagbabalik-loob nang paunti-unti, nang taludtod sa taludtod. Una tayong sumasalig sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo.*

Mahigit 40 taon na ang nakararaan pinag-isipan kong magmisyon, nakadama ako ng labis na kakulangan sa kakayahan at paghahanda noon. Naaalala kong idinalangin ko ito, "Ama sa Langit, paano po ako makakapagmisyon kung kaunti lang ang alam ko?" Naniniwala ako sa Simbahan, pero kakaunti ang espirituwal na kaalaman ko. Habang nagdarasal ako, may nadama ako: "Hindi mo alam ang lahat, pero sapat na ang alam mo!" Ang katiyakang iyon ay nagbigay sa akin ng tapang na gawin ang susunod na hakbang para magmisyon.

Ang ating espirituwal na paglalakbay ay habambuhay na proseso. Hindi natin alam ang lahat sa simula o maging habang tayo ay naglalakbay. Nangyayari ang ating pagbabalik-loob nang paunti-unti, nang taludtod sa taludtod. Una tayong sumasalig sa pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Pinahahalagahan natin ang mga alituntunin at ordenansa ng pagsisisi, pagbibinyag, at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo. Isinasama natin ang patuloy na pagdarasal, kahandaang sumunod, at patuloy na [pagpapatotoo] sa Aklat ni Mormon.

Sa gayon nananatili tayong matatag at matiyaga habang umuunlad tayo sa buhay na ito. Kung minsan, ang sagot ng Panginoon ay, "Hindi mo alam ang lahat, ngunit sapat na ang alam mo"—sapat para masunod ang mga utos at gawin ang tama. Alalahanin ang mga salita ni Nephi: "Alam kong mahal niya ang kanyang mga anak; gayon pa man, hindi ko nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay" (1 Nephi 11:17).

Bawat isa sa atin ay may mga sandaling nakadarama tayo ng espirituwal na kapangyarihan, mga sandali ng inspirasyon at paghahayag. Dapat nating ikintal ang mga ito sa kaibuturan ng ating mga kaluluwa. Sa paggawa nito, inihahanda natin ang ating espirituwal na imbakan sa mga sandaling nahihirapan tayo. Sabi ni Jesus, "Pagpasiyahan ninyo ito sa inyong mga puso, na gagawin ninyo ang lahat ng bagay na aking ituturo sa inyo, at iuutos sa inyo" (Joseph Smith Translation, Luke 14:28 [sa Luke 14:27, footnote *b*]).

Ilang taon na ang nakalipas, isang kaibigan ko ang namatayan ng anak na babae sa isang malagim na aksidente. Naglaho ang pag-asa at mga pangarap. Hindi makayanan ng kaibigan ko ang lungkot na nadama niya. Nagsimula siyang magduda sa mga itinuro sa kanya at sa mga itinuro niya bilang misyonero. Sinulatan ako at hinilingan ng kanyang ina na basbasan ko ang kanyang anak. Nang ipatong ko ang aking mga kamay sa kanyang ulunan, nadama kong sabihin ang isang bagay na hindi ko naisip sa gayong paraan noon. Ang impresyong dumating sa akin ay: Ang pananampalataya ay hindi lamang isang damdamin; ito ay isang desisyon. Kailangan niyang piliing manampalataya.

Hindi alam ng kaibigan ko ang lahat, ngunit sapat na ang alam niya. Pinili niyang



PAGLALARAWAN NI ANNIE HENRIE





manampalataya at sumunod. Lumuhod siya. Bumalik ang kanyang espirituwalidad.

Ilang taon matapos kong basbasan ang aking kaibigan, nakatanggap ako ng liham mula sa kanyang anak na nasa misyon. Puno ito ng pananalig at patotoo. Nang basahin ko ang maganda niyang liham, nakita ko kung gaano napagpala ang sumunod na henerasyon sa pagpili ng isang ama na manampalataya sa napakahirap na sandali.

Mga hamon, paghihirap, pagtatanong, pagdududa—ang mga ito ay bahagi ng buhay natin sa lupa. Ngunit hindi tayo nag-iisa. Bilang mga disipulo ng Panginoong Jesucristo, mayroon tayong malaking espirituwal na imbakan ng liwanag at katotohanan. Hindi maaaring magsabay ang takot at pananampalataya sa ating puso. Sa panahong nahihirapan tayo, pinipili natin ang landas ng pananampalataya. Sabi ni Jesus, "Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang" (Marcos 5:36).

Sa paglipas ng mga taon paulit-ulit nating ginagawa ang mahahalagang espirituwal na hakbang na ito. Nalalaman natin na, "siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw" (D at T 50:24). Ang ating mga tanong at pagdududa ay nalulutas o hindi na gaanong bumabagabag sa atin. Nagiging payak at dalisay ang ating pananampalataya. Nalalaman natin ang alam na natin. ■

*Mula sa isang mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2008.*

*Isasakripisyo ba ninyo ang pagkakataong makamtan ang pangarap ninyo sa buhay para makapagmisyon?*

**Ni Elyse Alexandria Holmes**



# Paglalaan ng Panahon para MAKAPAGMISYON

Pawisan ang mukha, nakatitig sa bola ang sikat na Australian rugby na si William Hopoate. Kaharap ng kanyang koponan, ang Blues, na kumakatawan sa New South Wales, ang kanilang kalaban, ang Maroons mula sa Queensland, sa pinakamatinding labanan ng taon. Matapos ang unang 20 minuto, nahuhuli na ang koponan ni Will at kailangan nilang makahabol kaagad. Maraming gustong patunayan si Will dahil ito ang una niyang laban sa koponan. Siya rin ang pinakabatang manlalaro sa kanyang koponan at pangalawang pinakabatang naglaro sa mga kompetisyon sa Estado ng Origin.

Nakatingin si Will nang ipasa ang bola sa kanyang kakampi at saka ito inihagis sa kanya. Lumundag siya para saluhin ito. Nasalo niya! Hawak ang bola, mabilis na tumakbo si Will papunta sa goal line. Katabi ang depensa sa kanan niya, agad siyang tumakbo patawid sa field. Ilang yarda na lang at aabot na siya sa goal. Sa pinakadulo ng field, sa pagitan ng muntikang pag-iskor at paglampas, halos kapos na sa oras si Will. Ginamit niya ang buo niyang lakas, lumundag nang may pananampataya patungo sa goal, at ibinalibag ang bola sa lupa. Sandaling natigilan ang lahat. Nakaiskor ba siya? Pagkatapos ay narinig niyang nagsigawan ang mga manonood!

### Paglaki sa Larong Rugby

Noong 4 na taong gulang si Will, ini-enroll siya ng kanyang mga magulang sa rugby club sa kanilang lugar. Napakabata pa niya, pero kahit na, mahilig si Will sa "footy" (slang ng "rugby"). Noong edad 12 na si Will, naging higit pa sa laro ang rugby para sa kanya at napili siyang maglaro sa isang junior league team. Sa edad na 16 naglaro siya sa junior professional league team.

Sa Australia, kapag edad 20 na ang mga manlalaro, sapat na ang edad nila para propesyonal na maglaro sa isang liga ng matatanda. Kahit 18 pa lang si Will, kabilaan na ang alok sa kanya. Maraming gustong kumuha sa kanya. Isang koponan ang nag-alok sa kanya ng kontrata na nagkakahalaga ng 1.5 million Australian dollars—na hindi kadalasang inaalok sa mga manlalaro sa kanyang edad. Pero hindi iyon ang plano ni Will sa malapit na hinaharap. Nagpasiya na si Will na magmisyon.

### Pagpapasiyang Magmisyon

Nang kailanganing ibalita ni Will kung magmimisyon siya o tatanggapin ang kontrata sa rugby league, madali siyang nakapagpasiya. "Bata pa ako ay nakatuon na ang puso't isipan ko sa pagmimisyon, at nangako ako sa sarili na hindi ko tutulutang baguhin ng kamunduhan ang isipan ko," wika niya.

Maaaring itanong ng mga tao, Paano na ang pera? ang mga kontrata? ang propesyonal na paglalaro ng rugby—na matagal na niyang pangarap sa buhay? Paano mag-iiba ang kanyang buhay kung tinanggap niya ang kontrata? "Makakatulong iyon sa kabuhayan ng pamilya ko. Magiging maayos din ang kinabukasan ko hanggang sa susunod na ilang taon," pag-amin niya.

Pero bakit hindi niya tinanggap ang alok? "Ang pagmimisyon ay iniuutos ng Panginoon sa akin, sa mga binata sa Simbahan," wika niya. "Isang paraan ito ng pasasalamat sa Panginoon para sa lahat ng nagawa Niya para sa akin sa 19 na taon ko rito sa mundo. At sa pagtatapos ng araw, palagay ko hindi ako ganito kasaya kung hindi ako magmimisyon. Nagpasiya akong magmisyon dahil ang footy ay lagi lang nariyan."

Marami ang nagtaka at nagulat sa ibinalita ni Will. Sa pagkukuwento tungkol sa kanyang mga kaibigang hindi miyembro, sinabi niya, "Hindi nila nauunawaan ang tunay na dahilan ng aking pag-alis; nakikita lang nila na hindi

LARAWANG KUHA NI BY BRYAN ROWLAND



ako makakalaro nang dalawang taon." Sinabi ni Will sa kanila, "Nagtuturo ako sa mga tao tungkol kay Jesucristo at naglilingkod sa kapwa. Ito ang gusto kong gawin." Matapos marinig ang paliwanag ni Will, lalo siyang sinuportahan ng kanyang mga kaibigan.

**Paghahandang Maglingkod**

Natanto ni Will na hindi sapat na gusto mo lang magmisyon. Alam niya na mahalagang maghanda. Ang isang bagay na ginawa niya ay sumama siya sa pagtuturo ng mga full-time missionary. "Nang hilingin ng mga misyonero na sagutin ko ang mga tanong, parang dumaloy ang mga salita sa isipan ko na hindi ko alam na makakatulong sa investigator na mas makaunawa pa," wika niya. "At ang ilan sa mga investigator na tinuturuan nila—nang kasama ako—ay nabinyagan na kamakailan. Pinagpala akong makita iyon."




Si Will ay naglilingkod ngayon sa Australia Brisbane Mission, ngunit hindi niya tuluyang tinalikuran ang larong rugby. Kahit hindi siya makalaro, naglilingkod siya bilang misyonero nang may kasigasigang tulad ng paglalaro niya ng rugby. Bago siya magmisyon sinabi niya, "Pareho ang pagkahilig at sigla sa paglalaro ng rugby at paglilingkod sa Panginoon. Sa isport kailangan ay masigasig ka para magtagumpay. Maiuugnay mo iyan sa gawaing misyonero dahil masigasig akong maghanap ng mga taong gustong makinig sa ebanghelyo."

**Marangal na Pagbabalik**

Kapag umaalis ang isang sikat na manlalaro sa isports sa loob ng ilang panahon, at lalo na sa loob ng dalawang taon, iniisip ng mga tao, ano ang mangyayari pagbalik niya? Alam ni Will na sa pagmimisyon, marami siyang tatalikuran, ngunit alam niya rin na tinalikuran niya ito para sa mas mabuting bagay. "Palagay ko malaking sakripisyo ito, pero handa akong gawin ito," wika niya. "Maraming maaaring mangyari, at ang dalawang taon ay mahabang pahinga sa isport. Sa akin lang, gusto kong bumalik at maglaro ng footy."

Kahit noon pa niya pangarap sa buhay na maglaro ng rugby, nauunawaan ni Will ang mga walang hanggang pagpapalang dulot ng pagmimisyon. "Sa larong rugby, palaging naroon ang tuwa sa pagkapanalo at pag-iskor, ngunit ang kagalakang iyon ay magtatagal lamang nang ilang linggo o ilang araw. Ganoon lamang katagal ang katuwaan mo," paliwanag niya. "Sa kabilang banda, mapapangiti ka magpakailanman kapag nagsimba ang isang kaibigan o mga investigator at nalaman na mapagpapala ng ebanghelyo ang kanilang buhay magpakailanman." ■

KALIWA: LARAWANG KUHA NI MARK METCALFE © GETTY IMAGES; ITAAS: LARAWANG KUHA NI MICHAEL RAMIREZ




# ANG HIMALA NG ESPIRITUWAL NA PAGPAPAGALING

**Ni Elizabeth Stitt**

Isang araw nang bumisita kami ng kompanyon ko sa isang bagong binyag sa Colombo, Brazil, puno ng mga kapamilya niya ang bahay nila. Maraming tao, pero inanyayahan pa rin nila kaming magbahagi ng mensahe. Magsisimula na sana kami nang dumating ang kapatid na lalaki ng bagong binyag. Hindi siya miyembro ng Simbahan at hindi natuwa sa pagbisita namin. Tila naghahanap siya ng anumang paraan para kontrahin kami.

May isang kuwaderno siya ng lahat ng miyembro ng kanyang kongregasyon at mga sakit nila. Itinanong niya kung naniniwala kami sa kaloob na pagpapagaling. "Naniniwala po kami," tugon namin. "Kung gayon," patuloy niya, "napagaling ko ang lahat ng taong nakalista sa kuwadernong ito. Ilang tao na ba ang napagaling ninyo?"

Sinikap naming ipaliwanag ang priesthood, pananampalataya, at kung paano nangyayari ang mga bagay-bagay ayon sa kalooban ng Diyos, ngunit makaraan ang ilang sandali, nadama namin na parang nasukol kami at natuligsa.

Pagkatapos "sa sandali" (D at T 100:6) na kailangan namin ito, ibinulong ng Espiritu ang dapat naming sabihin. Ipinaliwanag ko na bagama't naniniwala kami sa pagpapagaling, ang gawain namin bilang mga misyonero ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay magdala ng espirituwal na pagpapagaling sa mga tinuruan namin, na makakamtan lamang sa pagtanggap ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa pamamagitan ng pagsampalataya, pagsisisi, pagpapabinyag sa pamamagitan ng paglulubog, pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

Kaya nga kahit naniniwala kami sa pisikal na pagpapagaling, paliwanag namin, ang pinakamahalagang pagpapagaling ay espirituwal na pagpapagaling. At ang uri ng pagpapagaling na iyon ang nakita namin araw-araw. Hindi naman mahalaga kung napagaling sa pisikal ang mga tao kung hindi sila nagsisi at nagbagong-buhay upang sundin si Cristo.

Nang patnubayan kami ng Espiritu na tumugon nang mahinahon, napawi ang tensyon sa silid, tumigil sa pakikipagtalo ang lalaki, at naibahagi namin ang aming mensahe.

Makalipas ang mga buwan, matapos akong magmisyon, nabasa ko ang pahayag na ito sa *Liahona* mula sa missionary journal ni John Tanner: "Pagbabalik-loob ang pinakadakilang himala. Mas kagila-gilalas pa ito kaysa magpagaling ng maysakit o bumuhay ng patay. Dahil samantalang ang taong napagaling ay muling magkakasakit at sa huli ay mamamatay, ang himala ng pagbabalik-loob ay maaaring magtagal magpakailanman at aapekto sa mga kawalang-hanggan sa nagbalik-loob gayundin sa kanyang mga inapo. Buong henerasyon ay napapagaling at natutubos mula sa kamatayan sa pamamagitan ng himala ng pagbabalik-loob."[1]

Nagpapasalamat ako sa Espiritu na nagpaalala sa dalawang tila nasukol na misyonero na ang aming layunin ay magligtas ng mga kaluluwa. ■

**TALA**


1. John Tanner, sinipi sa Susan W. Tanner, "Pagtulong sa mga Bagong Binyag na Manatiling Matatag," *Liahona,* Peb. 2009, 21.

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

# MAPAKUMBABANG NAKALUHOD

"Ang mapagpakumbaba at mapagtiwalang panalangin ay nagdudulot ng patnubay at kapayapaan."

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Paggamit sa Kaloob ng Langit na Panalangin," *Liahona,* Mayo 2007, 8.



*ANG MGA HANGARIN NG AKING PUSO*, NI WALTER RANE, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM


# Doktrina at mga Tipan 135:3

*Bago siya pinaslang, naisakatuparan ni Propetang Joseph Smith ang maraming bagay na nagpala sa buong sangkatauhan.*

3 Si Joseph Smith, ang [a]Propeta at [b]Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito. Sa maikling panahon ng dalawampung taon, kanyang inilabas ang Aklat ni Mormon, na kanyang isinalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos, at siya ring naging daan ng pagkakalathala nito sa dalawang lupalop; ipinadala ang [c]kabuuan ng walang hanggang ebanghelyo, na nilalaman nito, sa apat na sulok ng mundo; inilabas ang mga paghahayag at kautusang bumubuo sa aklat na ito ng Doktrina at mga Tipan, at marami pang ibang magagaling na kasulatan at mga tagubilin para sa kapakinabangan ng mga anak ng tao; tinipon ang maraming libu-libong Banal sa mga Huling Araw, nagtayo ng isang [d]malaking lunsod, at nag-iwan ng katanyagan at pangalan na hindi maaaring mapatay. Siya ay nabuhay na dakila, at siya ay namatay na dakila sa paningin ng Diyos at ng kanyang mga tao; at gaya ng karamihan sa hinirang ng Panginoon noong mga sinaunang panahon, ay tinatakan ang kanyang misyon at kanyang mga gawain ng kanyang sariling [e]dugo; at gayon din ang kanyang kapatid na si Hyrum. Sa buhay sila ay hindi nagkalayo, at sa kamatayan sila ay hindi pinaghiwalay!

### Katanyagan at Pangalang Hindi Maaaring Mapatay

"Kahit nauwi sa trahedya ang mga kaganapan noong Hunyo 27, 1844 [ang Pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith], inaliw tayo ng pagkaalam na hindi ang Pagpaslang kay Joseph Smith ang huling kabanata sa kasaysayan. Kahit ipinalagay ng mga nagtangkang pumatay sa kanya na babagsak ang Simbahan kapag nawala siya, ang makapangyarihang patotoo niya sa katotohanan, mga turong isinalin niya, at pagpapahayag ng mensahe ng Tagapagligtas ay patuloy ngayon sa puso ng mga miyembro [ng Simbahan] sa buong mundo na nagpapahayag na siya'y propeta ng Diyos."



**Pangulong Thomas S. Monson, "Si Propetang Joseph Smith: Huwarang Guro," *Liahona*, Nob. 2005, 69.**

### Kaloob at Kapangyarihan ng Diyos

Isinalin ni Joseph Smith ang Aklat ni Mormon "sa pamamagitan ng awa ng Diyos, sa kapangyarihan ng Diyos" (D at T 1:29) at "sa pamamagitan ng mga pamamaraan na inihanda noong una" (D at T 20:8), pati na ang Urim at Tummim.

### Tinatakan ang Kanyang Misyon at Kanyang mga Gawain ng Kanyang Sariling Dugo

Basahin ang mga titik sa himnong "Purihin ang Propeta" (*Mga Himno*, blg. 21) at pagkatapos ay isulat sa inyong journal ang damdamin ninyo tungkol kay Propetang Joseph Smith.

### Tagakita

Ang isang tagakita:

- Ay pinahintulutang makita sa pamamagitan ng mga matang espirituwal "ang mga bagay na hindi nakikita ng likas na mata" (tingnan sa Moises 6:35–38).
- Ay isang tagapaghayag at isang propeta (tingnan sa Mosias 8:13–16).
- Ay alam ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap.

Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tagakita," sa ilalim ng "Mga Tulong sa Pag-aaral" sa scriptures.lds .org.

### Nakagawa ng Higit Pa

"Ang gawaing ginampanan ni Joseph Smith ay hindi lamang para sa buhay na ito, subalit ito rin ay nauugnay sa buhay na darating pa lamang, at sa buhay na natapos na. Sa madaling salita, ito ay nauugnay sa mga taong nabuhay noon, sa mga taong nabubuhay sa kasalukuyan at sa mga taong mabubuhay pa sa paglisan natin sa mundong ito. Ito . . . [ay] may kaugnayan . . . sa mag-anak ng buong sangkatauhan mula sa kawalang-hanggan patungo sa kawalang-hanggan."

**Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 15.**

*Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata ng banal na kasulatan, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.*



# SAAN HAHANTONG ANG AKING MGA PASIYA?

**Ni Adam C. Olson**
Mga Magasin ng Simbahan

*Mababago ba ni Karina ang kanyang landasin kapag binago niya ang kanyang mga desisyon?*

Naglaho ang ngiti sa mukha ni Karina. Nagsimula siyang pawisan—at hindi iyon dahil sa kakaiba ang init ng panahon sa linggong iyon. Luminga-linga siya para maghanap ng tulong. Ngunit sa kabila ng dami ng tao sa open house, parang walang nakapansin na nag-iisa siya kasama ang reporter at lahat ng tanong niya.

Bago dumating ang sandaling iyon, ang 17-taong-gulang na si Karina ay masaya sa pagboboluntaryo sa Kyiv Ukraine Temple open house. Ngayon, kaharap ang reporter ng pahayagan na naghihintay, parang naumid ang dila niya.

Natakot si Karina na dahil sa mga pagkakamali niya noon na sinisikap niyang ituwid, baka hindi siya tulungan ng Diyos.

## Ang Kahahantungan ng Pagsunod sa Nakararami

Lumaki sa Simbahan, pinangarap ni Karina na makasal sa templo. Pero tulad ng maraming kabataan, gusto niya ring mapabilang.

Gusto niyang maging maganda at popular tulad ng kanyang ate. Nangarap siyang mapansin at hangaan, ngunit takot siyang mamukod-tangi at mapagtawanan. Ang kagustuhan niyang pumasok sa police academy tulad ng tatay niya ay lalo pang nagpatindi sa impluwensya sa kanya. Sa 2,000 estudyante, 70 lamang ang babae. Natuwa at nasindak siya sa atensyong nakuha niya.

Sa hangarin niyang mapabilang, nakagawa siya ng ilang pagkakamali. "Malakas ang hatak ng mundo," sabi ni Karina. "Naliligiran ako ng mga taong umiinom at naninigarilyo. Namilit sila, at bumigay ako. Nasiyahan akong mapabilang sa isang grupong walang inaalala."

Alam niyang mali ang kanyang ginawa, pero hindi niya inisip ang kahahantungan ng kanyang mga pasiya nang sumunod siya sa marami palayo sa Diyos (tingnan sa Mateo 7:13–14).

## Ang Kahulugan ng Pagpapasiyang Magbago ay Pagbabago ng Iyong mga Pasiya

Isang araw sinabi ng isang binatang gusto niya na iginagalang nito ang mga paniniwala ng kanyang simbahan.

Sa hiya na hindi niya ipinamumuhay nang mas mabuti ang mga paniniwalang iyon, sa huli ay pinag-isipan ni Karina ang landas na tinatahak niya (tingnan sa Hagai 1:5–7). Natanto niya na ang kanyang mga pasiya ay naglalayo sa kanya sa Diyos, sa pagsama ng Espiritu Santo, at sa pangarap niyang walang-hanggang pamilya.

Ang tanging paraan para mabago ang kanyang landasin ay ang baguhin ang kanyang mga pagpapasiya bawat araw.[1] Ngunit inisip niya kung napakalayo na nga ba niya sa Diyos. Huli na ba para magbago?

Nagpasiya si Karina na magsimulang magbago sa pamamagitan ng pagdarasal at pagbabasa ng mga banal

LARAWANG KUHA NI ADAM C. OLSON

na kasulatan araw-araw. Sinimulan niyang magsulat sa kanyang journal, na nakatulong sa kanya na kilalanin ang tulong ng Ama sa Langit bawat araw. Binabago niya ang paksa kung hindi na maganda ang pinag-uusapan.

Ang pinakamahirap niyang pasiya ay huwag na munang makipagkaibigan sa halip na pumili ng mga kaibigang may masamang impluwensya. Sinimulan niyang maghanap ng mga kaibigang may matataas na pamantayan.

### Ang Kahalagahan ng Pag-asa

Sa sumunod na mga buwan, pinag-alinlangan at tinakot siya ng kaaway sa bawat desisyon. Kung minsan inisip niya kung sulit ba na pagsikapang sundin ang Tagapagligtas. Parang hindi na niya maabot ang gusto niyang kahinatnan.

Ngunit nang makita niya kung paano namuhay ang kanyang mga magulang at iba pa na may malakas na patotoo, nalaman niya na may mas makapangyarihan pa kaysa pag-aalinlangan at takot—nalaman niya na dahil sa pagsisisi, may pag-asa.

"Nakita ko na posibleng mamuhay nang matwid," sabi niya. "Hindi tayo isinusumpa dahil sa ating mga pagkakamali. Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng pagkakataong magsisi at magbago ng landasin."

Ang pagtalikod sa dati niyang mga pasiya at pagsisikap na sundin ang Tagapagligtas bawat araw ay nagturo sa kanya na mapagpasensya ang Ama sa Langit. "Binigyan Niya ako ng maraming pagkakataong magbago at maging mas mabuting tao," wika niya. "Natulungan Niya ako sa mga paghihirap ko."

### Nariyan ang Tulong Kung Pipiliin Nating Sumunod

Inihanda ni Karina ang kanyang sarili at bumaling sa reporter. Masigla ang kanyang ngiti. Napakarami nang nagawa ang Ama sa Langit para sa kanya kaya alam niyang tutulungan Niya siya ngayon.

Matapos magtatanong ang reporter, ngumiti at kumaway si Karina. Ngumiti rin ang reporter at umalis na. Hindi maalala ni Karina ang karamihan sa kanyang sinabi, ngunit hindi niya malilimutan ang nadama niya, batid na ang Ama sa Langit ay laging nariyan para sa mga taong piniling sundin Siya. ■

**TALA**

1. Tingnan sa S. Monson, "Mga Landas Tungo sa Pagiging Perpekto," *Liahona,* Hulyo 2002, 111–14.



**PILIING MAGSISI**

"Kung mabibihag kayo ng kaaway dahil nagkasala kayo, ipinapaalala ko sa inyo na nasa inyo ang susi upang mabuksan sa loob ang pinto ng bilangguan. Kayo ay mahuhugasang malinis sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

"Maaaring minsan ay naiisip ninyo na hindi kayo karapat-dapat iligtas dahil nagkasala kayo, malaki man o maliit, at inaakala ninyong naligaw na kayo ng landas. Hindi iyan totoo *kailanman*! . . . *Maaaring* mapagaling ng pagsisisi ang mga dinaramdam natin, anuman iyon."

**Pangulong K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Payo sa Kabataan," *Liahona,* Nob. 2011, 18.**

# Isang **MAS MABUTING** Halimbawa

**Ni Shaneen Cloward**

Nagpasiya ang mga lider namin sa Young Women na magandang mag-overnight trip para maihanda kami sa kamping. Pinili nila ang pampang ng San Pedro River sa katimugang Arizona, USA, para mapraktisan ng aming kamping. Matapos ilatag ang mga sleeping bag, gusto namin ng iba pang mga dalagita na maglibut-libot at lumusong sa tubig. Naisip ng mga lider na dapat munang talakayin ang kaligtasan at first aid. Kaya naupo kaming lahat sa isang lilim malapit sa ilog para makinig sa turo.

Hindi madaling makinig kapag nakikita namin ang ilog na kumikislap sa sinag ng araw. Umiihip ang hangin sa mga puno ng cottonwood habang nagsasalita si Sister Brown (iniba ang mga pangalan). Narinig na namin ang turong ito noon, at hindi ko maunawaan kung bakit kailangan namin ito ngayon. Alam na namin ang lahat tungkol sa pagdiin sa sugat para maampat ang dugo, pero heto siya at sinasabi niya itong muli sa amin.

Bago nila kami pinayagang umalis, inulit ng mga lider na huwag kaming lumusong sa ilog nang walang sapatos. "Hindi ninyo alam kung ano ang naroon, at kailangan ninyong proteksyunan ang mga paa ninyo."

Pagdating ko sa gilid ng ilog, nagtatampisaw na sa tubig ang ilan sa mga dalagita. Nagkulay-brown ang tubig dahil sa putik. Wala pang isang talampakan ang lalim nito hanggang sa kabila, at hindi ako makapaniwala na mapanganib ito.

Nagpasiya akong maghubad ng sapatos. Isang pares lang ang dala ko, at wala akong makitang dahilan para basain ang mga ito at magsuot



PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

*Sana nakinig kami sa mga tagubilin ng mga lider namin, pero hindi namin inisip na angkop ang mga ito sa amin.*

ako ng basang sapatos sa maghapon. Ipinaalala sa akin ng dalawang matalik kong kaibigan, sina Martha at Elizabeth, ang sinabi ng mga lider. Hinubad ko pa rin ang sapatos ko at ipinaliwanag ang aking mga dahilan. Naghubad din ng sapatos si Martha. Mas nag-alangan si Elizabeth. Nagtampisaw ako sa tubig at nanunuyang sinabi ko, "Isuot mo kung gusto mo."

Naupo siya, naghubad ng sapatos, at patakbong lumusong sa tubig. Matapos makalimang hakbang tumigil siya, namutla, at kalmadong sinabi, "Naku." Nang iangat niya ang kanyang paa mula sa tubig. Nakita kong dumadaloy ang dugo mula sa isang hiwa. Nakatapak siya ng basag na bote.

Hindi ako makapag-isip nang makita ko ang dugo. Kahit karirinig ko pa lang ng turo tungkol sa first aid, hindi ko alam kung ano ang gagawin. Nagpasiya akong tumakbo para humingi ng tulong. Dalawang iba pa ang nag-ahon sa kanya sa tubig.


Nakita ko si Sister Brown at ikinuwento ko sa kanya ang nangyari. Akala niya nagbibiro ako. Ngunit nang makita niyang nakaupo sa daan si Elizabeth na dugo nang dugo ang paa, tumakbo siyang sumisigaw, "Diinan ninyo ang sugat!"

Unti-unti kong naalala ang turo nitong nakaraang 10 minuto bago nangyari iyon. Ang mga dalagita, na nakapalibot kay Elizabeth at minamasdan ang pagdurugo ng kanyang sugat, ay itinaas ang kanyang paa at diniinan ang sugat.

Dinala si Elizabeth sa ospital, kung saan sinabihan siya na muntik nang maputol ang kanyang paa. Maraming tahi ang kinailangan at matatagalan bago ito gumaling. Nang sumunod ko siyang makita nakasaklay na siya.

Ni minsan ay hindi ko inisip na makukumbinsi o kukumbinsihin ko ang matalik kong kaibigan na gumawa ng isang bagay na lubhang makakasakit sa kanya. Hindi ko kailanman naisip na masama akong impluwensya noon.

Ngayon ay sinisikap kong maging mas mabuting halimbawa sa mga kaibigan ko, at mas handa akong makinig sa mga lider ko. Alam nila ang sinasabi nila. ■



**MAKINIG**

"Huwag sana ninyong isipin na hindi mangyayari sa inyo ang nangyari sa iba! Huwag ninyong isipin na kailangan ninyong danasin mismo ang trahedya bago kayo matuto.

"Makinig sa mga salita ng Panginoon. Makinig sa inyong mga lider. Makinig sa inyong mga magulang. Makinig sa kabanalang nasa inyo. Higit sa lahat, makinig sa magiliw, banayad, at di-maikakailang bulong ng Espiritu na magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay."

**Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "We Want the Best for You," *New Era,* Ene. 2010, 5.**

# Isang **TUNAY** na Kaibigan



**Ni Sarah Chow**

Batay sa tunay na buhay

*"Ang iyong mga kaibigan ay nakatayo sa iyong tabi" (D at T 121:9).*

Ang maikling liham ay nakasulat sa asul na papel na may nakadrowing na mga zigzag sa mga gilid, kaya kahit na iniabot ito sa kanya ni Jeremy, alam ni Melanie na galing iyon kay Rachel. Luminga-linga si Melanie. Tapos na ang oras ng pagbabasa, at inili717ligpit na ng mga kaklase niya ang kanilang mga aklat.

Alam ni Melanie na magsisimula ang sulat sa: "Mahal kong Matalik na Kaibigan." Napangiti siya sa kanyang sarili. Magkaibigan na sila ni Rachel noon pang nasa ikalawang baitang sila. "Matalik pa rin kaming magkaibigan, kahit magkaibang-magkaiba kami," naisip ni Melanie habang binubuksan ang maikling liham.

**Mahal kong Matalik na Kaibigan,
Naninigarilyo ka ba?
—Rachel**

Nagulat si Melanie. "Lagi kaming magkasama ni Rachel," naisip niya. "Hindi ba niya alam na hindi ako naninigarilyo?"

Isinulat niya sa ibaba ng papel:

**Hindi. Palagay ko masama iyon. Bakit gusto mong malaman?
—Melanie**

Ibinalik ni Melanie ang sulat kay Jeremy. Di-nagtagal ibinalik itong muli ni Jeremy. Nabasa ni Melanie:

**Kumupit ako ng isang pakete ng sigarilyo sa bahay ng tita ko. Gusto mo bang subukan natin paglabas natin ng paaralan?
—Rachel**

Tinitigan ni Melanie ang sulat. Pagkatapos ay isinulat niya:

**Rachel! Bakit mo gustong manigarilyo? Makakasama iyon sa iyo! Alam kong gusto mong sumubok ng mga bagong bagay, pero ayaw kong makita kang nasasaktan.
—Melanie**

PAGLALARAWAN NI MATT SMITH



Sinagot ni Rachel ang sulat:

**Hindi makakasakit sa akin ang ilang sigarilyo. Baka hindi ko pa nga maubos ang buong pakete. —Rachel**

Parang maiiyak na si Melanie. Isinulat niya:

**Kaibigan kita at mahal kita. Huwag kang manigarilyo. —Melanie**

Minasdan ni Melanie si Rachel habang binabasa nito ang sulat. Ngayon parang si Rachel naman ang naiiyak. Matagal niyang hawak ang sulat. Pagkatapos ay sumulat siya. Nang makuha ni Melanie ang sulat, nabasa niya:


**Salamat. Mahal din kita. Hindi ako maninigarilyo.**

Nagpasalamat si Melanie na pinili niyang maging mabuting halimbawa. Napanatag siya na pinili ni Rachel ang tama. ■



Isang araw naroon ako sa bahay ng kaibigan ko, at may serbesa sa refrigerator nila. Uminom nang kaunti ang kaibigan ko at inalok ako. Sinabi ko sa kanya na hindi ako umiinom ng serbesa. Tinanong niya ako kung bakit, at sinabi ko sa kanya na sinabi ng Simbahan ko na hindi tayo dapat uminom niyon dahil makasasama ito sa ating katawan. Masaya ako na hindi ko ininom ang serbesa. Masaya rin ako na may Word of Wisdom tayo para manatili tayong malusog at ligtas.

**Sarah C., edad 8, Nevada, USA**





"Hindi ako makikibahagi ng anumang bagay na makasasama sa akin."

**Mga Pamantayan Ko sa Ebanghelyo**

# **Ang Ating** Pahina



Nefi H., edad 11, California, USA








## KAMI AY MAGIGING WALANG-HANGGANG PAMILYA

Nagpapasalamat ako na taglay ni Itay ang priesthood, na bininyagan niya ako, at nabuklod kami sa templo. Masaya ako dahil kami ay magiging walang-hanggang pamilya. Alam ko na buhay ang Ama sa Langit at totoo ang mga salita ng mga propeta.


**Ariana C., edad 9, Peru**




Thayná C., edad 12, Brazil



Vimean M., edad 7, Cambodia



*Templo'y Ibig Makita,* Nathan P., edad 7, Italy



Brian C., edad 7, Costa Rica




## ISANG NAPAKA-ESPESYAL NA LUGAR

Ako ay siyam na taong gulang, kaya noong una akong magpunta sa templo, naghintay ako sa labas kasama ni Itay. Naglakad-lakad kami sa paligid ng templo para tingnan ang pagkayari nito. Pumasok kami sa magandang silid-hintayan at nakadama ng kapayapaan at katiwasayan doon. Tahimik kaming nag-usap tungkol sa buhay ni Jesucristo at ng Kanyang mga Apostol noon at ngayon. Habang nakaupo ako sa tabi ni Itay, nadama ko na ang templo ay isang napaka-espesyal na lugar.


**Raphael R., edad 9, Switzerland**




*Ang Aking Walang-Hanggang Pamilya,* ni Camila T., edad 7, Guatemala



Esteban A., edad 11, Colombia



Rosteek Z., edad 4, Ukraine



# Ang mga Pagpapala ng Kasipagan

*"Ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya" (D at T 123:17).*

**Ni Elder Per G. Malm**
Ng Pitumpu



Noong bata pa ako sa Sweden, naglingkod si Itay bilang tagapayo sa ilang mission president. Kinailangan niyang magbiyahe nang maraming Sabado't Linggo dahil sa tungkuling ito. Isa siyang halimbawa ng kahalagahan ng paglilingkod sa Panginoon sa aming magkakapatid, kahit mangahulugan iyon ng pagsasakripisyo namin.

Bata pa ako ay natutuhan ko na rin ang kahalagahan ng pagtatrabaho. Tuwing tag-init nagbibisikleta ako papunta sa taniman ng strawberry ilang milya ang layo. Namimitas ako ng mga strawberry nang maraming oras bawat araw para makaipon ng pera.

Ang pamilya namin ay may isang kubo sa bukid. Walang kuryente o tubig doon, kaya kinailangan naming magsibak ng sarili naming kahoy at magsalok ng tubig sa balon. Ilang beses akong pinagtiwalaan ng magsasakang may-ari ng bukid na dalhin ang kanyang mga baka sa kamalig para gatasan sa umaga at ibalik ang mga ito. Nag-ani kami at nagsalansan ng dayami at gumamit ng mga kabayo para mahila ang malalaking bungkos ng dayami papunta sa kamalig.

Ang mga karanasan ko sa pagtatrabaho at ang halimbawa ni Itay sa paglalaan ng kanyang sarili sa gawain ng Panginoon ay nakatulong sa aking unang misyon. Noong 16 na taong gulang pa lang ako, ang tawag sa akin ay bricklayer [tagalatag ng bricks] para sa mga gusali ng Simbahan sa Sweden, Finland, Germany, at Netherlands. Tumanggap ako ng maraming espirituwal na impresyon sa aking paglilingkod. Nalaman ko na ang tapat na pagtatrabaho ay isang paraan ng paggawa ng tama at makaakma, samakatwid, sa nais ng Diyos.

Isang karangalang tumanggap ng tungkulin at iulat na nagawa mo ang lahat ng kaya mo para tapusin ito. Kapag tumanggap tayo ng mga tungkulin at ginamit ang ating oras at mga talento sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon, mararanasan at makikita natin ang mga pagpapalang laan ng Ama sa Langit para sa atin. ■

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

# Pinipili Ko ang Tama sa Pamamagitan ng **Pamumuhay ayon sa mga Alituntunin ng Ebanghelyo**


Pinakalansing ni Ramón ang mga barya sa kanyang bulsa matapos ibenta ang mga itlog ng manok sa palengke ng bayan. Naisip niya ang garapon sa bahay na lalagyan ng kanyang mga baryang ikapu. Sa Linggo ibibigay niya ang mga barya sa bishop. Masaya si Ramón. Masaya siyang makabayad ng ikapu.

Ang mga tindahan sa palengke ay puno ng mga paninda. Nakita ni Ramón ang isang makulay na kamiseta na may logo ng paborito niyang football team. Nakinita niya ang sarili na suot ang kamiseta, tumatakbo sa field, at naibuslo ang bola na nagpapanalo sa koponan. Tiningnan ni Ramón ang presyo. Mabibili niya ang kamiseta kung gagastusin niya ang lahat ng napagbentahan sa itlog pati na ang kanyang ikapu.

Napansin ni Ramón na naglaho ang saya niya. Gusto niya talaga ang kamiseta, pero alam niyang hindi gusto ng Ama sa Langit na gastusin niya ang kanyang ikapu. Naglakad na si Ramón pauwi. Nagpasiya siyang bayaran muna ang kanyang ikapu. Pagkatapos ay mas malaki ang kikitain niya sa pagbebenta ng mga itlog hanggang sa mabili niya ang kamiseta at mabayaran ang kanyang ikapu tulad ng nais ng Panginoon na gawin niya. ■

## IKAW LANG

Kapag nagbabayad tayo ng ikapu, sinusulatan natin ang isang tithing slip. Inilalagay natin ang pera at tithing slip sa loob ng isang sobre at ibinibigay ito sa isang miyembro ng bishopric o branch presidency. Malalaman ninyo kung paano sulatan ang inyong sariling tithing slip sa pagtingin sa larawan sa ibaba.




Maliban sa pagsulat ng inyong ikapu, ano pa ang maisusulat ninyo sa tithing slip? Tanungin ang isang magulang tungkol sa iba pang mga paraan na makapagbibigay kayo ng donasyon sa Simbahan.


MGA PAGLALARAWAN NI THOMAS S. CHILD

## CTR ACTIVITY: MGA PAGPAPALA NG IKAPU


Si Malakias ay isang propeta sa Lumang Tipan na nagturo na kapag nagbayad tayo ng ikapu, ang mga dungawan sa langit ay mabubuksan at ihuhulog sa atin ang mga pagpapala (tingnan sa Malakias 3:10). Bilang pamilya, pag-usapan ang mga pagpapalang natanggap ninyo sa pagsunod sa batas ng ikapu. Maglagay ng isang bean, butones, o maliit na bato sa mga bintana na kumakatawan sa mga pagpapalang tinatamasa ninyo.


Higit na pananampalataya


Mas malakas na patotoo


Tiwala sa Panginoon


Kaligayahan sa ebanghelyo


Sapat na pagkain



Ang isa sa mga paboritong gawin ni Carly sa palaruan ay scavenger hunt kasama ang kanyang mga kaibigan.



# Isang **PALARUAN** para kay CARLY

**Ni Chad E. Phares**
Mga Magasin ng Simbahan

Si Carly W. mula sa Rexburg, Idaho, USA, ay abala sa pagtulong. Sa bahay tumutulong si Carly sa pag-aalaga ng mga pusa, aso, at manok ng kanyang pamilya. Dahil isa si Carly sa pinakamagagaling na estudyante sa kanyang klase sa paaralan, tinutulungan niya ang iba pang mga bata sa matematika at pagbabasa. Sa Primary, natutulungan ng pagkanta ni Carly ang iba pang mga bata na madama ang Espiritu.

Dahil napakahusay tumulong ni Carly sa iba, nagpasiya ang ilan sa kanyang mga kaibigan na tulungan din siya.

Si Carly ay isinilang na may sakit na spina bifida. Dahil sa sakit na ito hirap si Carly na gamitin ang lahat ng kalamnan niya. Hirap siyang gawin ang mga bagay-bagay tulad ng paglalakad sa baku-bakong daan at pag-akyat ng hagdan. Sa paaralan, hindi nakapaglaro si Carly sa palaruan dahil hirap siyang gamitin ang kagamitan doon. May iba pang mga bata na hindi makalaro sa mga kagamitan sa palaruan.

"Kung minsan masama ang loob ko at malungkot kapag rises dahil hindi ako makalaro sa palaruan," sabi ni Carly.

MGA LARAWANG KUHA NI CHRISTINA SMITH



Mahilig si Carly sa musika. Kasama siya sa isang grupong kumakanta at nag-aaral siyang tumugtog ng piyano.



***Dahil yari sa goma ang sahig ng palaruan mas madali para kay Carly ang maglakad dito.***

***Mahilig sina Carly at Halli Jo (kanan) na magkasamang maglaro ng mga manyika, maglakad sa labas, at magkulay.***

Ang isa sa mga kaibigan ni Carly, si Halli Jo, at nanay nito ay nagpasiyang mag-ipon ng pera para makapagtayo ng palaruan na magagamit ni Carly at ng lahat ng iba pang estudyante sa paaralan.

Si Halli Jo, ang kanyang ina, at marami pang ibang tao ay nagsikap na makaipon ng pera para sa bagong palaruan. Nahirapan sila, pero nakapag-ipon sila ng sapat na pera para makapagtayo ng bagong palaruang mapaglalaruan ng lahat ng estudyante.

"Mahirap itong gawin," sabi ni Halli Jo. "Pero hindi ako nagreklamong gawin ito—dahil dito mas napamahal si Carly sa akin."

Masaya si Carly na makapaglaro sa palaruan kasama ang kanyang mga kaibigan. Sabi niya, "Gusto kong umakyat sa mga rampa at magpadulas. Nagkakatuwaan kaming magkakaibigan." ■



## IBA PA TUNGKOL KAY CARLY

Mahilig kumanta si Carly ng "Ang Katapangan ni Nephi" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 64).

Mahilig si Carly sa chicken strips at tinapay na may palaman.

Kumakanta si Carly saanman siya magpunta.


Madaling makipagkaibigan si Carly.



***Ang isang bagay na nakakatulong kay Carly na magbalanse ng katawan ay ang pangangabayo.***

# Ang ARAL na Natutuhan sa Little League

*"Dito ako'y may mag-anak. Kami'y nag-mamahalan. At sila'y nais kong kapiling nang walang hanggan"* (Aklat ng mga Awit Pambata, *98*).



**Ni Lindsay Stevens**

*Batay sa tunay na buhay*

"Bakit po ba kailangang narito ako? reklamo ni Lindsay.

"Kailangan mong suportahan ang kapatid mo," sabi ni Inay.

"Pero nakakainip po rito," sabi ni Lindsay. "Karaniwan nga ay hindi ko siya pinapanood."

Sumali ang nakababatang kapatid ni Lindsay na si Michael sa Little League baseball team, at isinama ni Inay si Lindsay sa bawat praktis at laro. Nainip si Lindsay buong maghapon. Habang sinisikap ni Michael na tamaan ang bola, nakinig si Lindsay sa musika, nagbasa ng mga aklat, at nagdrowing para sa kanyang nakababatang kapatid na babae.

Bumuntong-hininga si Lindsay at pinanood niya ang kapatid na nakatayo sa outfield kasama ang kanyang koponan. Pinanood niya ito habang tumatakbo para saluhin ang bola, at hindi ito nasalo, at pagkatapos ay ipinasa ito sa maling tao.

"Sige lang, Michael!" sigaw ni Inay. "Ang galing mo!"

"Pero, Inay," sabi ni Lindsay, "*hindi* po siya magaling."

"Kaya nga tayo narito, Lindsay," sabi ni Inay. "Para palakasin ang loob ni Michael, lalo na kapag pumapalya siya. Kung wala tayo rito at naramdaman ni Michael na parang hindi na niya kaya, baka hindi na siya magpursigi. Gusto ko lagi siyang magpursigi. Tulad ng gusto ko na palagi kang magpursigi sa pagdodrowing mo."

"Hindi po kailangang palakasin ang loob ko sa klase sa sining," sabi ni Lindsay. "Hindi nagpupunta roon si Michael at sumisigaw ng, 'Ang galing!' kapag tama ang paghahalo ko ng mga kulay."

"Hindi nga, pero lagi niyang pinupuri ang drowing mo kapag ipinapakita mo iyon sa amin," sabi ni Inay.

Pinag-isipan iyon ni Lindsay. Nalala niya kung paano siya inihatid ni Inay sa mga klase niya sa sining at kung minsan ay kinailangang sumama ni Michael, kahit gusto nitong makipaglaro sa mga kaibigan niya. Pinanood niya si Michael sa outfield. Nasapol ng tagapalo ng kalaban ang bola. Padiretso iyon sa kanya!

"Kaya mo 'yan, Michael!" sigaw ni Lindsay. "Masasalo mo 'yan!"

Tinakbo ni Michael ang bola at ibinuka ang kanyang glab. Nasalo niya ang bola!

Tumayo at sumigaw sina Lindsay at Inay. "Ang galing mo, Michael! Ikaw ang paborito kong kapatid na lalaki!" sigaw ni Lindsay.

"Ako lang ang kapatid mong lalaki!" sigaw ni Michael na may malaking ngiti sa mga labi.

Naupo na si Lindsay, na abot-tainga ang ngiti.

"Dapat siguro manood ako at palakasin ko ang loob ni Michael," naisip niya. "Ang panoorin siyang saluhin ang bolang iyon ang pinakamagandang nangyari sa maghapong iyon. At mukhang talagang mahalaga sa kanya na nanonood ako. Ipinagmamalaki ko siya."

"Inay, palagay ko po tama kayo," sabi ni Lindsay. "Dapat nating suportahan si Michael."

Ngumiti si Inay. "Natutuwa ako't nagbago ang isip mo."

"Sumigaw pa po tayo!" sabi ni Lindsay.

"Galingan mo, Michael!" sigaw nina Lindsay at Inay. "Kaya mo 'yan!" ■



PAGLALARAWAN NI SHAWNA J. C. TENNEY


"Palakasin ang ugnayan ninyong magkakapatid. Maaari silang maging pinakamatatalik ninyong kaibigan. Suportahan ninyo sila sa kanilang mga interes sa buhay, at tulungan sila sa mga problemang maaaring kinakaharap nila."

***Para sa Lakas ng mga Kabataan,* 15.**


# Ang Pagbabasbas kay Dana

**Ni Jane McBride Choate**
Batay sa tunay na buhay


1. Si Dana ay isinilang na may butas sa kanyang mga labi at sa loob ng kanyang bibig. Nakaapat na operasyon na siya para maayos iyon. Ngayon ay makikipagkita si Dana at ang kanyang mga magulang sa doktor para pag-usapan ang isa pang operasyon.




2. Nag-alala si Dana sa mangyayari pagkatapos ng operasyon.




3. Sa gabi bago ang operasyon, binigyan siya ng basbas ng priesthood ng kanyang tatay at tiyuhin. Si Tito Hyrum ang nagpahid ng inilaang langis kay Dana. Pagkatapos ay si Itay ang nagbabasbas.




MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT PECK

4. Kinabukasan dinala nina Inay at Itay si Dana sa ospital.





5. Dumating ang nars para dalhin si Dana sa operating room. Niyakap ni Dana si Inay.




6. Pagkatapos ng operasyon maayos na si Dana. Natutuwa siya na nabigyan siya ng espesyal na basbas ni Itay para mas bumuti ang kanyang pakiramdam.








## HANDANG MAGPABASBAS

Ni Hilary M. Hendricks

Sa isang basbas ng priesthood nagpapakita tayo ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagpipitagan tulad ng ginagawa natin kapag nagdarasal tayo. Bilugan ang mga larawang nagpapakita ng mabubuting bagay na gagawin sa oras ng basbas.









## PANAHON PARA MAGPABASBAS

Ni Hilary M. Hendricks

Maraming uri ng basbas ng priesthood. Maaaring pinangalanan kayo at nabasbasan noong sanggol pa kayo. Maaari kayong magpabasbas kapag kayo ay maysakit, nasaktan, nalulungkot, o natatakot. Maraming batang tumatanggap ng basbas ng priesthood bago magbukas ang klase bawat taon.

Tingnan ang mga larawang ito. Sa palagay ninyo, bakit binasbasan ng priesthood ang mga batang ito?







KALIWA: MGA PAGLALARAWAN NI JULIE YOUNG




**Pinipili ko ang tama sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo.**
"Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila" (1 Nephi 3:7).

KANAN: PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

# Mga Balita sa Simbahan

*Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.*

## Ini-release ang Website ng Simbahan tungkol sa mga Kapansanan sa Siyam pang Wika

**Ni Melissa Merrill**
Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Nang unang ilunsad ang lds.org/disability noong 2007 sa wikang Ingles, pinagsama-sama nito ang mga impormasyong matatagpuan sa mga hanbuk, manwal, at iba pang mga website, upang mas madali nang ma-access ang mga tulong at ideya sa iisang lugar.

Ngayon, sa taong 2012, ang mga sangguniang iyon (na kinabibilangan ng impormasyon tungkol sa 10 magkakaibang kategorya ng mga kapansanan at iba't ibang tulong) ay mababasa na rin sa siyam pang wika: Chinese, French, German, Italian, Japanese, Korean, Portuguese, Russian, at Spanish.

Itong pinakahuling paglulunsad ay tutulong sa mga pamilyang gaya ng mga Varin ng Paris, France. Sina Raymond at Isabelle Varin ay may isang anak na lalaki, si Jérôme, nang isilang ang kanilang ikalawang anak na si Jérémy, na may Down syndrome. Bagaman ang kinalabasan ng pagsusuri kay Jérémy ay lubhang ikinagulat ng kanyang mga magulang—kakaunti ang alam nila noon tungkol sa Down syndrome—karamihan sa mga karanasan ng pamilya Varin tungkol sa kapansanan ni Jérémy ay positibo naman. Sinabi ni Brother Varin na maraming taong nagmamahal kay Jérémy, na ayon sa kanya ay talagang napakabait ng mga miyembro ng Simbahan na nakapalibot at nagpapakita ng pagmamahal at pagpapahalaga sa kanya.

Naniniwala siya na makatutulong ang website sa pagkakaroon ng gayong mga pag-uugali. "Matutulungan nito ang mga lider at guro ng Simbahan na maunawaan ang mga kapansanan at kung paano aakma at haharap sa gayong mga sitwasyon," sabi niya.

Ngunit ang site ay mahalaga rin sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya, sabi niya—hindi lamang para magbigay ng kaalaman kundi para pagmulan din ng panghihikayat.

"Ang site na ito ay mahalaga sa mga pamilya na may miyembrong may kapansanan dahil sa suportang alok nito," sabi niya. "Binibigyan ka nito ng pananaw sa karanasan at patotoo ng iba, na maaaring magdulot ng mas positibong pananaw sa hinaharap. Sa lahat ng kadahilanang ito mahalagang makuha ang impormasyong ito sa iba't ibang wika."

Sumang-ayon si Elder Keith R. Edwards ng Pitumpu, na nagpapayo sa Disability Services para sa Simbahan.

"Malalaman ng mga miyembrong may kapansanan, ng kanilang mga pamilya, at mga caregiver na nagtutulungtulong tayo para sa iisang layunin—'ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao'—at




***Magkakaroon ng Site ng Simbahan para sa mga May Kapansanan sa 2012 sa 10 wika: Chinese, English, French, German, Italian, Japanese, Korean (ipinakita rito), Portuguese, Russian, at Spanish.***

kailangan sa layuning iyan na tayo ay may 'isang puso at isang isipan,'" sabi ni Elder Edwards (tingnan sa Moises 1:39; 7:18). "Malalaman at mauunawaan ng mga tao kung saan sila makahihingi ng tulong at kikilalanin na kapag ang Simbahan ng Panginoon ay kumikilos na gaya ng nararapat, walang sinumang makikibaka sa mga pagsubok nang mag-isa."

Natuklasan ni Fatima Alves ng Portugal, na maysakit na spina bifida, na natulungan siya ng website na malaman na: hindi siya nag-iisa.

"Mahalaga para sa akin na may website ang Simbahan upang tulungan ang mga taong may mga kapansanan para madama nating nagkakaisa tayo bilang mga miyembro ng Simbahan. Malaking tulong ang malaman na nagmamalasakit ang Simbahan at nais nitong tulungan at suportahan ang mga taong espesyal ang sitwasyon," sabi niya.

Ang pag-release ng site na ito ay isa sa ilang pagsisikap ng Simbahan na matulungan ang lahat ng miyembro ng Simbahan, sabi ni Elder Edwards.

"Bahagi ng ating 'atas' mula sa Panginoon ang ihatid ang ebanghelyo sa lahat sa paraang mauunawaan nila ito at makikinabang sila rito nang husto," sabi ni Elder Edwards. "Nais naming hindi makaligtaan ang sinuman sa mga anak ng Panginoon sa pagbibigay ng mga makabuluhang oportunidad sa ebanghelyo.

"Hindi lamang tutulungan ng website ang indibiduwal kundi dinisenyo rin ito upang tulungan ang mga lider na malaman kung paano tutulong o saan sila makahihingi ng tulong sa paglilingkod sa mga miyembrong may mga kapansanan," pagpapatuloy niya.

Mangyari pa, hindi nilayon na palitan ng website ang indibiduwal at personal na pakikipag-ugnayan ng mga miyembro ng Simbahan.

"Sa paglipas ng mga taon iba-iba ang antas ng ating tagumpay sa pakikitungo sa mga may espesyal na pangangailangan sa Simbahan," sabi ni Elder Edwards. "Malaking tagumpay ang naging resulta nang magpasiya ang mga tao sa kanilang sarili na gumawa ng kaibhan. Ang susi sa pagtulong sa lahat—may kapansanan man sila o wala—ay ang mahalin sila at hangarin ang patnubay ng Espiritu sa pagtulong sa kanila.

"Tayong lahat ay inutusang mahalin ang ating kapwa gaya ng ating sarili (tingnan sa Mateo 19:19). Ang Simbahan ay naglalaan lamang ng iba pang paraan ng pag-alalay sa pagtulong sa atin na makaunawa at magtagumpay sa hangarin nating tumulong sa gawain ng Panginoon." ■

Sa lahat ng wikang mababasa ang site, makikita rito ang ilang tampok na bahagi:

**Listahan ng mga Kapansanan:** Sa bahaging ito ng site makikita ang partikular na impormasyon tungkol sa kapansanan sa 10 kategorya at may mga ideyang iniaalok kung paano tulungan ang tao sa bawat kapansanan.


**Mga Pamilya:** Ang bahaging ito ng website, na kinabibilangan ng impormasyong iniakma sa mga miyembro ng pamilya na may mga anak na may kapansanan, ay may mga mungkahi para mapalakas ang mga pamilya.

**Mga Tanong at mga Sagot:** Dito mahahanap ng mga mambabasa ang mga sagot sa mga tanong sa apat na kategorya: paano-gawin, mga doktrina at patakaran, mga sanggunian, at estadistika.

**General Information:** Nasa bahaging ito ang buod ng site at itinuturo na kahit kung minsan ay negatibo ang reaksiyon ng mga tao sa mga kapansanan, ang pagkaalam tungkol sa sitwasyon ng isang tao ay maaaring makaragdag sa pag-unawa at pagtanggap.

**Mga Lider at Guro:** Ipinaaalala ng bahaging ito sa mga lider at guro ang mga bagay na dapat tandaan kapag nakikitungo sa mga miyembrong may mga kapansanan.

**Mga Banal na Kasulatan at mga Sipi:** Ang koleksyong ito ng mga banal na kasulatan at mga pahayag ng mga propeta ay nilayong pagmulan ng panghihikayat, kapanatagan, at pag-asa para sa mga taong mahirap ang sitwasyon.




## Tampok sa prophets.LDS.org ang mga Bagong Talambuhay ng Buhay na mga Apostol

Sinimulang ilathala ang mga bagong talambuhay ng mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Pebrero sa prophets.lds.org, sa ilalim ng bahaging pinamagatang "Meet today's prophets and apostles." Nasa site na ang mga talambuhay ng mga miyembro ng Unang Panguluhan noon pang Oktubre 2011. Ang mga talambuhay ay isasalin sa maraming wika sa buong taon kapag maaari nang gawin ito. Karamihan sa impormasyon ay inilathala na noon sa *Liahona* sa maraming wika.

"Ang pagkaalam tungkol sa kanilang pagkabata, noong estudyante pa sila, buhay-pamilya, at trabaho nila bago natawag na maging apostol ay makatutulong upang makita natin ang kamay ng Panginoon sa kanilang buhay at magsisilbing isa pang saksi kung paano Niya tinatawag at tinutulungan ang mga karaniwang lalaki at babae na maglingkod sa kaharian," sabi ni Elder Paul B. Pieper ng Pitumpu. Kabilang sa mga talambuhay ang impormasyon at mga kuwento sa buhay ng bawat lider, ngunit higit sa lahat, ipakikita ng mga ito kung paano sila inihanda ng Panginoon na maglingkod. ■

# Ang Notebook ng Kumperensya ay Nagbibigay ng Ideya sa mga Mambabasa tungkol sa mga Tampok na Bahagi sa Kumperensya

Isang bago at regular na bahagi ng mga magasing *Liahona* at *Ensign*—ang Notebook ng Kumperensya—ang tutulong sa mga mambabasa na pag-aralan at ipamuhay ang mga turo mula sa pinakahuling mga mensahe sa kumperensya na ibinigay ng mga buhay na propeta at apostol ngayon.

Sinimulan noong Enero 2012, ang bahagi ay lilitaw sa walong isyu sa buong taon—na may isang notebook para sa bawat buwan maliban sa mga isyu sa Mayo, Hunyo, Nobyembre, at Disyembre. Itatampok sa Mayo at Nobyembre ang mga mensahe mismo sa kumperensya.

Bukod pa sa isasamang maiikling buod, makukulay na paglalarawan, mga tip sa pag-aaral, at kaugnay na mga banal na kasulatan, itatampok sa Notebook ng Kumperensya ang mga simpleng aktibidad. Isasama rin dito ang mga kuwento ng mga miyembro o mga tanong sa ebanghelyo na nasagot ng mga mensahe sa kumperensya.

Bagaman ang ilang tampok na bahagi sa Notebook ng Kumperensya ay nilayong ipaalala sa mga mambabasa ang ibinigay na mga mensahe sa pinakahuling mga pangkalahatang kumperensya, matutulungan ng iba pang tampok na bahagi ang mga mambabasa na makapaghanda para sa darating na mga sesyon ng kumperensya.

Bawat bahagi ng Notebook ng Kumperensya ay isa hanggang apat na pahina ang haba at magiging kapalit ng regular na bahaging Maliliit at mga Karaniwang Bagay ng mga magasing *Liahona* at *Ensign*. ■

***Ang bagong Notebook ng Kumperensya na bahagi ng* Liahona *at* Ensign *ay tumutulong sa mga mambabasa na maalala ang mga tampok na bahagi sa kumperensya sa mga buwang kasunod ng pangkalahatang kumperensya.***



# Pinulong ni Elder Nelson ang mga Banal sa Central America

**Ni Jose Peña**
Manunulat sa *Liahona*

Noong Enero, habang gumaganap sa tungkuling iniatas ng Unang Panguluhan, naglakbay si Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol patungong Central America upang magbigay ng training sa mga lider ng priesthood at turuan ang mga miyembro doon.

## El Salvador

Noong araw ng Sabado, Enero 14, pinulong ni Elder Nelson ang mga lider ng priesthood mula sa iba't ibang dako ng El Salvador sa isang meetinghouse sa bakuran ng San Salvador El Salvador Temple. Sinamahan siya nina Elder L. Whitney Clayton ng Panguluhan ng Pitumpu; Elder Enrique R. Falabella ng Pitumpu, Pangulo ng Central America Area; Elder Carlos Rivas, Area Seventy; Walter Ray Petersen, temple president; at David L. Glazier, pangulo ng El Salvador San Salvador Mission.

Tinuruan ni Elder Nelson ang mga lider tungkol sa paglilingkod at kahalagahan ng pagiging mga pastol sa Israel. Binigyang-diin niya ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagsisilbi ng Espiritu Santo bilang gabay sa tuwina. Nagsalita rin siya tungkol sa pagpapalang dulot ng bagong LDS edition ng Biblia sa Spanish.

Kinabukasan, kasama ang asawa niyang si Wendy at si Elder Rivas, nangulo si Elder Nelson sa San Salvador El Salvador La Libertad Stake conference.

Sa kanyang mensahe, binasbasan ni Elder Nelson bilang apostol ang mga miyembro at lider ng El Salvador na namumuhay ayon sa ebanghelyo at tapat sa kanilang mga tipan.

## Nicaragua

Pagkatapos, noong Enero 18, 2012, pinulong ni Elder Nelson ang mga miyembro sa Nicaragua, kasama sina Elder Enrique R. Falabella at Elder James B. Martino, kapwa miyembro ng Pitumpu.

Hinikayat niya ang mga miyembro na dagdagan ang kanilang kabanalan at patuloy na gawin ang kanilang mga talaan sa family history. "Ipinapangako ko sa inyo na kapag handa kayo, gagawin ng Panginoon ang Kanyang bahagi para magkaroon kayo ng templo," sabi niya.

Dapat tayong magkaroon ng mga katangiang tulad ng sa Tagapagligtas, sabi ni Elder Nelson, simula sa pagmamahal.

"Matututo tayong magmahal sa pamamagitan ng paglilingkod," sabi niya. "Ang isa pang katangian ay ang pagtuunan ng pansin ang mga ordenansa: ang binyag at ang sakramento. May kaugnayan ang mga ito sa Pagkapako sa Krus ng Tagapagligtas."


Ang iba pang mga ugaling sinabi ni Elder Nelson na dapat taglayin ng mga miyembro ay ang magdasal na tulad ng ginawang pagdarasal ng Tagapagligtas at magkaroon ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan. "Basahin ang mga banal na kasulatan sa inyong mga anak, matutong mahalin ang [mga banal na kasulatan], at tinitiyak ko sa inyo, makadarama kayo ng kagalakan kapag ipinamuhay ninyo [ang inyong natutuhan]," sabi niya.

Sa huli sinabi ni Elder Nelson, "Maging matiyaga; magtiyaga hanggang wakas. Higit ang dusang dinanas ni Jesucristo kaysa kaninuman at hindi Siya sumuko. Nagtiwala Siya sa Kanyang Ama hanggang sa huli. Alalahanin ito kapag nahaharap kayo sa mga hamon ng buhay."

Sa pagtatapos, nagpasalamat si Elder Nelson sa pananampalataya, katapatan, at mga ikapu at handog ng mga miyembro sa Nicaragua, at nagpatotoo tungkol sa Pagbabayad-sala.

"Ang Pagkabuhay na Mag-uli ng ating Panginoon ay nagbibigay sa atin ng katiyakan at nagbubukas ng pintuan tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, kung magtitiis tayo hanggang wakas," sabi niya.

*Para makita ang iba pa tungkol sa mga lider ng Simbahan, kanilang mga turo, at kanilang paglilingkod, bisitahin ang news.lds.org at prophets.lds.org.* ■



***Habang binibisita ang mga miyembro sa El Salvador at Nicaragua, pinuri ni Elder Russell M. Nelson ang mga namumuhay ayon sa ebanghelyo at tapat sa kanilang mga tipan.***

# TUNGKOL SA WEB

### Tinutulungan ng Pinahusay na Site ang mga Kabataang Lalaki na Matapos ang Kanilang Tungkulin sa Diyos

Ang website ng Tungkulin sa Diyos (DutytoGod.lds.org) ay na-update na at isa na ngayong interactive online tool na mas epektibong tumutulong sa mga kabataang lalaki na gawin, subaybayan, at i-save ang kanilang pag-unlad sa programang Tungkulin sa Diyos.

Maaari na ngayong makita ng mga deacon, teacher, at priest ang buong buklet na *Pagtupad ng Aking Tungkulin sa Diyos: Para sa mga Mayhawak ng Aaronic Priesthood* online sa 50 wika, at sa pag-sign in gamit ang kanilang LDS Account, maaari silang gumawa ng mga journal entry upang masubaybayan ang kanilang pagsulong sa pamamagitan ng programa. Kasama rin sa kumpletong online booklet ang lahat ng aktibidad sa pagkatuto at link sa mga banal na kasulatan at iba pang mga sanggunian.

### Lalawakan ng Site para sa mga Kabataan ang mga Handog na Libreng Musika

Nilalawakan ng bahaging musika ng youth.lds.org ang mga alok nitong libre at maaaring i-download na musika na may mga tugtugin ng mas makabagong mga artist mula sa dating media na Especially for Youth (EFY). Ang pagdaragdag ay nagsimula noong Pebrero, at 30 awitin ang idaragdag nang paisa-isa bawat linggo.

Ang site ay makukuha sa English, Portuguese, at Spanish, at ipinaplano nang maglaan ng mas marami pang awitin sa Portuguese at Spanish. Sa ngayon, isang awitin sa site—ang "Strong and Courageous" ni Jenny Phillips—ang makukuha na sa Portuguese at Spanish. ■

# ANG SIMBAHAN SA IBA'T IBANG DAKO




LARAWANG KUHA NI MICHELLE SÁ, MACAPÁ BRAZIL AMAPÁ DISTRICT PUBLIC AFFAIRS

***Limampung boluntaryong Mormon Helping Hands ang kumilos noong Sabado, Enero 21, 2012, para linisin, bunutan ng mga damo, at muling pasiglahin ang paaralan ng estado na Maria Ivone de Menezes sa Macapá, Brazil.***

### Muling Pinasigla ng Mormon Helping Hands ang Paaralan ng Estado sa Macapá, Brazil

Tinatayang 50 boluntaryong Mormon Helping Hands—kabilang na ang mga miyembro ng Simbahan, kanilang mga kaibigan, at mga Latter-day Saint missionary—ang kumilos noong Sabado, Enero 21, 2012, upang tumulong sa paglilinis, pagbubunot ng damo, at iba pang gawain na muling nagpasigla sa Maria Ivone de Menezes, isang paaralan ng estado sa Macapá, Brazil.

Ang aktibidad, na pinag-ugnay-ugnay ng lupon ng paaralan at inorganisa ng public affairs director ng Macapá Brazil Amapá District na si Kleber Sainz, ay umagaw ng pansin at kinunan ng ilang lokal na media outlet. Tumulong ang direktor ng paaralan na si Adelia Danin sa proyekto. "Tuwang-tuwa kami sa malaking kontribusyong ibinigay sa amin [ng Simbahan]," sabi niya. "Mananatili iyon sa aming alaala."

### Inilathala ang Bagong Triple Combination sa Wikang Russian

Isang bagong edisyon ng triple combination ng mga banal na kasulatan na tampok ang Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas na pinagsama-sama sa isang aklat ang mabibili na ngayon sa wikang Russian.

Ang bagong aklat ay mabibili na sa mga lokal na distribution center ng Simbahan, mula sa store.lds.org, online sa scriptures.lds.org, at sa Gospel Library mobile application. Dahil sa edisyong ito umabot na sa 44 na wika ang pagkalathala ng triple combination.

*Para mabasa ang iba pa tungkol dito at iba pang mga kuwento, bisitahin ang news.lds.org.* ■

# KOMENTARYO

### Sa Wikang Ginamit sa Atin ng Ating mga Ina

Nagpapasalamat ako sa artikulong "Sa Bawat Wika at Tao" ni Lia McClanahan sa Oktubre 2011 na *Liahona.* Ipinaalala nito sa akin na napakalaking pagpapala ang mapag-aralan ang mga salita ng Diyos sa wikang ginamit sa atin ng ating mga ina. Ang artikulong ito ay nagbigay rin sa akin ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo at ang aking pagmamahal sa Aklat ni Mormon sa mahal kong kaibigan sa Slovenia. Salamat po!

**Alan Embree, Italy**

### Lakas sa Gitna ng mga Pagsubok sa Akin

Sa gitna ng mga pagsubok sa akin, nakatagpo ako ng lakas sa mga patotoo, karanasan, at mensaheng nababasa ko sa *Liahona.* Bawat buwan pagkatanggap namin sa magasin, binabasa naming mag-asawa ang Mensahe ng Unang Panguluhan para sa family home evening. Nagbabahaginan kami ng mga kuru-kuro at ng natutuhan namin. Alam kong mahal ako ng Ama sa Langit. Sinasagot Niya ang aking mga panalangin. Alam kong pinakikinggan Niya ako.

**Martita de Hernandez, El Salvador**

*Mangyaring ipadala ang inyong feedback o mga mungkahi sa liahona@ldschurch.org. Ang mga isinumite ay maaaring i-edit para umakma ang haba o mas luminaw pa.* ■

# MGA IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

*Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Ang mga sumusunod ay ilang halimbawa.*

**"Ang Pag-aayuno ay Pinalalakas Tayo sa Espirituwal at Temporal,"** pahina 10: Basahin ang artikulo, na ibinabahagi ang mga puntong inilarawan sa ikalawang pahina. Ituro na ang pag-aayuno ay higit pa sa hindi pagkain—dapat itong samahan ng panalangin, pagpapatotoo, at mga handog-ayuno. Maaari mong tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung paano sila pinagpala ng pag-aayuno. Isipin ding ibahagi ang kuwento sa Lumang Tipan na matatagpuan sa Esther 4.

**"Pagtalima sa mga Pahiwatig,"** pahina 20: Basahin o ibuod ang sidebar na "Walong Layunin ng Paghahayag." Pagkatapos ay isa-isang basahin ang mga kuwento sa artikulo at talakayin ang layunin ng paghahayag sa kuwento. Hikayatin ang mga miyembro ng pamilya na big-yang-pansin sa linggong ito kung kailan at paano nila nadama ang Espiritu. Maaari kang mag-follow up sa susunod na linggo upang talakayin ang kanilang natutuhan.

**"Saan Hahantong ang Aking mga Pasiya?"** pahina 56: Basahin o ibuod ang kuwento; pagkatapos ay basahin ang sipi ni Pangulong Boyd K. Packer. Paalalahanan ang mga miyembro ng pamilya na kapag nakagawa sila ng pagkakamali, maaari silang magpasiyang magbago.

**"Ang Aral na Natutuhan sa Little League,"** pahina 68: Maaari kayong magsimula sa pagkanta ng "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 98). Basahin ang kuwento bilang isang pamilya. Bakit mahalagang magpakita tayo ng suporta sa mga miyembro ng ating pamilya? Paano higit na masusuportahan ng inyong pamilya ang isa't isa? ■

### Pagmamahal at Liwanag sa Family Home Evening

Noong bagong binyag ako at nakatira sa Colombia, inimbitahan ako ng isang napakaespesyal na pamilya sa aking ward sa family home evening. Iyon ang una kong pagdalo sa home evening, at nagulat ako sa pagmamahal at pananampalatayang nadama ko roon.

Nang magkatipon na ang lahat, nagdasal kami at pagkatapos ay ibinahagi namin ang aming nagawa sa nakalipas na linggo. Matapos mag-usap-usap, nagkaroon kami ng aktibidad.

Habang patay ang mga ilaw, sumulat kami ng mga kataga sa de-kolor na mga pusong papel. Nang matapos kaming lahat, sinindihan namin ang mga ilaw at ipinakita ang isinulat namin. Ang ilan ay di-gaanong maganda ang nagawa, ang sa iba ay pangit talaga, at ang ibang katulad ko ay nahirapan namang magsulat; palagay ko, ako ang pinakapangit ang sulat sa lahat. Mangyari pa, napakalinaw ng aral: kapag wala tayong liwanag ng ebanghelyo sa ating buhay, lahat ay mukhang madilim, magulo, at mahirap.

Naantig akong mabuti ng aral na ito. At sa paglipas ng mga taon simula noon, sinikap ko nang tiyakin na tinatahak ko sa buhay ang landas na may tanglaw ng ebanghelyo lalo na upang maging halimbawa ako sa aking mga anak. ■

**Dina del Pilar Maestre, California, USA**

# ISANG MALAKAS NA TINIG, ISANG MAHINANG TINIG

**Ni Kristin Boyce**

Ilang linggo pa lang ako sa misyon nang magising ako sa hatinggabi dahil sa dumadagundong na tunog. Nagsimula iyon sa malayo at palakas nang palakas habang papalapit. Di-nagtagal yumanig na ang buong bahay namin. Mabilis ding huminto ang pagyanig, at naglaho ang dagundong. Mabuti na lang at sinabihan ako ng kompanyon ko na karaniwan na ang mga lindol. Yamang tila maayos na ang lahat, humiga ako at di-nagtagal ay natulog na ako.

Ilang linggo matapos ang paggising kong iyon sa hatinggabi, narinig kong pinag-uusapan ng mga tao ang lindol nang umagang iyon. Inisip ko kung ano ang nangyayari sa kanila, dahil wala naman akong narinig o naramdamang anuman. Lito, sa huli ay itinanong ko kung kailan nangyari ang "lindol." Nang mapagtanto ko na nag-eehersisyo ako o naliligo nang mangyari iyon, hindi ako makapaniwala na nangyari nga iyon. Ginising ako ng unang lindol, kaya tiyak ko na kung muling lumindol na gising ako, naramdaman ko sana iyon.

Ngunit una pa lang ito sa maraming inakalang paglindol. Hindi ko naramdaman ang mga iyon kahit kailan, kaya inisip ko na baka hindi alam ng tao kung ano ang lindol.

Makaraan ang walong buwan ng palagay ko ay kunwaring mga paglindol, huminto sa kalagitnaan ng pagsasalita ang guro namin sa Sunday School at sinabing, "Naramdaman ba ninyo iyon? Lumindol." Tumango ang lahat—maliban sa akin. Hindi ko maunawaan. Walang malakas na ingay o dagundong.



*Paano mararamdaman ng iba ang mga lindol samantalang hindi ko ito naramdaman? Higit pa sa seismology ang itinuro sa akin ng sagot.*

Hindi umuga ang upuan ko. Hindi yumanig ang mga dingding. Paano magkakaroon ng lindol?


Pagkatapos ay sinikap kong alalahanin ang nadama ko nang sabihin ng guro na lumilindol. Nahilo ako nang bahagyang-bahagya—halos parang umikot lang ako. Iyon kayang bahagyang pagkahilong iyon ay dulot ng lindol?

Dahil sa guro ko, naramdaman ko na at nalaman na ang mga inakalang paglindol ay totoo. Natanto ko na hindi ko nadama ang mga iyon noong nag-eehersisyo ako o naliligo o natutulog dahil bahagya lang ang pagyanig. Ngunit unti-unti kong mas naramdaman ang pagkahilo o marahang pag-uga, at naunawaan ko na katibayan ito ng lindol.

Kalaunan sa aking misyon, nagkaroon ako ng bagong kompanyon. Isang araw habang nagtuturo kami, sinabi ng isang babae, "Ay, lumilindol," at sumang-ayon ako. Tumingin sa amin ang kompanyon ko na para bang nababaliw kami. Gayunman itinuro ko ang kaunting pag-ugoy ng nakabiting lampara at tiniyak sa kanya na balang-araw ay madarama niya rin ang marahang pagyanig ng lupa.

Nagpapasalamat ako na naturuan ako ng mga lindol na kilalanin ang Espiritu. May mga pagkakataon na hindi maikakaila ang Espiritu, isang malakas na tinig na tumatagos sa ating kaluluwa. Subalit kadalasan, ang Espiritu ay isang marahang bulong, isang bagong kaisipan, impresyon, payapang damdamin tungkol sa isang bagay na gagawin o sasabihin (tingnan sa Helaman 5:30). Kung ang napapansin lang natin ay ang malakas na pagyanig sa kaluluwa, hindi natin madarama ang magigiliw na pahiwatig ng Espiritu. Kailangan natin ang iba kung minsan para matukoy ang mga ipinadarama ng Espiritu upang makatuon tayo at maihanda ang ating pandama. Kapag ginawa natin ito, makakahiwatig tayo at mamamangha. ■


LARAWANG KUHA NI DAVID STOKER



Maralitang mga Zoramita



Si Alma at ang mga misyonero



Zoramita

**Ang mga Zoramita at ang Ramiumptum**
Alma 31–32; 35

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M. WHITTAKER

Sa taong ito maraming isyu ng *Liahona* ang maglalaman ng isang set ng mga larawang may kaugnayan sa Aklat ni Mormon. Para tumibay at madaling gamitin ang mga ito, gupitin at idikit o iteyp ang mga ito sa karton, makapal na papel, maliit na sako, o patpat. Ilagay ang bawat set sa isang envelope o supot, at isulat dito kung saan hahanapin ang kuwento sa banal na kasulatan na may kaugnayan sa mga larawan.



*“Ang* awtoridad *sa priesthood ay nagmumula sa ordinasyon;” pagsulat ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, “ang* kapangyarihan *sa priesthood ay nagmumula sa tapat at masunuring pagtupad sa mga tipan. Ito ay napalalakas ng pamumuhay at paggamit ng priesthood sa kabutihan.”* *Tingnan sa “Ang Karangalan at Kaayusan ng Priesthood,” pahina 28.*

TAGALOG
4 02104 86893 5